PEAC
PRIVATE EDUCATION ASSISTANCE COMMITTEE
Trustee of the Fund for Assistance to Private Education

DepED
DEPARTMENT OF EDUCATION

2017

# LEARNING MODULE

**Araling Panlipunan** G8 | Q1

# Heograpiya at Sinaunang Kabihasnan sa Daigdig



PEAC
PRIVATE EDUCATION ASSISTANCE COMMITTEE
Trustee of the Fund for Assistance to Private Education

PEAC National Secretariat
Units 2505-2507, 25th Floor Philippine AXA Life Centre
1286 Sen. Gil Puyat Avenue corner Tindalo St., Makati City
Tel No.: (02) 8-570-7322
Fax No.: (02) 8-511-7695

# NOTICE TO THE SCHOOLS

This learning module (LM) was developed by the Private Education Assistance Committee under the GASTPE Program of the Department of Education. The learning modules were written by the PEAC Junior High School (JHS) Trainers and were used as exemplars either as a sample for presentation or for workshop purposes in the JHS In-Service Training (INSET) program for teachers in private schools.

The LM is designed for online learning and can also be used for blended learning and remote learning modalities. The year indicated on the cover of this LM refers to the year when the LM was used as an exemplar in the JHS INSET and the year it was written or revised. For instance, 2017 means the LM was written in SY 2016-2017 and was used in the 2017 Summer JHS INSET. The quarter indicated on the cover refers to the quarter of the current curriculum guide at the time the LM was written. The most recently revised LMs were in 2018 and 2019.

The LM is also designed such that it encourages independent and self-regulated learning among the students and develops their 21st century skills. It is written in such a way that the teacher is communicating directly to the learner. Participants in the JHS INSET are trained how to unpack the standards and competencies from the K-12 curriculum guides to identify desired results and design standards-based assessment and instruction. Hence, the teachers are trained how to write their own standards-based learning plan.

The parts or stages of this LM include Explore, Firm Up, Deepen and Transfer. It is possible that some links or online resources in some parts of this LM may no longer be available, thus, teachers are urged to provide alternative learning resources or reading materials they deem fit for their students which are aligned with the standards and competencies. Teachers are encouraged to write their own standards-based learning plan or learning module with respect to attainment of their school’s vision and mission.

The learning modules developed by PEAC are aligned with the K to 12 Basic Education Curriculum of the Department of Education. Public school teachers may also download and use the learning modules.

Schools, teachers and students may reproduce the LM so long as such reproduction is limited to (i) non-commercial, non-profit educational purposes; and to (ii) personal use or a limited audience under the doctrine of fair use (Section 185, IP Code). They may also share copies of the LM and customize the learning activities as they see fit so long as these are done for non-commercial, non-profit educational purposes and limited to personal use or to a limited audience and fall within the limits of fair use. This document is password-protected to prevent unauthorized processing such as copying and pasting.

ARALING PANLIPUNAN 8

# Modyul 1: Heograpiya At Mga Sinaunang Kabihasnan Sa Daigdig

## ARALIN 1: HEOGRAPIYA NG DAIGDIG

### ☑ Panimula at mga Pokus na Tanong

Minsan ba ay naiisip mo na may iba pang planeta bukod sa daigdig na maaaring mabuhay ang tao at iba pang nilalang? Kung mayroon, ano-ano kaya ang mga pisikal na katangian nito? May pagkakatulad ba ito sa ating kasalukuyang daigdig? Bagamat may mga pagsisikap na makatuklas ng bagong tirahan ng tao, higit na mahalaga sa kasalukuyan ang mapangalagaan ng tao ang kaniyang nag-iisang daigdig.

Sa modyul na ito, pagtuunan ng pansin ang katangiang pisikal ng daigdig at ang interaksyon ng tao sa kaniyang kapaligiran. Mahalagang maunawaan mo ang mga nabanggit na konsepto upang maipakita ang pangangalaga at pagpapahalaga sa ating daigdig. Sa pagtatapos ng modyul na ito, inaasahang masasagot mo ang tanong na ito: ***Bakit magkakaiba ang paraan ng pamumuhay ng mga tao sa iba't ibang panig ng daigdig?***

### ☑ SAKLAW NG MODYUL:

Ang modyul na ito ay naglalaman ng sumusunod na aralin:
*Aralin 1 – Ang Heograpiya ng Daigdig*

Ang modyul na ito ay naglalaman ng sumusunod na aralin:

| Aralin Blg. | Pamagat | Matutuhan mo ang… | Bilang ng Oras/ Sesyon |
|---|---|---|---|
| 1 | Ang Heograpiya ng Daigdig | • Nasusuri ang katangiang pisikal ng daigdig<br>• Naipaliliwanag ang limang tema ng heograpiya<br>• Natutukoy ang mga kilalang anyong lupa at anyong tubig sa daigdig | |

| | | | |
|---|---|---|---|
| | | • Nasusuri ang kahalagahan ng mga anyong lupa, anyong tubig, at likas na yaman sa pamumuhay ng tao<br>• Naipaliliwanag ang konsepto ng heograpiyang pantao<br>• Nasusuri ang mga mapa, tsart, statistics, at iba pang datos tungkol sa lahi, pangkat-etnolinggwistiko, at relihiyon sa daigdig<br>• Naipaliliwanag ang kaugnayan ng heograpiya sa pagkakaiba ng lahi, pangkat-etnolingguwistiko, at relihiyon sa daigdig<br>• Napahahalagahan ang natatanging kultura ng mga rehiyon, bansa at mamamayan sa daigdig (lahi, pangkat-etnolinggwistiko, at relihiyon sa daigdig) | |

## ☑ Concept Map ng Modyul

Ito ang simpleng *concept map* ng mga araling tatalakayin sa modyul na ito.



☑ **Inaasahang mga Kasanayan**

Pagkatapos na mapag-aralan at gawin ang nilalaman ng modyul, inaasahang magagawa mo ang mga sumusunod:

1. Nabibigyang-kahulugan ang mahahalagang konsepto na may kaugnayan sa paksa.
2. Naisasakatuparan ang mga gawain sa modyul na ito.
3. Nasusuri ang pagkakaiba ng limang tema ng heograpiya.
4. Nakabubuo ng pag-unawa tungkol sa pagkakaiba ng heograpiyang pisikal at heograpiyang pantao.
5. Naisasagawa ang mga gawain gamit ang iba't ibang *web 2.0 application*.
6. Nasusuri ang heograpiya ng sariling lokalidad.
7. Nakapagsusulat ng repleksyon o realisasyon tungkol sa kahalagahan ng heograpiya sa pang-araw-araw na pamumuhay.

## PANIMULANG PAGTATAYA

Alamin natin ngayon kung may kaalaman ka sa araling tatalakayin sa pamamagitan nang pagsagot sa panimulang pagtataya. I-klik lamang ang titik ng wastong sagot at sagutan lahat ang mga tanong. Pagkatapos, makikita mo ang nakuha mong iskor. Tandaan mo ang mga aytem at mga tanong na hindi mo nasagot. Malalaman mo ang wastong sagot habang pinag-aaralan mo ang modyul na ito.

Basahing mabuti ang mga sumusunod na tanong. I-klik ang titik ng wastong sagot.

1. Ano ang tawag sa isa sa limang tema ng heograpiya na tumutukoy sa paglipat ng tao mula sa kinagisnang lugar tungo sa ibang lugar?
   a. lokasyon
   b. lugar
   c. paggalaw
   d. rehiyon

2. Saan matatagpuang kuweba ang *Bison Painting* na nasa larawan?





   a. France
   b. Spain
   c. Altamira
   d. Lascaux

3. Bakit karaniwang nagsimula sa mga anyong tubig ang mga sinaunang kabihasnan?
   a. Ang mga yamang tubig ay mas masagana kaysa sa mga yamang-lupa.
   b. Mas gusto ng mga tao ng sinaunang kabihasnan na malapit lang sila sa kanilang paliliguan.

c. Nais ng mga tao sa sinaunang kabihasnan na makipamuhay sa mga lugar na makatugon sa kanilang pangunahing pangangailangan.
d. Nasisiyahan ang mga sinaunang tao sa kagandahan ng paligid at tanawin ng mga anyong tubig.

4. Makikita sa mapa ang lokasyon ng Hong Kong kaugnay ng iba pang bansa sa Silangan at Timog-silangang Asya. Batay sa iyong pagsusuri, ano ang kaugnayan ng lokasyon ng Hong Kong sa pagiging maunlad ng ekonomiya nito?




a. Nakatangggap ng tulong ang Hongkong mula sa mga karatig- bansa nito.
b. Napalilibutan ng anyong-tubig ang Hongkong.
c. Istratehiko ang lokasyon nito para sa pakikipagkalakalan.
d. Kilala ito sa iba't ibang yamang-dagat na mabili sa mga turista.

5. Mula sa larawan, paano nabuhay ang sinaunang tao?



a. pagsasaka
b. pangangaso
c. pangingisda

d. pagpupulot ng prutas

6. Bakit naging nomadiko ang mga unang tao?
   a. Ang mga unang tao ay naghahanap ng kanilang mga kamag-anak na nawalay.
   b. Ang mga unang tao ay naghahanap ng pagkain sa lugar na kanilang nililipatan.
   c. Ang unang tao ay nagsawa na sa dating lugar.
   d. Ang unang tao ay namasyal upang magliwaliw.

7. Nalilimutan na ng mga tao sa kasalukuyan ang mga naiambag sa mga sinaunang kabihasnan dahil sa tagal na ng panahong lumipas. Totoo ba ito?
   a. Totoo ito dahil sa kasalukuyang panahon mga kagamitang mahal at makabago na ang ating ginagamit.
   b. Totoo ito dahil mas madali nang naisasagawa ang pang-araw -araw na gawain ng  mga tao sa kanyang paggamit ng makabagong bagay.
   c. Hindi ito totoo dahil sa marami sa naging ambag ng mga sinaunang kabihasnan ay makikita pa natin sa kasalukuyang panahon. Marami sa mga ito ay pinagtibay pa at pinepreserba upang higit na maunawaan ng mga mamamayan ang naging epekto nito sa ating kaunlaran.
   d. Hindi ito totoo dahil malaki itong kasalanan kung tayo ay makalilimot sa mga naging ambag sa mga sinaunang kabihasnan.

8. Batay sa larawan, ano ang iyong mahihinuha tungkol sa epekto ng pamumuhay ng mga mamamayan sa pagbabago ng mekanismo at teknolohiyang nagamit sa sinaunang kabihasnan?



   a. Ang mga natamo nating kaunlaran sa kasalukuyang panahon ay pamana sa mga sinaunang kabihasnan kaya dapat natin itong pagyamanin upang ang mga ito ay mabigyang halaga pa sa mga mamamayan sa hinaharap na panahon.
   b. Dapat kalimutan ang mga mekanismo at teknolohiyang mga pamana natin sa mga sinaunang kabihasnan dahil ang mga ito ay nagdulot ng kasamaan at paghihirap natin sa kasalukuyang panahon.
   c. Hindi dapat pansinin ang mga naging ambag sa mga sinaunang kabihasnan dahil nagamit lang sila sa mga sinaunang panahon.

d. Magagamit ang mga kontribusyon ng mga sinaunang kabihasnan sa kasalukuyang panahon sa pamamagitan ng pagsama nito sa mga panturismong programa ng mga bansa na matatagpuan ang mga sinaunang mekanismo at mga teknolohiya.

9. Karamihan sa mga Pilipino ay magsasaka at mangingisda dahil sa tropikal na klima at ito ay napalilibutan ng anyong tubig. Samantala, ang mga bansa naman sa Kanlurang Asya ay nagluluwas ng langis na kanilang namimina. Kilala naman ang Africa sa pagluluwas ng ginto na kanilang namimina mula sa mga kabundukan sa gitnang bahagi ng kontinente. Anong kongklusyon ang iyong mabubuo mula sa mga nabanggit na sitwasyon?
   a. Magkakaiba ang paraan ng pamumuhay ng tao sa iba't ibang bahagi ng daigdig.
   b. Ang katangian ng heograpiya ang pangunahing salik na humuhubog sa pamumuhay ng tao.
   c. Nakaapekto sa kasaysayan ng isang bansa ang uri at katangian ng kaniyang heograpiya.
   d. Nakaiimpluwensiya sa uri ng pamumuhay ng tao ang katangiang pisikal ng kaniyang lugar.

10. Bakit tumira sa mga matataas na lambak na karaniwang matatagpuan sa tabi ng mga anyong-tubig ang sinaunang tao?
   a. Ang sinaunang tao ay nabuhay sa pangingisda, pangangaso, pag-aalaga ng hayop at pagsasaka.
   b. Ang sinaunang tao ay nawili sa magagandang tanawin sa lambak-ilog.
   c. Ang sinaunang tao ay natutong mangisda sa ilog.
   d. Ang sinaunang tao ay nomadiko.

11. Paano nakaaapekto ang mga pagbabago ng mga pamaraan, mekanismo at teknolohiya sa sinaunang kabihasnan sa kanilang pisikal na kapaligiran at sa kanilang pamumuhay?
   a. Lubos na nahirapan ang mga sinaunang mamamayan dahil sa pang-aabuso ng mga namuno para maitaguyod lamang ang kanilang mga sariling interes.
   b. Higit na naging makapangyarihan pa ang mga namuno sa sinaunang kabihasnan dahil sa epekto ng pagbabago ng mga teknolohiyang ginamit nila.
   c. Mahalaga ang naidulot sa pamumuhay ng mga sinaunang mamamayan sa pagbabago ng mekanismo at teknolohiyang nagamit nila. Ang mga ito ay nagsilbing pamana sa mga mamamayan noon sa kasalukuyan at sa hinaharap. *
   d. Marami sa mga teknolohiya noon ay halos katulad na rin sa kasalukuyan. Dapat nating pasalamatan ang mga sinaunang mamamayan sa mga ideyang naipamana pa natin sa kasalukuyan.

12. Ang Japan ay hindi gaanong sagana sa likas na yaman, ang Saudi Arabia naman ay salat sa yamang-tubig, at ang China ay may mga bahaging disyerto at bulubundukin. Sa kabila ng kanilang pisikal na katangian, ang mga nabanggit na bansa ay ilan sa mga mauunlad sa daigdig. Anong kaisipan ang iyong mabubuo tungkol dito?
    a. Ang mga nabanggit na bansa ay may mataas na antas ng teknolohiya.
    b. Ang mga mamamayan sa bansang ito ay mapamaraan.
    c. Nakabatay ang pag-unlad ng isang bansa sa ugnayan ng tao at kapaligiran.
    d. Nakadepende sa uri ng kapaligiran at likas na yaman ng isang bansa ang kaniyang pag-unlad .

13. Alin sa mga sumusunod ang totoo sa pamumuhay ng sinaunang tao sa panahon ng <u>prehistoriko?</u>
    a. Ang sinaunang tao ay naghirap at nagutom dahil wala silang makain.
    b. Ang sinaunang tao ay namuhay ng masagana bilang mangangaso at taga-tipon ng pagkain.
    c. Ang sinaunang tao ay namatay lahat sa panahon ng yelo.
    d. Ang sinaunang tao ay natuto sa paggamit ng kompyuter.

14. Ginawa ng mga alipin ang mga pyramid mula sa utos ng mga paraon. Sang-ayon ka ba dito?
    a. Oo, dahil ang mga alipin ay pinahirapan at ginutom sa paggawa ng mga pyramid.
    b. Oo, dahil ang mga alipin ay mula sa mga nasakop na lugar ng paraon.
    c. Hindi, dahil ang mga pyramid ay ginawa ng mga tao mula sa nasasakupan ng paraon.
    d. Hindi, dahil ang mga pyramid ay ginawa ng mga alien.

15. Magkakaroon ng pagpupulong sa inyong barangay upang matukoy ang mga lugar na may mataas na posibilidad ng trahedya (High Risk Disaster Area). Miyembroka ng organisasyon ng mga kabataang naatasang gumawa ng SWOT (strength, weakness, opportunities, and threat) analysis ng inyong paaralan kaugnay sa mga kalamidad. Ilalahad mo ito sa iyong kapwa mo kabataan. Alin sa sumusunod ang angkop na pamantayan para sa iyong presentasyon?
    a. Nilalaman, kaangkupan ng salita, kawastuhan ng datos, paggamit ng mga konsepto ng heograpiya
    b. Nilalaman, presentasyon, kaangkupan ng salita, kawastuhan ng datos
    c. Nilalaman, kaangkupan ng salita, kawastuhan ng datos, presentasyon
    d. Nilalaman, kaangkupan ng salita, kawastuhan ng datos, presentasyon

16. Magkakaroon ng kumperensiya tungkol sa pangangalaga ng mga magagandang tanawin sa inyong bayan. Bilang kinatawan ng mga kabataan, naatasan kang gumawa ng adbokasiya upang mapangalagaan ang mga nabanggit na tanawin. Ilalahad mo ang iyong adbokasiya sa mga miyembro

ng Sangguniang Panlungsod. Alin sa sumusunod ang angkop na produkto para sa iyong adbokasiya?
   a. Paggawa ng *brochure*
   b. Paggawa ng *project proposal*
   c. Paggawa ng *letter of appeal*
   d. Pagsulat ng *essay*

17. Ang National Museum ay magdaraos ng isang exhibit sa mga sinaunang kagamitan. Bilang curator, ano ang pinakamainam na pag-aanunsiyo nito?
   a. Pagtawag sa lahat ng kakilala.
   b. Pamumudmod ng pampleta sa gaganaping ekshibit.
   c. Pagbisita sa mga kakilala.
   d. Pagtext sa mga kakilala.

18. Ang Asiaweek ay magtatampok ng isang *feature article* tungkol sa mga pag-aaral sa mga *artifact* at haytong nahukay ng mga arkeologo. Bilang isang manunulat, naatasan kang gawin ito. Ano ang magiging pamantayan mo sa pagsulat ng isang *feature article*?
   a. Nilalaman at organisasyon
   b. Nilalaman, organisasyon at praktikalidad
   c. Nilalaman, organisasyon, at paggamit ng datos
   d. Nilalaman, organisasyon, at pagkasabay-sabay

19. Ang mga magsasaka sa Barangay Masipag ay nagtititipon upang matalakay ang posibleng epekto ng planong pagtatayo ng isang *golf course* na naglalayong makapag-unlad ng pang-ekonomiyang katayuan ng mga taong naninirahan dito. Kung ikaw ay isa sa mga magsasaka na maaapektuhan sa pagbabagong ito, anong pinakawasto at kongkretong hakbang ang iyong imumungkahi para matiyak ang maayos na kalagayan ng bawat mamamayan sa iyong barangay?
   *a.* Anyayahan ang mga iba pang magsasaka na magsasagawa ng isang malawakang rally na pupuna sa mga kahinaan ng paglikha ng isang *golf course.*
   b. Palihim na hikayatin ang mamamayan ng barangay sa isang paghihimagsik.
   c. Magmungkahi ng negosasyon sa lokal na pamahalaan at pagtitipon ng mga taong kabilang sa kompanyang magtatayo ng *golf course* sa kanilang lugar.
   d. Ibenta na lang sa malaking halaga ang mga lupang apektado sa pagtayo ng *golf course*.

20. Upang maipakita kung paano nagsimula muli ang mga biktima ng gulo ng Zamboanga, lindol ng Bohol at bagyo ng Tacloban, ang mga TV stations ng Pilipinas ay bumuo ng patimpalak sa paggawa ng *documentary film*. Layon sa proyektong ito na matutuhan ng bawat mamamayan ng Pilipinas ang mga kongkretong paraan sa pagbangon sa mga dinanas na kahirapan sa

nagdaang gulo at kalamidad. Bukas sa lahat ng mga mamamayan ng Pilipinas ang paligsahang ito. Ano-anong pamantayan ang dapat isaalang-alang ng mga gagawa ng *documentary film* upang tangkilikin ng mga manonood ang nagawa nila?

a. malikhain at pagkakaiba
b. makatotohanan at nakaaaliw
c. malikhain, makatotohanan at nakaaaliw
d. informative, makabuluhan, makatotohanan at malikhain

## PAGTUKLAS

Pangatlo ang daigdig sa mga planetang umiikot sa araw. Ito ang nag-iisang planeta sa *solar system* na may kakayahang magpanatili ng buhay. Halina at pag-aralan natin ang ugnayan ng heograpiya sa pamumuhay ng tao.

### GAWAIN 1 The Earth Minute

Panoorin ang *video* na pinamagatang ***"Earth- one video you need to see "***. Pagkatapos, sagutin ang mga pamprosesong tanong tungkol dito.

http://www.youtube.com/watch?v=thuViaxRd_w

Sagutin mo ang mga tanong.

1. Ano ang ipinakitang mensahe ng *video*?

______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________

2. Batay sa iyong napanood na *video*, ano ang iyong masasabi sa ating daigdig?

______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________

3. Ipaliwanag ang mga katagang binanggit sa *video* na *we only have one home*.

______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________

4. Bakit magkakaiba ang paraaan ng pamumuhay ng mga tao sa iba't ibang panig ng daigdig?

________________________________________________________________________

________________________________________________________________________

________________________________________________________________________

________________________________________________________________________

Matapos masagutan ang mga tanong, sagutan mo ang *flowchart* na nasa ibaba.



## GAWAIN 2 Mapa ng Aking Pag-unawa

Suriin ang pokus na tanong sa araling ito. Ibigay ang iyong panimulang sagot. Ilagay ito sa *dialogue box* na nakaturo sa mapa ng Pilipinas. Samantala, ang ikalawa at ikatlong bahagi ng mapa ay sasagutan mo sa ibang bahagi ng modyul na ito.



**Katapusang Bahagi ng Pagtuklas**

Sa mga susunod na bahagi ng modyul ay susuriin natin kung alin sa mga naibahagi mong panimulang ideya tungkol sa kaugnayan ng heograpiya sa pamumuhay at sa ating pokus na tanong ang tama o hindi. Matutuhan mo rin ang mga konsepto at kasanayan na makatutulong sa iyo upang maisagawa mo ang proyekto para sa yunit na ito. Ang proyekto ay tungkol sa paggawa ng *brochure* na nagpapakita ng impormasyon kung paano nakaapekto ang heograpiya sa paghubog ng isang pamayanan. Sisimulan mo ito sa pamamagitan ng paggawa sa susunod na gawain.

## PAGLINANG/ PAGPAPATIBAY

Sa bahaging ito ng modyul ay inaasahang matutuhan mo ang mga mahahalagang kaalaman, datos at konsepto tungkol sa heograpiya ng daigdig. Kabilang dito ang limang tema, ang katangiang pisikal ng daigdig at ang heograpiyang pantao. Susuriin mo rin kung tama ba o hindi ang iyong mga panimulang sagot sa mga gawain sa bahaging PAGTUKLAS.

**Katuturan ng Heograpiya**

May dalawang paraan sa pagbibigay ng kahulugan ng heograpiya. Una, ang etimolohikal na kahulugan o ang pinagmulan ng salita. Ang heograpiya ay mula sa dalawang salitang Latin na "geo" – ibig sabihin ay mundo at "graphein" – ibig sabihin ay magsulat. Kung uunawain, nangangahulugang ang heograpiya na magsulat tungkol sa mundo. Ang isa pang paraan ay ang konseptuwal. Sa paraang ito, ang heograpiya ay nangangahulugang pag-aaral ng katangiang pisikal, ang ugnayan ng kapaligiran at ng mga nilalang, at mga penomena na nagaganap sa daigdig. Ang unang gumamit ng salitang heograpiya ay si Erathosthenes.

Bahagi ng ating pang-araw-araw na pamumuhay ang heograpiya. Tumingin ka sa iyong paligid, ano ang iyong nakikita? Ang mga gusali, mga halaman, hayop, anyong tubig, anyong lupa, maging ang pakikipag-ugnayan mo sa iyong kamag-aaral, sa iyong kaibigan, at sa malalayong kamag-anak ay bahagi ng heograpiya. Sabi nga ang "heograpiya ay buhay."

Mapapansin ang mga salitang naka-*highlight* ng kulay dilaw. I-klik ang sumusunod na *weblink* upang magkaroon ng karagdagang kaalaman tungkol dito.

1. Erathosthenes –
2. "Heograpiya ay buhay" – http://www.youtube.com/watch?v=sgGb8BM2TBk

### Kaugnayan ng Heograpiya sa Iba Pang Disiplina

Mahalaga ang heograpiya upang higit na maunawaan ang mga konsepto, pangyayari, mga batas, at prinsipyo ng iba pang disiplina. Makikita ito sa grapikong pantulong sa ibaba.

**HEOGRAPIYA**

- Kasaysayan
  - Nakaapekto ang heograpiya ng isang bansa sa kaniyang kasaysayan.
  - Halimbawa: Sinakop ng mga Amerikano ang Pilipinas dahil sa istratehikong lokasyon nito.
- Agham Politika
  - Itinatakda ng mga bansa ang mga hangganan nito batay sa konsepto ng heograpiya
  - Halimbawa: Nahati ang Korea sa North at South Korea. Ang hangganan ng dalawang bansa ay nasa 38th
- Sosyolohiya
  - Nakaiimpluwensiya sa pagbuo at pag-unlad ng mga pamayanan ang heograpiya nito
  - Halimbawa: Ang natural na hangganan ng China ay nakaimpluwensiya sa pagbuo ng kabihasnan nito.
- Ekonomiks
  - Mahalagang salik ang likas na yaman, *vegetation*, klima, at topograpiya sa kabuhayan
  - Halimbawa: Ang Singapore at Hong Kong ay sentro ng kalakalan dahil sa lokasyon nito.

**GAWAIN 3** **Suriin at Ipaliwanag**

Basahin ang sumusunod na pahayag sa unang kolum. Lagyan ng tsek ang kolum na umaangkop sa iyong sagot. Isulat mo ang iyong paliwanag sa huling kolum.

| Mga Pahayag | Sang-ayon | Hindi Sang-ayon | Paliwanag |
|---|---|---|---|
| 1. Ang heograpiya ay tumutukoy lamang sa lokasyon ng iba't ibang bansa. | | | |

| | | | |
|---|---|---|---|
| 2. Makatutulong ang heograpiya sa pag-unawa ng pagkakaiba-iba ng mga tao sa daigdig. | | | |
| 3. Mahalaga ang heograpiya sa pag-aaral ng kasaysayan. | | | |
| 4. Ang ekonomiya ng bansa ay naiimpluwensiyahan ng heograpiya nito. | | | |
| 5. May kaugnayan ang heograpiya sa pagkakaiba-iba ng pamumuhay ng tao sa daigdig. | | | |

Sapat na ngayon ang iyong kaalaman tungkol sa kahulugan at kahalagahan ng heograpiya. Sa pagpapatuloy ng modyul na ito ay mauunawaan mo ang limang tema ng heograpiya. Gawin mo ang sumusunod na gawain.

I-klik ang ang *weblink* na makikita sa ibaba upang magkaroon ng sapat na kaalaman tungkol sa limang tema ng heograpiya.

**Ano ang Limang Tema ng Heograpiya?** → http://wiki.answers.com/Q/Ano_ang_lima ng_pangunahing_tema_ng_Heograpiya

Upang higit na maunawaan ang limang tema ng heograpiya, basahin at unawain ang sumusunod na teksto.

## TANDAAN

Limang Tema ng

**Lokasyon:** Ito ay tumutukoy sa kinaroroonan ng mga lugar sa daigdig.

May dalawang pamamaraan sa pagtukoy

- Lokasyong *Absolute* na gamit ang mga imahinasyong guhit tulad ng *latitude line* at *longitude line* na bumubuo sa grid. Ang pagkrus ng dalawang guhit na ito ang tumutukoy sa eksaktong kinaroroonan ng isang lugar sa daigdig.
- Relatibong Lokasyon na ang batayan ay ang mga lugar at bagay na nasa paligid nito. Halimbawa nito ay mga anyong lupa at tubig, mga estrukturang gawa ng tao.

**Lugar:** Ito ay tumutukoy sa mga katangiang nagtatangi sa isang pook sa iba.

May dalawang pamamaraan sa pagtukoy

- Katangian ng kinaroroonan tulad ng klima, anyong lupa at tubig, at yamang likas.
- Katangian ng mga taong naninirahan tulad ng wika, relihiyon, densidad ng tao, kultura at mga sistemang politikal.

**Rehiyon**: Ito ay bahagi ng daigdig na pinagbubuklod ng mga magkakatulad na katangiang pisikal o kultural.

**Interaksiyon ng Tao at Kapaligiran:** Ito ang kaugnayan ng tao sa pisikal na katangiang taglay ng kaniyang kinaroroonan

- Kapaligiran bilang pinagkukuhanan ng pangangailangan ng tao; gayundin naman, ang pakikiayon ng tao sa mga pagbabagong nagaganap sa kaniyang kapaligiran

**Paggalaw:** Ito ay ang paglipat ng tao mula sa kinagisnang lugar tungo sa ibang lugar; kabilang din dito ang paglipat ng mga bagay at likas na pangyayari tulad ng hangin at ulan.

- May tatlong uri ng distansiya ang isang lugar
  - (Linear) Gaano kalayo ang isang lugar?
  - (Time) Gaano katagal ang paglalakbay?
  - (Psychological) Paano tiningnan

Makikita sa dayagram ang pagpapakahulugan sa limang tema ng heograpiya. Sa tapat ng bawat kahulugan ay ang uri at halimbawa ng bawat tema.

# INFOGRAPHIC: LIMANG TEMA NG HEOGRAPIYA

## Lokasyon

**Absolute:** Nasa pagitan ng 116° 40', at 126° 34' Silangang Longhitud at 4° 40' and 21° 10' Hilagang Latitud.

**Relatibo**: Ang Pilipinas ay nasa Timog Silangang Asya. Napapalibutan ito ng Taiwan at Japan sa Hilaga, Karagatang Pasipiko sa Silangan, Indonesia sa Timog at West Philippine Sea sa Kanluran.



## Lugar

Klima: Tropikal

**Anyong Lupa**:

Mt. Mayon





**Anyong Tubig:**

**Palawan Underground** River

## Relihiyon



Ayon sa Catholic Directory of the Philippines, mayroong 70,407,588 na Katoliko sa Pilipinas.

## Paggalaw




## Interaksiyon ng Tao at Kapaligiran

Ang Hagdan-Hagdang Palayan ay isang patunay ng pakikiaayon ng mga Pilipino sa kanilang kapaligiran.



## GAWAIN 4 Tukoy-Tema

Basahing mabuti ang mga sumusunod na pangungusap at tukuyin kung ang bawat sitwasyon sa ibaba ay patungkol sa **lokasyon, lugar, rehiyon, interaksyon ng tao at kapaligiran, at paggalaw**. Isulat ang sagot sa inilaang patlang.

1. May tropikal na klima ang Pilipinas. _______________
2. Matatagpuan ang Pilipinas sa kanluran ng Pacific Ocean, timog ng Bashi Channel, at silangan ng West Philippine Sea. _______________
3. Ang pangingisda ay isang aktibong kabuhayan ng mga Pilipino dahil napapalibutan ang bansa ng dagat. _______________
4. Libo-libong Pilipino ang nangingibang-bansa sa Australia at New Zealand upang magtrabaho. ________________
5. Kasapi ang Pilipinas sa Association of Southeast Asian Nations._________
6. Ang napakaraming tao sa Tokyo, Japan ang nagbigay-daan upang higit na paunlarin ang kanilang sistema ng transportasyon, maging ng pabahay sa kalungsuran. ___________________
7. Ang mataas na antas ng teknolohiya ang nagpabilis sa mga tao na magtungo sa mga bansang may magagandang pasyalan. ____________
8. Ang Islam ay ang ang opisyal na relihiyon ng mga mamamayan ng Saudi Arabia. _______________
9. Ang Singapore ay nasa 1º 20' hilagang latitud at 103º 50' silangang longhitud. ______________
10. Spanish ang wikang ginagamit ng mga mamamayan sa Mexico. _______
11. Maraming Pilipino ang nandarayuhan sa Amerika upang magtrabaho._____
12. Agrikultura at pangingisda ang pangunahing kabuhayan sa China. _______
13. Ang mga bansa sa Timog Amerika ay halos magkakatulad ng wika. ______
14. Mula India, lumaganap ang Budhismo sa Timog-silangang Asya. ________
15. Ang Angel Falls sa Venezuela ay itinuturing na pinakamataas na talon sa buong mundo. ____________________

## GAWAIN 5 Chart Analysis

I-klik ang *link* upang masuri ang tsart tungkol sa migrasyon sa Pilipinas. Sagutin ang pamprosesong mga tanong tungkol dito.

| |
|---|
| http://www.census.gov.ph/content/domestic-and-international-migrants-philippines-results-2010-census |

| Mga Tanong | Sagot |
|---|---|
| 1. Anong tema ng heograpiya ang ipinakikita sa *chart*? | |
| 2. Ano ang tatlong pangunahing rehiyon na may pinakamataas na paggalaw ng tao? | |
| 3. Alin sa mga rehiyon ang may pinakamaraming bilang ng *immigrants*? | |
| 4. Bakit maraming mamamayan sa NCR ang nandarayuhan o naninirahan sa ibang bansa? | |
| 5. Paano nakaapekto sa pamumuhay ng isang rehiyon ang maraming bilang ng mga naninirahan sa ibang bansa? | |

## GAWAIN 6 Pagbibigay-Kahulugan

Ibigay ang kahulugan ng sumusunod na salita sa ibaba. Isulat ang sagot sa patlang.

1. Non movers-________________________________
2. Immigrants-_________________________________
3. Long distance movers-_______________________
4. Distance movers-____________________________

Naunawaan mo ang pagkakaiba ng limang tema ng heograpiya at ang kaugnayan nito sa pamumuhay ng tao. Isaisip ang mga natutuhang konsepto at pag-unawa tungkol sa limang tema ng heograpiya dahil kakailanganin mo ito upang higit na maunawaan ang dalawang pangunahing sangay ng heograpiya: heograpiyang pisikal at heograpiyang pantao.

**TANDAAN**

**Sangay ng Heograpiya**

Mayroong dalawang pangunahing sangay ang heograpiya. Ito ay ang **heograpiyang pisikal** at **heograpiyang pantao**.

Ang **heograpiyang pisikal** ay sangay na nakatuon sa pag-aaral ng iba't ibang katangian at proseso ng pisikal na daigdig tulad ng paggalaw ng hangin at tubig. Malaki ang epekto ng pisikal na heograpiya sa kakayahan ng tao na makapamuhay nang maayos at mapaunlad ang kaniyang sarili. Ang pisikal na heograpiya ang karaniwang nagdidikta kung malilimitihan o mapauunlad ng tao ang kaniyang pamumuhay. Halimbawa nito ay ang uri ng hanapbuhay na kaniyang pipiliin, yamang likas na kaniyang pagyayamanin, at kasuotan na kaniyang gagamitin.

Ang **heograpiyang pantao**, sa kabilang banda ay ang sangay ng heograpiya na nakatuon sa pag-aaral kung paano namumuhay ang tao sa kaniyang pisikal at kultural na kapaligiran. Saklaw ng pag-aaral ng heograpiyang pantao ang wika, relihiyon, ekonomiya, pamahalaan, at iba pang aspekto tulad ng distribusyon ng populasyon, kalunsuran, at urbanidad.

**GAWAIN 7** **Venn Diagram**

Gamit ang *venn diagram*, suriin ang pagkakatulad at pagkakaiba ng dalawang sangay ng heograpiya.



Nabanggit sa iyong binasa na ang **heograpiyang pisikal** ay nakatuon sa pisikal na katangian ng daigdig. Ano-ano ba ang mga konsepto na nakapaloob dito? Sundin ang mga hakbang sa Gawain 8 upang masagot ang tanong na ito. Isulat ang sagot sa loob ng kahon.

## GAWAIN 8 Blog visit

I-klik ang sumusunod na *weblink* upang mapalawak ang iyong kaalaman tungkol sa katangiang pisikal ng daigdig. Pagkatapos, sagutan ang mga gawain kaugnay nito.

| Paksa | Weblink | Mga Hakbang na dapat sundin |
|---|---|---|
| **Istruktura ng Daigdig** | http://aqdegamon.wordpress.com/2009/06/08/ang-ating-mundo/ | 1. I-klik ang *weblink*<br>2. Basahin ang sumusunod na bahagi:<br>a. Ang Ating Mundo<br>b. Ang Hugis ng Mundo<br>c. Bahagi ng Mundo |
| | http://esepmeyer.wordpress.com/2013/03/12/aralin-2-ang-katangiang-pisikal-ng-daigdig/ | 1. I-klik ang *weblink*<br>2. Basahin ang sumusunod na bahagi:<br>a. Istruktura ng Daigdig<br>b. Longhitud at Latitud<br>3. Gawin ang Gawain 9 |

## GAWAIN 9 Bahagi ko, Alam mo ba?

Tukuyin ang sumusunod na bahagi. Isulat sa kahon ang sagot at ang kahulugan ng mga ito.



1.

2.

3.

4.

5.

6.

7.

8.



**TANDAAN**

### Ang mga Kontinente ng Daigdig

Nahahati ang daigdig sa mga kontinente. Ang **kontinente** ay ang pinakamalaking masa ng lupa sa ibabaw ng daigdig. Ito ay napaliligiran ng malalawak na anyong tubig. Sa tradisyunal na paghahati mayroong pitong kontinente sa daigdig, subalit sa kasalukuyan, itinuturing na lamang na iisa ang Hilaga at Timog Amerika. I-klik ang *weblink* sa ibaba: [http://esepmeyer.wordpress.com/2013/03/12/aralin-2-ang-katangiang-pisikal-ng-daigdig/](http://esepmeyer.wordpress.com/2013/03/12/aralin-2-ang-katangiang-pisikal-ng-daigdig/) upang mabasa ang paglalarawan sa iba't ibang kontinente.



**End of FIRM UP:**

In this section, the discussion was about…

Go back to the previous section and compare your initial ideas with the discussion. How much of your initial ideas are found in the discussion? Which ideas are different and need revision? What new learning goal should you now try to achieve?

Now that you know the important ideas about this topic, let's go deeper by moving on to the next section.

Suriing mabuti ang mapa ng daigdig, mapapansin na para itong isang malaking *puzzle*. Maaari itong mabuo kung pagdidikitin halimbawa ang Africa at South America.

I-klik ang link (http://www.youtube.com/watch?v=QL7LX5-ytOg) upang higit na maunawaan ang mga teorya tungkol sa Kontiente ng Daigdig.

**TANDAAN**

**Mga Anyong Lupa at Anyong Tubig**

Bahagi ng pag-aaral ng pisikal na katangian ng daigdig ang mga anyong lupa at anyong tubig. Magkakaiba ang lawak, laki, taas, at lalim ng mga anyong lupa at anyong tubig na matatagpuan sa iba't ibang panig ng daigdig. I-klik ang link na ito: http://mrnussbaum.com/world/wformint/ upang higit na mapalawak ang iyong kaalaman sa mga anyong lupa at anyong tubig sa daigdig.



**Ipinakikita sa larawan ang iba't ibang anyong lupa at anyong tubig sa**

## GAWAIN 10 Tour Around the World

I-klik ang sumusunod na *weblink* upang mapalawak ang iyong kaalaman tungkol sa mga uri ng anyong lupa at anyong tubig at ang lokasyon ng mga ito.

| Paksa | Weblink | Mga Hakbang na dapat sundin |
|---|---|---|
| **Anyong Tubig** | http://esepmeyer.wordpress.com/2013/03/12/aralin-2-ang-katangiang-pisikal-ng-daigdig/ | 1. I-klik ang *weblink*<br>2. Basahin ang sumusunod na bahagi tungkol sa mga anyong tubig.<br>3. I-klik ang mga salitang may *hyperlink* upang mabasa ang iba pang impormasyon. |
| | http://www.mapsofworld.com/world-ocean-map.htm<br><br>http://www.mapsofworld.com/thematic-maps/world-river-map.html | 1. I-klik ang *weblink*<br>2. Tunghayan ang lokasyon ng ilan sa mga kilalang anyong tubig sa daigdig. |
| **Anyong Lupa** | http://esepmeyer.wordpress.com/2013/03/12/aralin-2-ang-katangiang-pisikal-ng-daigdig/ | 1. I-klik ang *weblink*<br>2. Basahin ang sumusunod na bahagi tungkol sa mga anyong lupa.<br>3. I-klik ang mga salitang may hyperlink upang mabasa ang iba pang impormasyon. |
| | http://www.mapsofworld.com/physical-map/maps/physical-map-world.jpg | 1. I-klik ang *weblink*<br>2. Tunghayan ang lokasyon ng ilan sa mga kilalang anyong lupa sa daigdig. |

## GAWAIN 11 Online Quiz

Subukin ang iyong kaalaman tungkol sa mga kontinente, anyong tubig, at anyong lupa sa daigdig. I-klik ang mga *weblink* sa ibaba.

1. **Mga Kontinente at Karagatan -** http://lizardpoint.com/geography/world-quiz.php

2. **Mga Anyong Lupa** - http://www.proprofs.com/quiz-school/quizshow.php?title=landforms-quiz&q=1

## GAWAIN 12 Dito sa Amin

Gumawa ng maikling presentasyon tungkol sa mga anyong lupa at anyong tubig na matatagpuan sa inyong lugar. Ipaliwanag din ang kahalagahan nito sa hanapbuhay ng mga tao sa inyong lugar. Gawin ito gamit ang *web 2.0 application* na http://animoto.com/.

Sundin ang sumusunod na hakbang sa paggamit ng animoto.com

1. I-klik ang *get started* at mag-sign up.
2. Makikita sa dashboard ang create video. I-klik ito.
3. I-klik ang Select a style upang pumili ng estilo na gagamitin sa *video*.
4. I-klik ang *Add photos, video clips and music* sa pagdisenyo ng *video.*
5.I -klik ang *produce and share*.

Sa huling bahagi ng presentasyon, sagutin ang tanong : **May kaugnayan ba ang mga anyong lupa at anyong tubig sa pagkakaiba-iba ng pamumuhay ng tao? Pangatwiranan.** Isulat ang sagot sa kahon.

## GAWAIN 13 3-2-1 Chart

Sagutan ang tsart. Isulat ang sagot sa loob ng kahon.

**3-2-1 *Chart***

| **Paksa: Anyong Lupa at Anyong Tubig** |
|---|
| **3 – Bagong kaalaman na aking natutuhan:** |
| **2- Mahalagang pag-unawa na aking natutuhan:** |
| **1 – Tanong na nais kong mabigyan ng kasagutan:** |

## GAWAIN 14 Geo-Balita

Nakikita at nararanasan ang heograpiya sa ating pang-araw-araw na pamumuhay. Pumili ng isang balita na nagpapakita nito. Pagkatapos ay sundin ang sumusunod na hakbang.

1. Magsaliksik ng balita. (Maaaring *video* o kaya ay mula sa pahayagan)
2. Ipaliwanag kung paano nakaapekto ang heograpiya sa nabanggit na balita.

## GAWAIN 15 Geo-Suri

Suriin ang kaugnayan ng heograpiya sa kalagayang pang-ekonomiya ng mga kontintente sa daigdig. Sundin ang sumusunod na hakbang:

1. Pumili ng kontinente na gagamitin sa pagsusuri.
2. Magsaliksik tungkol sa: (a) lokasyon, (b) kabuhayan, at (c) mga anyong lupa at anyong tubig na ginagamit sa hanapbuhay.
3. Batay sa mga nakuhang impormasyon, bumuo ng kongklusyon sa pamamagitan ng pagsagot sa tanong na: Paano nakaapekto ang mga anyong lupa at anyong tubig sa hanapbuhay ng mga mamamayang naninirahan dito.
4. Isulat ang sagot sa *Geo-Suri Template.*
5. I-klik ang link sa ibaba: http://www.ecokids.ca/pub/eco_info/topics/landuse/world_pizza/index.cfm. Ang ideya ng laro na ito ay makatutulong upang makabuo ng kongklusyon tungkol sa kaugnayan ng heograpiya sa pamumuhay ng tao.

Batay sa iyong nabuong kaisipan, sagutan mo ang susunod na gawain: ang *Geo-Suri Template*

**Mga hakbang para sa World Pizza Game:**

5.1 I-klik ang Go
5.2. I-klik ang tamang sagot sa mga tanong
5.3 Sundin ang sumusunod na tanong:
   a. Ano ang napansin mo sa pinanggalingan ng mga produkto upang mabuo ang pizza?
   b. May kaugnayan ba ang heograpiya ng bansa sa uri ng produkto na mayroon sila?

| GEO-SURI TEMPLATE | |
|---|---|
| Kontinente: | |
| Lokasyon: | |
| Mga Hanapbuhay | |
| Mga Anyong Lupa at Anyong Tubig na ginagamit sa hanapbuhay | |
| Paano nakaapekto ang mga anyong lupa at anyong tubig sa hanapbuhay ng mga mamamayang naninirahan dito? | |

## GAWAIN 16 Kung Gayon

Gumawa ng *flowchart* na nagpapakita ng kaugayang pisikal na katangian ng daigdig sa pamumuhay ng tao. Gawin ito sa pamamagitan ng *web 2.0 application* na http://www.drawanywhere.com/.

Sundin ang sumusunod na hakbang sa paggamit ng drawanywhere.com

1. I-type ang www.drawanywhere.com at i-klik ito.
2. Mag-sign- up upang magamit ang web 2.0 application na ito.
3. Pagkatapos mag- *sign-up*, mag- *log- in* gamit ang iyong *e-mail.*
4. I-klik ang *new diagram* at isulat ang pangalan ng *diagram* na iyong gagawin. Para sa gawain ito, ilagay ang **Kaugnayan ng pisikal na katangian ng daigdig sa pamumuhay ng tao** bilang pangalan.
5. Sa *type of diagram*, piliin ang *general flowcharts*, piliin ang *private* sa tanong na *public or private diagram*. I-klik ang ok.
6. Gumawa ng *diagram* na makikita sa ibaba. Isulat ang hinihinging sagot.




7. I-*save* ang diagram. I-klik ang *file,* piliin ang *publish the diagram* na *option* at kopyahin ang *link*. Sa *student's dashboard*, i-klik ang *send message*, i-*send* ang *link* ng iyong *diagram.*

> Natutuhan mo ang isa sa mga sangay ng heograpiya: ang heograpiyang pisikal. Naunawaan mo rin sa pamamagitan ng iba't ibang gawain ang kaugnayan ng heograpiya sa pamumuhay ng tao. Ano kaya ang ugnayan ng heograpiyang pisikal sa heograpiyang pantao?

**TANDAAN**

**Heograpiyang Pantao**

Saklaw ng heograpiyang pantao (*human geography*) ang pag-aaral ang wika, relihiyon, lahi, at pangkat-etniko sa iba't ibang bahagi ng daigdig.

**1. Wika**

Ang wika ay isang mabisang paraan ng komunikasyon. Nakatutulong ito upang magkaroon ng palitan ng impormasyon at mga karanasan. Sa pamamagitan ng wika, naipahahayag ng isang tao ang kaniyang mga saloobin, ideya, opinyon, at damdamin. Higit na nagkakaunawaan ang mga mamamayan kung sila ay may iisang wika na ginagamit. Samantala, maaari namang maging sanhi ng pagkakawatak-watak o hindi pagkakaunawaan kung magkakaiba ang wika ng mga tao sa isang bansa. Upang maiwasan ito, ang bawat bansa ay nagtatalaga ng kanilang official language http://quuizlet.com/8107985/flashcards Bukod sa mga nabanggit na dahilan, ginagamit ang wika upang maitala ang ating kasaysayan, tradisyon, at paniniwala. Sa pamamagitan ng pasalita at mga nakasulat na tala, napananatili ang kultura at naipapasa ito sa mga susunod na henerasyon.

Sa kabuuan, mayroong 7, 105 buhay na wika sa daigdig. Ang mga wika na ito ay nanggaling sa tinatawag na *language family*. Ang *language family* ay mga wikang magkakaugnay na may iisang pinagmulan. Ilan sa mga halimbawa nito ay ang Indo-European, Sino-Tibetan, Afro-Asian, Uralic-Altaic, Japanese at Korean, Dravidian, Malayo-Polynesian, Niger-Kordafanian, Nilo Sharan, at Khoisan. Ang mga wika na ginagamit sa kasalukuyan ay nagsanga mula sa mga *language family*. Makikita sa mapa sa ibaba ang mga lugar kung saan ginagamit ang iba't ibang *language family*.




**Source: http://walkerlinguistics.pbworks.com/f/1266331183/families_map_world.png**

I-klik ang *weblink* na http://www.ethnologue.com/statistics/family upang makita ang iba't ibang wika na nagmula sa mga *language family* at kung saang bansa ito ginagamit.

## GAWAIN 17 Situational Analysis

Suriin ang sitwasyon na ipinakikita sa mga datos. Ipahayag ang iyong opinyon tungkol dito.

Ang Pilipinas ay isa sa mga bansa na may mataas na bilang ng populasyon na marunong magsalita ng wikang Ingles. Bisitahin ang *weblink* na ito::http://www.mapsofworld.com/world-top-ten/countries-with-most-english-language-speaker-map.html. Sa iyong palagay, may kaugnayan ba ang kahusayan ng mga Pilipino sa wikang Ingles sa kanilang hanapbuhay? Ipaliwanag. Isulat ang sagot sa kahon.

## 2. Relihiyon

Malaki ang impluwensiya ng relihiyon sa pamumuhay ng tao. Halos lahat ng pang-araw-araw na gawain niya ay may kaugnayan sa kaniyang pinaniniwalaang relihiyon. Ang relihiyon ay mula sa salitang *religare* na ang ibig sabihin ay "buuin ang mga bahagi upang maging magkakaugnay ang kabuuan nito." Tumutukoy din ito sa kalipunan ng mga paniniwala at ritwal ng isang pangkat ng taong patungkol sa isang kinikilalang makapangyarihang nilalang o diyos.

Noong una, sinasamba ng tao ang kaniyang kalikasan. Animismo ang tawag sa ganitong uri ng pagsamba. Naniniwala siya na may hindi nakikitang puwersa sa kapaligiran na dapat igalang at sambahin. Bukod dito, malaki rin ang kaniyang paggalang sa kalikasan dahil dito niya nakukuha ang kaniyang ikinabubuhay.




**Religious Map ng Asya.** Anong relihiyon ang namamayani sa Kanlurang Asya? Paano nakaapekto ang lokasyon ng mga bansa dito sa pagkakatulad nila ng relihiyon?

Ilan sa mga matatandang relihiyon ay ang Judaism, Kristiyanismo, Islam, Zoroastrianismo, Buddhism, Hinduism,at Shintoism. Lumaganap ang mga nabanggit na relihiyon sa iba't ibang bahagi ng daidig. Kadalasan, ang lokasyon ng isang bansa ay nakaapaketo rin sa uri ng relihiyong maryoon ito. Isang halimbawa nito ay ang Kanlurang Asya na karamihan ng mga bansa ay Islam. Kung susuriin, maaaring nakaimpluwensiya ang heograpiya nito dahil magkakadikit ang mga bansa kung kaya't mas naging madali ang pagpapalaganap ng relihiyon mula sa Saudi Arabia kung saan ito itinatag. Samantala, ang Pilipinas naman na napalilibutan ng mga anyong tubig ay tanging Kristiyanong bansa sa Timog-silangang Asya. Kung titingnan ang susunod na mapa, makikita na ang mga karatig bansa nito ay magkakaiba ang relihiyon. Ang

pagkakahiwalay ng lokasyon ng Pilipinas mula sa iba pang bansa sa Timog-silangang Asya ay isa sa mga dahilan kung bakit napanitili nito ang pagiging Kristiyanong bansa hanggang sa kasalukuyan.

Sa kasalukuyan, marami at iba't iba na ang mga relihiyon sa daigdig. Makikita sa mapa ang iba't ibang relihiyon at kung saan ito lumaganap at sinusunod sa kasalukuyan.




Makikita naman sa [http://www.diversityjournal.com/wp-content/uploads/world-religions-by-percentage-300x218.png](http://www.diversityjournal.com/wp-content/uploads/world-religions-by-percentage-300x218.png) ang bahagdan ng tagasunod ng iba't ibang relihiyon sa daigdig.

### 3. Lahi/Pangkat-Etniko

Ang daigdig ay tila isang malaking *mosaic* dahil na rin sa maraming natatanging paglalarawan at katangian ng mga naninirahan dito. Isang batayan nito ay ang *race* o lahi na tumutukoy sa pagkakakilanlan ng isang pangkat ng tao. Maaaring maging batayan ng pagbibigay-tangi sa lahi ay ang pisikal o bayolohikal na katangian ng isang pangkat ng tao. Maraming ginawa ang mga eksperto upang bumuo ng mga klasipikasyon ng mga tao sa daigdig. Marami ang nagsabing nagdulot ito ng kontrobersiya sapagkat maaaring magpakita ng diskriminasyon.

Sa kabilang banda, ang salitang etniko ay nagmula sa salitang Greek na *ethnos* na ang kahulugan ay "mamamayan." Ang mga miyembro ng pangkat-etniko ay pinag-uugnay ng magkakatulad na kultura, pinagmulan, wika, at relihiyon kaya naman sinasabing maliwanag ang kanilang sariling pagkakakilanlan.

## GAWAIN 18 Crossword Puzzle

Buuin ang *puzzle* tungkol sa heograpiyang pantao sa pamamagitan ng pagtukoy sa inilalarawan ng bawat bilang.




Pahalang
1. Kaluluwa ng kultura
3. Sistema ng mga paniniwala at ritwal
7. Pagkakakilanlang bayolohikal ng pangkat ng tao
9. Pamilya ng wikang Filipino
10. Matandang relihiyong umunlad sa India

ababa
2. Relihiyong may pinakamaraming tagasunod
4. Pamilya ng wikang may pinakamaraming taong gumagamit
5. Salitang ugat ng relihiyon
6. Salitang Greek ng "mamamayan"
8. Pangkat ng tao na may iisang kultura at pinagmulan

## GAWAIN 19 Community Profile

Mahalagang malaman at maunawaan mo ang heograpiya ng komunidad na iyong kinabibilangan. Kaugnay nito, gagawa ka ng *Community Profile*. Sundin ang sumusunod na hakbang sa paggawa nito:

1. Gamit ang mapa ng inyong barangay o bayan, lagyan ng palatandaan ang sumusunod:
   a. magagandang tanawin
   b. makasaysayang pook
   c. sentro ng hanapbuhay

2. Lagyan ng maikling deskripsiyon ang mga natukoy na lugar.

3. Tukuyin ang kanilang kasalukuyang kalagayan. Halimbawa: kung ito ba ay nasa maaayos na kalagayan o nanganganib na masira o mawala.

4. Lagyan din ng palatandaan sa mapa kung ano ang mga lugar na may mataas na kaso ng kalamidad o trahedya.

5. Ipaliwanag ang kaugnayan ng heograpiya sa uri at antas ng pamumuhay ng mga tao sa inyong lugar gamit ang *Cause and Effect Chart.*

## GAWAIN 20 Mapa ng Aking Pag-unawa

Balikan ang Gawain 2 na iyong sinagutan sa bahagi ng PAGTUKLAS. Sagutan ang ikalawang *diaglogue box* na nakaturo sa mapa ng Asya.

Bakit magkakaiba ang paraan ng pamumuhay ng mga tao sa iba’t ibang panig ng daigdig?



**GAWAIN 21** **Pagsulat ng Sanaysay**

Sumulat ng sanaysay tungkol sa kahalagahan ng pag-unawa sa heograpiya at

ang kaugnayan nito sa ating pang-araw-araw na pamumuhay. Gamitin ang *web* 2.0 *application* na www.evernote.com sa paggawa nito.

Sundin ang sumusunod na mga hakbang:

1. I-*type* ang www.evernote.com at i-klik ito.
2. Mag- *sign- up* upang magamit ang web 2.0 *application* na ito.
3. Pagkatapos mag sign-up, mag log in gamit ang iyong e-mail.
4. Sumulat ng sanaysay gamit ang www.evernote.com.
5. I-*save* ang ang nabuong sanaysay o kaya ay i-*send* ang *link* sa iyong guro sa pamamagitan ng *send message icon sa student's dashboard.*

**Katapusang Bahagi ng Paglinang**

Tinalakay sa bahaging PAGLINANG ang mga katuturan at kahalagahan ng heograpiya, limang tema ng heograpiya, ang heograpiyang pisikal, at ang heogrpiyang pantao.

Muli mong balikan ang iyong mga kasagutan sa bahagi ng PAGTUKLAS. May pagkakatulad ba ang iyong sagot? Nadagdagan ba ang iyong kaalaman? Lumawak ba ang iyong pag-unawa tungkol sa paksa?

Ngayong may sapat ka ng kaalaman at pag-unawa tungkol sa paksa, maaari ka nang tumungo sa susunod na bahagi ng modyul.

## PAGPAPALALIM

Pagtitibayin sa bahaging ito ng modyul ang mga nabuo mong pag-unawa tungkol sa kaugnayan ng heograpiya sa pamumuhay ng mga tao sa daigdig. Bibigyang- pansin mo rin sa bahaging ito ang dalawang magkatunggaling teorya tungkol sa interaksiyon ng tao sa kaniyang kapaligiran.

## GAWAIN 22 Basahin at Suriin

I-klik ang mga *weblink* sa ibaba. Punan ng sagot ang mga tanong sa kahon gamit ang mga impormasyon na iyong nabasa.

| http://www.geography.learnontheinternet.co.uk/topics/popn1.html |
|---|
| **Mga Tanong** |
| 1. May kaugnayan ba ang heograpiya sa pagiging makapal ng populasyon sa isang lugar o bansa? Patunayan. |
| 2. Alin sa dalawa ang mas makatotohanan, ang lugar ay nababago dahil sa pagkapal ng populasyon o dahil sa katangian ng lugar kung kaya't kumakapal ang populasyon? Ipaliwanag. |

## GAWAIN 23 Panindigan Mo!

I-klik ang mga *weblink* sa ibaba. Panindigan kung alin sa dalawang teorya ang iyong pinaniniwalaan. Magbigay ng mga kongkretong halimbawa. Isulat ang sagot sa www.evernote.com

Sundin ang sumusunod na mga hakbang:

1. Pumili ng teorya na iyong pinaniniwalaan.
2. I-type ang www.evernote.com at i-klik ito.
3. Mag- *sign- up* upang magamit ang *web 2.0 application* na ito.
4. Pagkatapos mag- *sign-up*, mag- *log -in* gamit ang iyong e-mail.
5. Sumulat ng sanaysay gamit ang *evernote*.
6. I-*save* ang ang nabuong sanaysay o kaya ay i-*send* ang *link* sa iyong guro sa pamamagitan ng *send message icon* sa *student's dashboard.*




## GAWAIN 24 Climate @ work

I-klik ang mga *weblink* sa ibaba. Punan ng sagot ang mga tanong sa kahon gamit ang mga impormasyon na iyong nabasa.

| http://epubs.icar.org.in/ojs-2.3.1-2/index.php/IJAgS/article/view/8436 |
|---|
| **Mga Tanong** |
| 1. Ano ang kaugnayan ng klima sa industriya ng *black pepper* sa India? |
| 2. Ano ang maaaring mangyari sa industriya ng *black pepper* sa India kapag nagpatuloy ang kasalukuyang sitwasyon? Ipaliwanag. |

## GAWAIN 25 Sa Madaling Salita

Bumuo ng pangkalahatang pag-unawa tungkol sa kaugnayan ng heograpiya sa pamumuhay ng tao batay sa mga sitwasyon na iyong sinuri.

| | | |
|---|---|---|
| Sa Gawain 22, ipinakita ang ugnayan ng heograpiya at kakapalan ng populasyon (populastion density). Nakita mo na may kaugnayan ang heograpiya sa pagpili ng tao ng kaniyang tirahan. | Sa Gawain 23, sinuri mo ang dalawang teoryang pang-heograpiya. Dito ay binigyang-linaw mo kung alin sa dalawa ang nagpapaliwanag sa ugnayan ng heograpiya at pamumuhay ng tao. | Sa Gawain 24, naunawaan mo na ang klima ng isang lugar ay batay sa kaniyang lokasyon. Ibig sabhin may kaugnayan ang klima sa heograpiya. Gayundin, ipinaliwanag sa artikulo na ang pagbabago ng klima ay nakaapekto sa kabuhayan ng tao. |

↓

Bumuo ng paglalahat batay sa iyong naunawaan sa tatlong sitwasyon na iyong sinuri. Gawing gabay ang tanong sa ibaba.

↓

| Bakit magkakaiba ang pamumuhay ng tao sa iba't ibang panig ng daigdig? |
|---|
| |

## GAWAIN 26 Mapa ng Aking Pag-unawa

Balikan ang Gawain 2 na iyong sinagutan sa bahagi ng PAGTUKLAS. Sagutan ang ikatlong *diaglogue box* na nakaturo sa mapa ng Daigdig.

Bakit magkakaiba ang paraan ng pamumuhay ng mga tao sa iba't ibang panig ng daigdig?






SAGUTAN ITO:



**Katapusang Bahagi ng Pagpapailalim**

Naunawaan mo sa bahaging ito ang kaugnayan ng heograpiya sa pamumuhay ng tao. Nakita mo ang mga aktwal na datos, senaryo, at teorya na nagpapatunay nito. Mahalagang isaisip mo na bahagi ng ating pang-araw-araw na pamumuhay ang heograpiya at naapektuhan nito ang ating mga gawain, hanapbuhay, kultura, at pakikipag-ugnayan sa ating kapwa.

Ngayon ay handa ka na para sa gawain sa **PAGLILIPAT.**

## PAGLILIPAT

Pagtitibayin sa bahaging ito ang iyong mga nabuong wastong pag-unawa sa pamamagitan ng paggawa sa isang mapanghamong gawain. Mapapansin mo na ang gawain sa bahaging ito ng modyul na naglalarawan ng isang sitwasyon na maaari mong makaharap sa mga susunod na panahon. Inaasahang pagbabatayan mo ang iyong mga natutuhan at naunawaan sa mga nakaraang aralin ang pagsasakatuparan ng mapanghamong gawaing ito.

**GAWAIN 27** **Handa ka na ba?**

Basahin ang mga kakayahan at paghahanda na inilalarawan sa unang kolum. Lagyan ng tsek (/) ang angkop na kolum batay sa iyong kakayahan at kahandaan sa paggawa ng susunod na gawain.

| Mga Kakayahan at Paghahanda | Handa ka na ba? | |
|---|---|---|
| | Oo | Hindi |
| 1. Alam ang proseso sa paggawa ng *blog* | | |
| 2. Alam ang mga impormasyon na dapat ilagay sa *blog* | | |
| 3. May kakayahan na maghanap ng mga *internet site* na makatutulong sa paggawa ng *blog* | | |
| 4. Nauunawaan ang tema ng gagawing *blog* | | |
| 5. Nauunawaan ang kaugnayan ng heograpiya sa pamumuhay ng tao | | |

## GAWAIN 28 Geo- Blog



Basahin ang sitwasyon sa ibaba. Isagawa ang inihandang gawain.

Magkakaroon ng *eco-tourism fair* sa Pilipinas bilang paghahanda para sa *ASEAN Integration 2015*. Humingi ng tulong ang ating pamahalaan sa mga *blogger* upang gumawa ng *blog* na nagpapakita ng pagmamalaki sa heyograpikal na katangiang taglay ng Pilipinas at ikaw ay isa sa mga naimbitahan para dito. Ilalahad mo ang iyong mabubuong *blog* sa mga delegado ng *eco-tourism fair.* Sa paggawa ng *blog*, dapat na isaalang-alang ang sumusunod na pamantayan: (a) nilalaman, (b) kahalagahan ng heograpiya, (c) kawastuhan ng datos, (d) presentasyon; at (e) pagkamalikhain.

**RUBRIK SA PAGMAMARKA NG BLOG**

| Pamantayan | Napakahusay | Mahusay | Nalilinang | Nagsisimula |
|---|---|---|---|---|
| **NILALAMAN** | Wasto ang lahat ng impormasyon. Nagdagdag ng mga impormasyon na makatutulong sa mga mambabasa upang higit na lumawak ang kanilang kaalaman. | Wasto ang lahat ng impormasyon. Naipahayag ang mga kailangang kaalaman tungkol sa paksa. | May ilang maling impormasyon. Naipahayag ang mga kailangang kaalaman tungkol sa paksa. | Maraming maling impormasyon. Hindi naipahayag ang kailangang kaalaman tungkol sa paksa. |
| **KAHALAGAHAN NG HEOGRAPIYA** | Kumprehensibo at maliwanag na naipakita ang kahalagahan at kaugnayan ng heograpiya sa pang-araw-araw na pamumuhay. | Naipakita ang kahalagahan at kaugnayan ng heograpiya sa pang-araw-araw na pamumuhay. | Hindi gaanong naipakita ang kahalagahan at kaugnayan ng heograpiya sa pang-araw-araw na pamumuhay. | Hindi naipakita ang kahalagahan at kaugnayan ng heograpiya sa pa-araw-araw na pamumuhay. |
| **KAWASTUHAN NG DATOS** | Wasto ang lahat ng datos. Makatotohanan at kapani-paniwala ang mga ito. Nakabatay ito sa pinakabagong | Wasto ang lahat ng datos. Makatoto-hanan at kapanipani- | May ilang maling datos. Naging dahilan ito upang magkaroon ng pagdududa sa nilalaman ng *blog*. | Maraming maling impormasyon. Hindi kapani-paniwala ang nilalaman ng *blog.* |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | pag-aaral o pagsasaliksik. | wala ang mga ito. | | |
| **PRESENTASYON** | Organisado at maayos ang presentasyon ng mga nilalaman, datos, at larawan. Malinaw na naipakita ang kaugnayan nito sa pagpapalalim ng pang-unawa sa heograpiya. | Maayos ang presentasyon ng mga nilalaman, datos, at larawan. Naipakita ang kaugnayan nito sa pagpapalalim ng pang-unawa sa heograpiya. | Hindi gaanong maayos ang presentasyon ng mga nilalaman, datos, at larawan. Hindi gaanong naipakita ang kaugnayan nito sa pagpapalalim ng pang-unawa sa heograpiya. | Hindi maayos ang presentasyon ng mga nilalaman, datos, at larawan. Hindi naipakita ang ugnayan nito sa pagpapalalim ng pang-unawa sa heograpiya. |
| **PAGKA-MALIKHAIN** | Malikhain, mahusay ang pagsasaayos ng *blog.* Gumamit ng mga orihinal na larawan, *audio* at *video presenta-tion*, at angkop na kulay upang maging kaaaya-aya at kakaiba ang *blog*. | Mahusay ang pagsasaayos ng *blog.* Gumamit ng mga larawan at angkop na kulay upang maging kaaaya-aya ang *blog.* | Hindi gaanong mahusay ang pagsasaayos ng *blog.* Hindi gaanong angkop ang mga ginamit na kulay. May mga bahagi na hiram sa ibang gawain. | Hindi mahusay ang pagsasaayos ng *blog.* Hindi naging malikhain ang presentasyon ng *blog.* |

Matapos mong maisakatuparan ang mga gawain sa PAGLINANG, PAGPAPALALIM at ang gawain sa PAGLILIPAT ay nasisiguro kong marami kang natutuhan at mas lalo pang lumawak ang iyong pang-unawa at pananaw tungkol sa kahalagahan ng heograpiya sa pang-araw-araw na pamumuhay ng tao.

**GAWAIN 29** **Pagsulat ng Repleksyon**

Sumulat ka ng repleksiyon tungkol sa iyong mga natutuhan at realisasyon sa kahalagahan ng kaalaman sa heograpiya at kaugnayan ng heograpiya sa pamumuhay ng tao at ugnayan ng mga bansa sa daigdig.

**Katapusang Bahagi ng Paglilipat**

Binabati kita!

Nagampanan mo ng mahusay ang mga mapanghamong gawain sa modyul na ito. Matagumpay mong naisakatuparan ang iba't ibang gawain. Naunawaan mo rin ang iba't ibang konsepto na may kaugnayan sa heograpiya. Higit sa lahat, natutuhan mo rin kung paano nakaapekto ang heograpiya sa ating pang-araw-araw na pamumuhay. Nakatulong ba ang gawaing ito upang makita mo ang gamit ng paksang ito sa totoong buhay? Paano?

Handa ka na ngayon upang sagutin ang panghuling pagtataya.

## PANGHULING PAGTATAYA

Ito na ang pagkakataon upang mataya ang iyong natutuhan. I-klik lamang ang titik nang napili mong sagot. Makikita mo ang iyong nakuhang iskor pagkatapos mong masagutan ang lahat ng aytem. Kung mataas ang iyong nakuhang iskor, maaari ka nang pumunta sa susunod na modyul. Kung ang nakuha mong iskor ay wala sa inaasahang lebel o iskor, kailangan mong balikang muli ang modyul.

Kung handa ka na, i-klik ang SIMULA.

Basahin at unawaing mabuti ang mga sumusunod na tanong. I-klik ang titik ng wastong sagot.

1. Ano ang tawag sa isa sa limang tema ng heograpiya na tumutukoy sa bahagi ng daigdig na may magkakatulad na katangiang pisikal o kultural?
   a. lokasyon
   b. lugar
   c. paggalaw
   d. rehiyon

2. Saan matatagpuan ang *Lascaux Painting* sa ibaba?



   A. France
   B. Spain
   C. China
   D. Germany

3. Saan matatagpuan ang lungsod ng Harappa at Mohenjo-daro?



A. Mesopotamia
B. Egypt
C. India
D. China

4. Makikita sa mapa ang *population density* ng Pilipinas noong 2000. Batay dito, ang NCR, Region III, at Region IV-A, ang may pinakamakapal na populasyon. Alin sa sumusunod ang maaaring dahilan ng ganitong sitwasyon?




a. Maraming mamamayan ang naninirahan sa mga nabanggit na lugar.
b. Makikita sa mga nabanggit na rehiyon ang iba’t ibang sentro ng hanapbuhay at komersiyo.
c. Maraming Pilipino ang nagnanais na makarating at manirahan sa mga nabanggit na rehiyon.
d. Mataas ang *population growth rate* sa mga nabanggit na rehiyon kung kaya’t maraming nadagdag sa populasyon.

5. Sa anong panahon natuklasan ng sinaunang tao ang pagsasaka?



a. Paleolitiko
b. Mesolitiko
c. Neolitiko
d. Panahon ng Metal

6. Paano nakatulong ang mga ilog sa pamumuhay ng mga unang tao?
   a. Natuto ang mga tao sa pangingisda, pangangalakal, pagsasaka at pag-aalaga ng hayop.
   b. Natuto ang mga tao na mangaso at magpulot ng prutas.
   c. Natuto ang mga tao na magtanim at mangisda.
   d. Natuto ang mga tao na maghabi ng tela.

7. Anong ilog ang tinawag na "Pighati ng China"?



   a. Yangtze
   b. Nile

c. Indus
d. Huang Ho

8. Mula sa larawan, ano ang *ziggurat*?



a. templo
b. museleo
c. palasyo
d. bahay-tanggulan

9. Ang mga mamamayan na naninirahan sa Sahel ay nagtatapis ng tela sa kanilang ulo bilang pananggalang sa init at buhangin. Ang mga Tsino ay nagtayo ng mataas na dike upang mailigtas ang kanilang pananim sa tuwing umaapaw ang Ilog Huang He. Samantala, kilala ang Baguio sa pagluluwas ng prutas, gulay, at mga bulaklak dahil sa angkop ang klima nito sa mga ganitong uri ng pananim. Anong kongklusyon ang iyong mabubuo mula sa mga nabanggit na sitwasyon?
   a. Magkakaiba ang paraan ng pamumuhay ng tao sa iba't ibang bahagi ng daigdig.
   b. Ang katangian ng heograpiya ang pangunahing salik na humuhubog sa pamumuhay ng tao.
   c. Nakabatay sa pagtugon ng tao sa kaniyang kapaligiran ang uri ng kaniyang pamumuhay.
   d. Nakaapekto sa kasaysayan ng isang bansa ang uri at katangian ng kaniyang heorapiya.

10. Anong sitwasyon ang nagpapakita kung paano nabuhay ang unang tao upang tugunan ang kanyang pangangailangan?
    a. Paghahabulan ng mga mababangis na hayop sa gubat.
    b. Pagpapatayo ng mga dam, kalsada, at irigasyon.
    c. Paglalagalag mula sa iba't ibang lugar.
    d. Pagsabog ng bulkan at pagyanig ng lupa.

11. Batay sa larawan sa ibaba, ano ang iyong mahihinuha tungkol sa epekto ng pamumuhay ng mga mamamayan sa pagbabago ng mekanismo at teknolohiyang nagamit sa sinaunang kabihasnan?



    a. Ang mga natamo nating kaunlaran sa kasalukuyang panahon ay pamana ngmga sinaunang kabihasnan kaya dapat natin itong pagyamanin upang ang mga ito ay mabigyang halaga pa sa mga mamamayan sa hinaharap na panahon.
    b. Dapat kalimutan ang mga mekanismo at teknolohiyang mga pamana natin sa mga sinaunang kabihasnan dahil ang mga ito ay nagdulot ng kasamaan at paghihirap natin sa kasalukuyang panahon.
    c. Hindi dapat pansinin ang mga naging ambag sa mga sinaunang kabihasnan dahil nagamit lang sila sa mga sinaunang panahon.
    d. Magagamit ang mga kontribusyon ng mga sinaunang kabihasnan sa kasalukuyang panahon sa pamamagitan ng pagsama nito sa mga panturismong programa ng mga bansa na matatagpuan ang mga sinaunang mekanismo at mga teknolohiya.

12. Ang Japan ay hindi gaanong sagana sa likas na yaman, ang Saudi Arabia naman ay salat sa yamang-tubig, at ang China ay may mga bahaging disyerto at bulubundukin. Sa kabila ng kanilang pisikal na katangian, ang mga nabanggit na bansa ay ilan sa mga mauunlad sa daigdig. Anong kaisipan ang iyong mabubuo tungkol dito?
    a. Ang mga nabanggit na bansa ay may mataas na antas ng teknolohiya.
    b. Ang mga mamamayan sa bansang ito ay mapamaraaan.
    c. Nakabatay ang pag-unlad ng isang bansa sa ugnayan ng tao at kapaligiran.
    d. Nakadepende sa uri ng kapaligiran at likas na yaman ng isang bansa ang kaniyang pag-unlad.

13. Alin sa mga sumusunod na pahayag ang totoo tungkol sa mga hayto ayon sa siyentipikong pag-aaral?
    a. Ang hayto ng tao ay may pagkakatulad sa hayto ng sinaunang bakulaw.
    b. Natunaw lahat ng haytong nagpapatunay sa ebolusyon ng tao.
    c. Ang tao ay hindi nagdaan sa eblolusyon.
    d. Ang ebolusyon ng tao ay hindi pinapaniwalaan ng mga siyentipiko.

14. Ginawa ng mga alipin ang mga pyramid mula sa utos ng mga paraon. Sang -ayon ka ba dito?
    a. Oo, dahil ang mga alipin ay pinahirapan at ginutom sa paggawa ng mga pyramid.
    b. Oo, dahil ang mga alipin ay mula sa mga nasakop na lugar ng paraon.
    c. Hindi, dahil ang mga pyramid ay ginawa ng mga tao mula sa nasasakupan ng paraon.
    d. Hindi, dahil ang mga *pyramid* ay ginawa ng mga *alien.*

15. Magkakaroon ng pagpupulong sa inyong barangay tungkol sa mga paraan kung paano maiiwasan ang masamang epekto ng iba't ibang kalamidad. Bilang kinatawan ng Sangguniang Kabataan, ikaw ay naatasan na gumawa ng paraan upang matukoy ang mga *disaster prone area* sa inyong lugar. Ito ay iyong ilalahad sa mga kinatawan ng bawat purok at sa iba pang miyembro ng sangguniang kabataan. Alin sa sumusunod ang angkop na produktong iyong gagawin?
    a. projection map
    b. disaster prone map
    c. topography map
    d. climate map

16. Isa sa mga suliraning dulot ng *climate change* ay ang madalas na pagkakaroon ng kalamidad. Bunga nito, nagpatawag ang inyong mayor ng pagpupulong ng iba't ibang kinatawan upang masuri ang antas ng kahandaan ng inyong lugar. Bilang miyembro ng isang NGO, ikaw ay naimbitahan at naatasan na maglahad ng *project proposal* tungkol sa mga paghahanda ng inyong lugar. Ito ay ilalahad mo sa mga bumubuo ng lokal na pamahalaan at iba pang kinatawan na kasama sa pagpupulong. Kung ang produkto ay *project proposal*, alin sa sumusunod ang angkop na pamantayan upang masuri ito?
    a. kaangkupan, nilalaman, presentasyon, at kawastuhan ng datos
    b. kaangkupan, nilalaman, presentasyon, at kaangkupan ng salita
    c. kaangkupan, nilalaman ng datos, presentasyon at kabuluhan ng proposal
    d. kaangkupan, nilalaman,at presentasyon

17. Ang National Museum ay magdaraos ng isang ekshibit sa mga sinaunang kagamitan. Bilang *curator,* ano ang pinakamainam na pag-aanunsiyo nito?
    a. Pagtawag sa lahat ng kakilala.
    b. Pamumudmod ng pampleta sa gaganaping ekshibit.
    c. Pagbisita sa mga kakilala.
    d. Pag-text sa mga kakilala.

18. Ang TV Patrol ay magpapalabas ng isang dokumentaryo sa pamumuhay ng sinaunang Pilipino na matatagpuan sa kuweba ng Tabon sa may Palawan. Inatasan ka bilang isang reporter na gawin ang dokumentaryo. Ano ang pamantayan mo sa paggawa nito?
    a. impormatibo at organisado
    b. impormatibo, organisado, at dating sa manonood
    c. impormatibo, organisado at makulay
    d. impormatibo, organisado at mabilis na pagbabalita

19. Ang bagyong Yolanda ay nanalasa sa Tacloban City, Leyte na sumira sa mga sinaunang kagamitan at istruktura. Bilang isang *archivist*, paano mo papanatilihin ang pagkakakilanlan ng inyong lugar?
    a. Hayaang tuluyang masira ang mga sinaunang kagamitan at istruktura.
    b. Humingi ng mga donasyon upang bumili ng mga panibagong kagamitan sa museum.
    c. Gumawa ng mga tala, *video,* at mga larawang nagpapakita ng sinaunang kagamitan at istruktura.
    d. Kausapin ang bawat taong makilala upang pag-usapan ang epekto ng bagyo.

20. Ang Aprika ay tinaguriang "Pinakamahirap na Kontinente sa Buong Mundo". Sa kabilang dako ay mayaman ang kontinente ng mga likas na yaman at Mayamang kasaysayan tulad ng mga sinaunag kagamitan at mga lumang istruktura na nagpapatunay ng maunlad ng kabihasnan ng tao. Bilang isang katutubong Aprikano, ano ang pinakamabisang paraan upang makahikayat ng mga turista sa Aprika?
    a. Maglakbay sa iba't ibang bansa upang manghikayat sa bawat taong makausap.
    b. Tawagan ang mga kaibigan upang maglakbay sa Aprika.
    c. Mag-upload ng *video* na nagpapakita ng mga magagandang tanawin, istruktura at kagamitan sa youtube.
    d. Magpamudmod ng mga *brochure* sa bawat taong makasalubong.

## GLOSARYO NG MGA TERMINONG GINAMIT SA ARALIN

**Agham Politika –** Pag-aaral sa mga pamahalaan o gobyerno at ang mga proseso sa pagbubuo ng mga polisiya. Kasama na sa pag-aaral na ito ang mga kilos, aksyon at iba pang galaw ng gobyerno at ng mga politiko.

**Ekonomiya –** Tumutukoy sa pag-aaral kung paano magagamit ng wasto ang mga pinagkukunang yaman upang matugunan ang walang hanggang pangangailangan.

**Equator –** Pahalang na guhit na nasa gitnang bahagi ng globo. Ito ay may sukat na $0^0$. Hinahati nito ang globo sa hilaga at timog na bahagi.

**Etniko -** Nagmula sa salitang Greek na *ethnos* na ang kahulugan ay 'mamamayan.'

**Globo –** Bilog na representasyon ng mundo.

**Heograpiya –** Mula sa salitang Greek na "geo" ibig sabihin ay mundo at "graphein" ibig sabihin ay magsulat. Nangangahulugan itong magsulat tungkol sa mundo.

**Heograpiyang Pantao –** Sangay ng heograpiya na nakatuon sa pag-aaral kung paano namumuhay ang tao sa kaniyang pisikal at kultural na kapaligiran.

**Heograpiyang Pisikal -** Sangay na nakatuon sa pag-aaral ng iba't ibang katangian at proseso ng pisikal na daigdig tulad ng paggalaw ng hangin at tubig.

**Interaksiyon ng Tao at Kapaligiran** - Ito ang kaugnayan ng tao sa pisikal na katangiang taglay ng kaniyang kinaroroonan.

**Kasaysayan –** Pag-aaral sa mga nakaraang pangyayari na mahalaga. Ayon kay Zeus Salazar, ito ay "salaysay na may saysay."

**Lahi -** Tumutukoy sa pagkakakilanlan ng isang pangkat ng tao. Maaaring maging batayan ng pagbibigay-tangi sa lahi, ang pisikal o biyolohikal na katangian ng isang pangkat ng tao.

**Latitude –** Mga patayong guhit na makikita sa globo.

**Lokasyon -** Ito ay tumutukoy sa kinaroroonan ng mga lugar sa daigdig.

**Lokasyong Absolute –** Lokasyon ng bansa gamit ang imahinasyong guhit na *latitude* at *longitude.* Ang pagkrus ng dalawang guhit na ito ang tumutukoy sa eksaktong kinaroroonan ng isang lugar sa daigdig.

**Longitude –** Mga pahigang guhit na makikita sa globo.

**Lugar -** Ito ay tumutukoy sa mga katangiang nagtatangi sa isang pook sa iba.

**Paggalaw -** Ito ay ang paglipat ng tao mula sa kinagisnang lugar tungo sa ibang lugar; kabilang din dito ang paglipat ng mga bagay at likas na pangyayari tulad ng hangin at ulan.

**Prime Meridian -**Patayong guhit na makikita sa gitnang bahagi ng globo. Ito ay may sukat na $0^0$. Hinahati nito ang globo sa Silangang hating globo at Kanlurang hating globo.

**Relatibong Lokasyon –** Pagtukoy sa lokasyon ng isang bansa batay sa mga nakapaligid na ayong lupa, anyong tubig, at bansa.

**Relihiyon -** Ito ay bahagi ng daigdig na pinagbubuklod ng mga magkakatulad na katangiang pisikal o kultural.

**Sosyolohiya –** Ang pag-aaral ng alituntunin ng lipunan at ang proseso na hinihiwalay ng tao di lamang indibidwal kundi kasapi ng grupo o asosasyon.

**Wika -** Itinuturing ang wika bilang kaluluwa ng isang kultura.

## TALASANGGUNIAN AT MGA WEBSITE NA GINAMIT SA ARALIN

### IMAHE

**Mundo**
http://www.questionsonislam.com/sites/default/files/5679642883_24a2e905e0_b.jpeg

**stick man and woman**
http://www.clipartbest.com/cliparts/RcA/6bM/RcA6bMkei.png

**map of the philippines**
http://www.quicklogodesign.com/blog/wp-content/uploads/image/Philippine-Map.gif

**pie chart**
http://www.census.gov.ph/sites/default/files/hsd/fig%201%20percent%20distribution%20of%20migration.png

**map of Asia**
http://www.lib.utexas.edu/maps/middle_east_and_asia/asia_southern_pol_2004.jpg

**earth's structure**
http://www.edupic.net/Images/ScienceDrawings/Thumbs/earth's_internal_structure_sm.png

**world map – continents**
http://www.whereig.com/images/world-continents-map.jpg

**landforms and waterforms -**
http://ed101.bu.edu/StudentDoc/Archives/ED101sp09/amwoog/landform%20map.jpg
**religious map of asia**
**http://www.themuslimtimes.org/wp-content/uploads/2011/12/w091.jpg**

**religious map of the world**
**http://www.worldreligions.psu.edu/images/artimages/maps/worldmap.jpg**

***VIDEO***

**Earth- one video you need to see -**
http://www.youtube.com/watch?v=thuViaxRd_w

**Geography: What is it for?**
http://www.youtube.com/watch?v=sgGb8BM2TBk

**History of Continents**
http://www.youtube.com/watch?v=QL7LX5-ytOg

## ARALIN 2: ANG PAGSISIMULA NG MGA KABIHASNAN SA DAIGDIG (Prehistoriko-1000 BCE)

### ☑ Panimula at mga Pokus na Tanong

Naitanong mo na ba kung paano nabuhay ang sinaunang tao noon? Kung bibigyan ka ng pagkakataon, ano kaya ang una mong gagawin? Kaya mo kaya ang mga pamamaraan ng kanilang pamumuhay? Ito'y ilan lamang sa mga naglalarong tanong sa ilang mga tao na naghahanap ng mga kongkretong sagot sapagkat walang makapagsasabi talaga kung paano namuhay ang unang tao sa daigdig. Anumang nalalaman natin ay batay lamang sa mga kagamitang naiwan at nahukay ng ating mga ninuno na tinatawag nating *artifacts* at higit sa lahat ay sa pamamagitan ng mga hayto. Bilang tao, nais mo bang palawakin ang iyong mga kaalaman sa ating mga ninuno? Handa ka na bang malaman ang kanilang mga pinagdaanan upang mabuo ang makabagong kabihasnang iyong nakagisnan?

Kung oo ang iyong sagot, samahan mo akong tuklasin ang iba't ibang mga pagbabago at yugto na pinagdaanan ng unang tao sa daigdig upang masagot ang tanong na**: Paano nakaaapekto ang mga pagbabago sa teknolohiya sa pamumuhay ng unang tao at sa pag-usbong ng sinaunang kabihasnan?**

Matutuklasan at matutunghayan mo sa modyul na ito ang mga pagbabagong pisikal at bayolohikal na pinagdaanan ng tao bilang tugon sa kanyang pangangailangan at manatiling buhay sa kabila ng iba't ibang pagsubok na kanilang pinagdaanan. Mamangha ka sa kakayahan at talino ng tao na siyang magpapatunay na siya ang pinakamatalino at pinakamataas na uri ng hayop. Matatanto mo ang halaga ng bawat kontribusyon at imbensiyon ng unang tao na siyang magtutulak sa iyo na pahalagahan ito at kung anumang buhay na mayroon ka sa pangkasalukuyan.

Handa ka na bang tuklasin ang hiwaga sa eboluyon ng tao at ng kanyang kultura upang maliwanagan ka sa anumang agam-agam? Kung oo, magpatuloy tayo!

## ☑ SAKLAW NG ARALIN

Sa araling ito ay matutunan mo ang mga sumusunod:

| Aralin Blg. | Pamagat | Matutuhan mo ang… | Blg. Ng Sesyon |
|---|---|---|---|
| 2 | Ang Pagsisimula ng mga Kabihasnan sa Daigdig (Prehistoriko-1000 BCE)<br>• Kondisyong Heograpikal sa Panahon ng mga Unang Tao sa Daigdig<br>• Pamumuhay ng mga Unang Tao sa Daigdig<br>• Mga Yugto sa Pag-unlad ng Kultura sa Panahong Prehistoriko | 1. Nasusuri ang kondisyong heograpikal sa panahon ng mga unang tao sa daigdig.<br>2. Naipaliliwanag ang uri ng pamumuhay ng mga unang tao sa daigdig.<br>3. Nasusuri ang yugto ng pag-unlad ng kultura sa panahong prehistoriko. | |

### ☑ Concept Map ng Aralin

Ito ang simpleng mapa ng mga paksa na ating tatalakayin sa aralin.




### ☑ Inaasahang Kasanayan

Upang matagumpay na masagutan ang modyul na ito at malinang nang lubos ang iyong kakayahan at pang-unawa, kinakailangang tandaan at gawin mo ang mga sumusunod:

1. Nasasagutan ang *pre* at *post test.*
2. Nagagamit ang *just the word* upang makuha ang kahulugan ng mga mahahalagang konsepto.
3. Natataya ang *primary* at sekondaryang batayan ng kasaysayan.
4. Nakapagsasagawa ng mga pananaliksik gamit ang mga nabigay na *websites.*
5. Nakapagsusuri ng mga larawan, artikulo at *video* ukol sa mga pinagmulan ng tao at sa uri ng kanilang mga pamumuhay.
6. Nakagagawa ng *concept map* na nagpapakita ng pang-unawa sa aralin gamit ang *gliffy.*
7. Nakasusunod sa mga panuto upang makagawa ng iba't ibang gawain gamit ang *web 2.0 applications*.
8. Nakapagsasagawa ng panayam upang matukoy ang mga proyekto sa pag-iingat at pagpreserba ng mga istruktura at mga unang kagamitan ng unang tao.

## PANIMULANG PAGTATAYA

Alamin natin ngayon kung may kaalaman ka sa araling tatalakayin sa pamamagitan nang pagsagot sa panimulang pagtataya. I-klik lamang ang titik ng wastong sagot at sagutan lahat ang mga tanong. Pagkatapos,makikita mo ang nakuha mong iskor. Tandaan mo ang mga aytem at mga tanong na hindi mo nasagot. Malalaman mo ang wastong sagot habang pinag-aaralan mo ang modyul na ito.

Basahing mabuti ang mga sumusunod na tanong. I-klik ang titik ng wastong sagot.

1. Ano ang tawag sa isa sa limang tema ng heograpiya na tumutukoy sa paglipat ng tao mula sa kinagisnang lugar tungo sa ibang lugar?
   a. lokasyon
   b. lugar
   c. paggalaw
   d. rehiyon

2. Saan matatagpuang kuweba ang *Bison Painting* na nasa larawan?



   a. France
   b. Spain
   c. Altamira
   d. Lascaux

3. Bakit karaniwang nagsimula sa mga anyong tubig ang mga sinaunang kabihasnan?
   a. Ang mga yamang tubig ay mas masagana kaysa sa mga yamang-lupa.
   b. Mas gusto ng mga tao ang sinaunang kabihasnan na malapit lang sila sa kanilang paliliguan.
   c. Nais ng mga tao sa sinaunang kabihasnan na makipamuhay sa mga lugar na makatugon sa kanilang pangunahing pangangailangan.

   d. Nasisiyahan ang mga sinaunang tao sa kagandahan ng paligid at tanawin ng mga anyong tubig.

4. Makikita sa mapa ang lokasyon ng Hong Kong kaugnay ng iba pang bansa sa Silangan at Timog-silangang Asya. Batay sa iyong pagsusuri, ano ang kaugnayan ng lokasyon ng Hong Kong sa pagiging maunlad ng ekonomiya nito?




   a. Nakatatangggap ng tulong ang Hongkong mula sa mga karatig- bansa nito.
   b. Napalilibutan ng anyong-tubig ang Hongkong.
   c. Istratehiko ang lokasyon nito para sa pakikipagkalakalan.
   d. Kilala ito sa iba't ibang yamang-dagat na mabili sa mga turista.

5. Mula sa larawan, paano nabuhay ang sinaunang tao?



   a. pagsasaka
   b. pangangaso
   c. pangingisda
   d. pagpupulot ng prutas

6. Bakit naging nomadiko ang mga unang tao?
   a. Ang mga unang tao ay naghahanap ng kanilang mga kamag-anak na nawalay.
   b. Ang mga unang tao ay naghahanap ng pagkain sa lugar na kanilang nililipatan.
   c. Ang unang tao ay nagsawa na sa dating lugar.
   d. Ang unang tao ay namasyal upang magliwaliw.

7. Nalilimutan na ng mga tao sa kasalukuyan ang mga naiambag sa mga sinaunang kabihasnan dahil sa tagal na ng panahong lumipas. Totoo ba ito?
   a. Totoo ito dahil sa kasalukuyang panahon ang mga kagamitang mahal at makabago na ang ating ginagamit.
   b. Totoo ito dahil mas madali nang naisasagawa ang pang-araw -araw na gawain ng mga tao sa kanyang paggamit ng makabagong bagay.
   c. Hindi ito totoo dahil sa marami sa naging ambag ng mga sinaunang kabihasnan ay makikita pa natin sa kasalukuyang panahon. Marami sa mga ito ay pinagtibay pa at pinepreserba upang higit na maunawaan ng mga mamamayan ang naging epekto nito sa ating kaunlaran.
   d. Hindi ito totoo dahil malaki itong kasalanan kung tayo ay makalilimot sa mga naging ambag sa mga sinaunang kabihasnan.

8. Batay sa larawan, ano ang iyong mahihinuha tungkol sa epekto ng pamumuhay ng mga mamamayan sa pagbabago ng mekanismo at teknolohiyang nagamit sa sinaunang kabihasnan?



   a. Ang mga natamo nating kaunlaran sa kasalukuyang panahon ay pamana sa mga sinaunang kabihasnan kaya dapat natin itong pagyamanin upang ang mga ito ay mabigyang halaga pa sa mga mamamayan sa hinaharap na panahon.
   b. Dapat kalimutan ang mga mekanismo at teknolohiyang mga pamana natin sa mga sinaunang kabihasnan dahil ang mga ito ay nagdulot ng kasamaan at paghihirap natin sa kasalukuyang panahon.
   c. Hindi dapat pansinin ang mga naging ambag sa mga sinaunang kabihasnan dahil nagamit lang sila sa mga sinaunang panahon.

d. Magagamit ang mga kontribusyon ng mga sinaunang kabihasnan sa kasalukuyang panahon sa pamamagitan ng pagsama nito sa mga panturismong programa ng mga bansa na matatagpuan ang mga sinaunang mekanismo at mga teknolohiya.

9. Karamihan sa mga Pilipino ay magsasaka at mangingisda dahil sa tropikal na klima at ito ay napalilibutan ng anyong tubig. Samantala, ang mga bansa naman sa Kanlurang Asya ay nagluluwas ng langis na kanilang namimina. Kilala naman ang Africa sa pagluluwas ng ginto na kanilang namimina mula sa mga kabundukan sa gitnang bahagi ng kontinente. Anong kongklusyon ang iyong mabubuo mula sa mga nabanggit na sitwasyon?
   a. Magkakaiba ang paraan ng pamumuhay ng tao sa iba't ibang bahagi ng daigdig.
   b. Ang katangian ng heograpiya ang pangunahing salik na humuhubog sa pamumuhay ng tao.
   c. Nakaapekto sa kasaysayan ng isang bansa ang uri at katangian ng kaniyang heograpiya.
   d. Nakaiimpluwensiya sa uri ng pamumuhay ng tao ang katangiang pisikal ng kaniyang lugar.

10. Bakit tumira sa mga matataas na lambak na karaniwang matatagpuan sa tabi ng mga anyong-tubig ang sinaunang tao?
    a. Ang sinaunang tao ay nabuhay sa pangingisda, pangangaso, pag-aalaga ng hayop at pagsasaka.
    b. Ang sinaunang tao ay nawili sa magagandang tanawin sa lambak-ilog.
    c. Ang sinaunang tao ay natutong mangisda sa ilog.
    d. Ang sinaunang tao ay nomadiko.

11. Paano nakaaapekto ang mga pagbabago ng mga pamaraan, mekanismo at teknolohiya sa sinaunang kabihasnan sa kanilang pisikal na kapaligiran at sa kanilang pamumuhay?
    a. Lubos na nahirapan ang mga sinaunang mamamayan dahil sa pang-aabuso ng mga namuno para maitaguyod lamang ang kanilang mga sariling interes.
    b. Higit na naging makapangyarihan pa ang mga namuno sa sinaunang kabihasnan dahil sa epekto ng pagbabago ng mga teknolohiyang ginamit nila.
    c. Mahalaga ang naidulot sa pamumuhay ng mga sinaunang mamamayan sa pagbabago ng mekanismo at teknolohiyang nagamit nila. Ang mga ito ay nagsilbing pamana sa mga mamamayan noon sa kasalukuyan at sa hinaharap.
    d. Marami sa mga teknolohiya noon ay halos katulad na rin sa kasalukuyan. Dapat nating pasalamatan ang mga sinaunang mamamayan sa mga ideyang naipamana pa natin sa kasalukuyan.

12. Ang Japan ay hindi gaanong sagana sa likas na yaman, ang Saudi Arabia naman ay salat sa yamang-tubig, at ang China ay may mga bahaging disyerto at bulubundukin. Sa kabila ng pisikal na katangian ng mga bansang ito, ay ilan sa mga mauunlad sa daigdig. Anong kaisipan ang iyong mabubuo tungkol dito?
    a. Ang nabanggit na mga bansa ay may mataas na antas ng teknolohiya.
    b. Ang mga mamamayan sa mga bansang ito ay mapamaraan.
    c. Nakabatay ang pag-unlad ng isang bansa sa ugnayan ng tao at kapaligiran.
    d. Nakadepende sa uri ng kapaligiran at likas na yaman ng isang bansa ang pag-unlad nito .

13. Alin sa mga sumusunod ang totoo sa pamumuhay ng sinaunang tao sa panahon ng prehistoriko?
    a. Naghirap at nagutom ang sinaunang tao dahil wala silang makain.
    b. Namuhay ng masagana ang mga sinaunang tao bilang mangangaso at taga-tipon ng pagkain.
    c. Namatay lahat ang sinaunang tao sa panahon ng yelo.
    d. Natuto ang sinaunang tao sa paggamit ng kompyuter.

14. Ginawa ng mga alipin ang mga *pyramid* mula sa utos ng mga paraon. Sang-ayon ka ba dito?
    a. Oo, dahil ang mga alipin ay pinahirapan at ginutom sa paggawa ng mga *pyramid.*
    b. Oo, dahil ang mga alipin ay mula sa mga nasakop na lugar ng paraon.
    c. Hindi, dahil ang mga pyramid ay ginawa ng mga tao mula sa nasasakupan ng paraon.
    d. Hindi, dahil ang mga pyramid ay ginawa ng mga *alien*.

15. Magkakaroon ng pagpupulong sa inyong barangay upang matukoy ang mga lugar na may mataas na posibilidad ng trahedya (High Risk Disaster Area). Miyembro ka ng organisasyon ng mga kabataang naatasang gumawa ng SWOT (*strength, weakness, opportunities, and threat*) *analysis* ng inyong paaralan kaugnay sa mga kalamidad. Ilalahad mo ito sa iyong kapwa kabataan. Alin sa sumusunod ang angkop na pamantayan para sa iyong presentasyon?
    a. Nilalaman, kaangkupan ng salita, kawastuhan ng datos, paggamit ng mga konsepto ng heograpiya.
    b. Nilalaman, presentasyon, kaangkupan ng salita, kawastuhan ng datos
    c. Nilalaman, kaangkupan ng salita, kawastuhan ng datos, presentasyon
    d. Nilalaman, kaangkupan ng salita, kawastuhan ng datos, presentasyon

16. Magkakaroon ng kumperensiya tungkol sa pangangalaga ng mga magagandang tanawin sa inyong bayan. Bilang kinatawan ng mga kabataan, naatasan kang gumawa ng adbokasiya upang mapangalagaan ang mga nabanggit na tanawin. Ilalahad mo ang iyong adbokasiya sa mga miyembro ng Sangguniang Panlungsod. Alin sa sumusunod ang angkop na produkto para sa iyong adbokasiya?
    a. Paggawa ng *brochure*
    b. Paggawa ng *project proposal*
    c. Paggawa ng *letter of appeal*
    d. Pagsulat ng *essay*

17. Ang National Museum ay magdaraos ng isang ekshibit sa mga sinaunang kagamitan. Bilang *curator*, ano ang pinakamainam na pag-aanunsiyo nito?
    a. Pagtawag sa lahat ng kakilala.
    b. Pamumudmod ng pampleta sa gaganaping ekshibit.
    c. Pagbisita sa mga kakilala.
    d. Pagtext sa mga kakilala.

18. Ang Asiaweek ay magtatampok ng isang *feature article* tungkol sa mga pag-aaral sa mga *artifact* at haytong nahukay ng mga arkeologo. Bilang isang manunulat, naatasan kang gawin ito. Ano ang magiging pamantayan mo sa pagsulat ng isang *feature article*?
    a. Nilalaman at organisasyon
    b. Nilalaman, organisasyon at praktikalidad
    c. Nilalaman, organisasyon, at paggamit ng datos
    d. Nilalaman, organisasyon, at pagkasabay-sabay

19. Ang mga magsasaka sa Barangay Masipag ay nagtititipon upang matalakay ang posibleng epekto ng planong pagtatayo ng isang *golf course* na naglalayong makapag-unlad ng pang-ekonomiyang katayuan ng mga taong naninirahan dito. Kung ikaw ay isa sa mga magsasaka na maaapektuhan sa pagbabagong ito, anong pinakawasto at kongkretong hakbang ang iyong imumungkahi para matiyak ang maayos na kalagayan ng bawat mamamayan sa iyong barangay?
    *a.* Anyayahan ang mga iba pang magsasaka na magsasagawa ng isang malawakang rally na pupuna sa mga kahinaan ng paglikha ng isang *golf course.*
    b. Palihim na hikayatin ang mamamayan ng barangay sa isang paghihimagsik.
    c. Magmungkahi ng negosasyon sa lokal na pamahalaan at pagtitipon ng mga taong kabilang sa kompanyang magtatayo ng *golf course* sa kanilang lugar.
    d. Ibenta na lang sa malaking halaga ang mga lupang apektado sa pagtayo ng *golf course*.

20. Upang maipakita kung paano nagsimula muli ang mga biktima ng gulo ng Zamboanga, lindol ng Bohol at bagyo ng Tacloban, ang mga TV station ng Pilipinas ay bumuo ng patimpalak sa paggawa ng *documentary film*. Layon sa proyektong ito na matutuhan ng bawat mamamayan ng Pilipinas ang mga kongkretong paraan sa pagbangon sa mga dinanas na kahirapan sa nagdaang gulo at kalamidad. Bukas sa lahat ng mga mamamayan ng Pilipinas ang paligsahang ito. Ano-anong pamantayan ang dapat isaalang-alang ng mga gagawa ng *documentary film* upang tangkilikin ng mga manonood ang nagawa nila?
    a. malikhain at pagkakaiba
    b. makatotohanan at nakaaaliw
    c. malikhain, makatotohanan at nakaaaliw
    d. *informative*, makabuluhan, makatotohanan at malikhain

`

## PAGTUKLAS

Ang pamumuhay ng sinaunang tao ay palaisipan sa lahat sa matagal na panahon hanggang sa matuklasan ng tao kung paano pag-aaralan ang prehistorikong panahon. Kung nasasabi kang malaman ang mga pamamaraan ng tao ay umpisahan natin ang aralin na ito sa pamamagitan ng pagsagot sa KWL Chart.

### GAWAIN 1. Kaya Mo Ba Ito?

I-klik ang *video* tungkol sa mga katotohanan sa buhay prehistoriko gamit ang *website* sa ibaba. Ang *video* ay ukol sa *10 Amazing facts about Prehistoric life*.
http://ph.video.search.yahoo.com/video/play;_ylt=A2KIo9zDh6ZSwSMAc2neRwx.;_ylu=X3oDMTByMjBzZmhtBHNlYwNzcgRzbGsDdmlkBHZ0aWQDBGdwb3MDNg--?p=prehistoric+period&vid=6536bb53f49f36ecd2e061176e8ce8aa&l=1%3A41&turl=http%3A%2F%2Fts4.mm.bing.net%2Fth%3Fid%3DV.4747318781543223%26pid%3D15.1&rurl=http%3A%2F%2Fwww.youtube.com%2Fwatch%3Fv%3DxKw naglalaman ng 10 Amazing Facts about Prehistoric life

Pagkatapos mong mapanood ang *video,* gawin ang *Three Minute Pause*. Sa tatlong minuto, pumili ng isang kaklase at pag-usapan ang iyong natutuhan o natandaan sa napanood na *video.*

Sagutin mo ang mga tanong.

1. Ano-ano ang mga napanood mo sa *video*?

    ______________________________________________
    ______________________________________________
    ______________________________________________

2. Namangha ka ba sa iyong napanood? Saang bahagi ng *video* ka namangha?

    ______________________________________________
    ______________________________________________
    ______________________________________________

3. Paano nabuhay ang mga sinaunang tao noon?

______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________

4. Kung nabuhay ka noon, kayanin mo kaya ang mga ginawa nila? Pagtibayin ang iyong sagot.

______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________

## GAWAIN 2. Subukan Natin!

Alamin natin ang iyong mga nalalaman tungkol sa prehistorikong panahon sa pamamagitan ng pagsagot sa *K-W-L Chart* sa ibaba. Sagutan lamang ang una at ikalawang kolum ng tsart ng iyong nalalaman sa sinaunang pamumuhay ng tao. Kung tapos ka na, i-klik ang *save button*.

**K-W-L CHART**

| Ano ang iyong nalalaman? | Ano ang gusto mong malaman? | Ano ang iyong natutuhan? |
|---|---|---|
| | | |

Sagutin mo ang mga tanong.

1. Ano ang alam mo tungkol sa pamumuhay ng tao?
___________________________________________
___________________________________________
___________________________________________

2. Saan tumira ang unang tao? Ipaliwanag.
___________________________________________
___________________________________________
___________________________________________

3. Ilarawan ang itsura ng unang tao.
___________________________________________
___________________________________________
___________________________________________

4. Paano nakaapekto ang heograpiya sa buhay ng mga Asyano?
___________________________________________
___________________________________________
___________________________________________

5. Paano nakaaapekto ang mga pagbabago sa teknolohiya sa pamumuhay ng unang tao at sa pag-usbong ng sinaunang kabihasnan?
___________________________________________
___________________________________________
___________________________________________

**Katapusang Bahagi ng Pagtuklas**

Natukoy mo na ang iyong nalalaman sa pinagmulan ng tao at ang ideya kung paano siya nabuhay noong unang panahon. Sa ating pagpapatuloy ay matatanto mo kung tama ang iyong ibinigay na kaalaman at masasagot ang iyong mga tanong. Iyong malalaman ang kaugnayan ng heograpiya sa pamumuhay ng mga unang tao, mga pamamaraan ng kanilang pamumuhay at ang mga yugtong pinagdaanan ng mga unang tao tungo sa pag-unlad ng kanilang kultura. Mauunawaan mo nang lubusan ang kahalagahan ng bawat

## PAGLINANG/ PAGPAPATIBAY

Ang layunin mo sa bahaging ito ng modyul ay matutuhan at maunawaan mo ang mga pangunahing konsepto ng pinagmulan ng daigdig at kung paano lumitaw ang bawat nilalang sa mundo hanggang lumitaw ang tao. Tutuklasin mo ang mga yugtong pinagdaanan ng tao na siyang magbibigay sa iyo ng linaw na ang tao ay dumaan sa ebolusyon hindi lang sa pisikal at bayolohikal na aspekto kundi pati rin sa kanyang kultura. Malalaman mo rin ang mga sinaunang panahon na pinagdaanan ng tao at ang pagsisimula ng tao mula sa simpleng paggamit ng mga kagamitang bato hanggang matuklasan niya ang paggamit ng metal. Samakatuwid ay mapagtatanto mo ang likas na kakayahan ng tao na tumugon ayon sa kanyang pangangailangan tulad ng makabagong tao.

### GAWAIN 3. Ano Ito?

Naibigay mo na ang iyong mga nalalaman sa sinaunang tao, linawin mo naman ngayon ng iyong pang-unawa sa mga sumusunod na konsepto upang masigurado natin na maiintindihan mo nang lubusan ang ating paksang tatalakayin. Ito ay sa pamamagitan ng pag-alam sa kahulugan ng mga sumusunod na salita sa pamamagitan ng pag-klik sa http://www.merriam-webster.com/ *online dictionary*.

| Mga Salita | Kahulugan |
|---|---|
| 1. Evolution | |
| 2. Prehistory | |
| 3. Technology | |
| 4. geology | |
| 5. Mammals | |
| 6. Artifacts | |
| 7. Fossils | |

| | |
|---|---|
| 8. Paleolithic Age | |
| 9. Pleistocene | |
| 10. Stone Age | |

Matapos mong sagutan, i-*type* ang salita at makikita ang kahulugan ng mga salita. Siguruduhing naitala ang kahullugan sa kahon na nasa *dashboard*. Upang higit mong maunawaan ang mga konsepto maaaari mo ring i-klik ang www.voki.com upang marinig ang wastong pagbigkas ng mga naibigay na salita at mabigkas din ito ng wasto.

Hakbang sa Paggamit ng voki.com

1. I-*type* ang www.voki.com .
2. Pindutin ang *icon* na *create.*
3. Gumawa ng *speaking character* at isama ang boses. Maaari ring gamitin ang mga sumusunod na *icons* para maging epektibo ang *avatar* na napili.
   a. *Customize your character*
   b. *Give it a Voice*
   c. *Background players*
   d. *Color*
4. Pakinggan ang nagsasalitang *avatar.*

Sagutin mo ang mga tanong.

1. Ano ang kahulugan ng mga sumusunod na salita? Isulat sa loob ng kahon ang sagot.
   a. Evolution
   b. Prehistory
   c. Technology
   d. Geology
   e. Mammals
   f. Artifacts
   g. Fossils
   h. Paleolithic Age
   i. Pleistocene
   j. Stone Age

2. Bigkasin ang mga salita ayon sa narinig sa voki.com.

3. Kung susuriing mabuti ang mga salita, ano ang konsepto o paksa ng araling ito? Ipaliwanag.

   ______________________________________________
   ______________________________________________
   ______________________________________________

4. Bakit mahalagang malaman ang kahulugan ng mga salitang ito? Ipaliwanag.

   ______________________________________________
   ______________________________________________
   ______________________________________________

## GAWAIN 4. Nood Tayo?

Tuklasin ang simula ng buhay sa mundo sa pamamagitan ng panonood sa mga *video* gamit ang mga *website*. Gamitin ang www.padlet.com upang itala ang mga mahahalagang impormasyong nasaliksik. Pagkatapos mapanood at mabasa ang mga impormasyong nakalahad ay punan ang *Data Retrieval Chart* sa ibaba.

Hakbang sa Paggamit ng padlet:

1. I-*type* ang www.padlet.com.
2. I-klik ang "create something" o "create wall".
3. Kopyahin dito ang mahahalgang impormasyon mula sa nasaliksik: teksto o mga larawan.

4. Maaari ring i-*upload* at ibahagi sa iba.

http://www.diwalearningtown.com/uploaded/admin/file/Shop/SY10-11/PAP/PF_NAPHSIIITXU01C01L01.pdf ukol sa pinagmulan ng daigdig

http://ph.video.search.yahoo.com/video/play;_ylt=A2KIo9mYhaZSrHgAR2DeRwx.;_ylu=X3oDMTBzZjc2N3EzBHNlYwNzcgRzbGsDdmlkBHZ0aWQDBGdwb3MDMjQ-?p=prehistoric+period&vid=8dfeaf1c0dd660aee9e2d08ac802d6d5&l=00%3A40&turl=http%3A%2F%2Fts4.mm.bing.net%2Fth%3Fid%3DV.4871082528540515%26pid%3D15.1&rurl=http%3A%2F%2Fwww.youtube.com%2Fwatch%3Fv%3DOEgTduApDMI&tit=Prehistoric+life&c=23&sigr=11ap35sup&sigt=10giepi0c&age=0&fr=yfp-t-711-s&tt=b youtube video mula Paleozoic hanggang Cenozoic Era

http://ph.video.search.yahoo.com/video/play;_ylt=A2KIo9zDh6ZSwSMAgmneRwx.;_ylu=X3oDMTBzbmRuNmJiBHNlYwNzcgRzbGsDdmlkBHZ0aWQDBGdwb3MDMjE-?p=prehistoric+period&vid=bbb3d675d41957e6015e0a54b72f295f&l=5%3A25&turl=http%3A%2F%2Fts3.mm.bing.net%2Fth%3Fid%3DV.4609845460406278%26pid%3D15.1&rurl=http%3A%2F%2Fwww.youtube.com%2Fwatch%3Fv%3D9DDZqPxMNYc&tit=Prehistoric+Earth+Atlas+P1&c=20&sigr=11aje0osl&sigt=10qk83pa6&age=0&fr=yfp-t-711-s&tt=b video ukol sa Prehistoric Earth Atlas ( Cambrian until present)

http://kasaysayanngmundo.blogspot.com/2009/01/pre-historikong-panahon-ng-kasaysayan.html naglalaman ng impormasyon ukol sa prehistorikong kasaysayan

http://ph.video.search.yahoo.com/video/play;_ylt=A2KIo9mYhaZSrHgAMWDeRwx.;_ylu=X3oDMTByZ2N0cmxpBHNlYwNzcgRzbGsDdmlkBHZ0aWQDBGdwb3MDMg--?p=prehistoric+period&vid=7c2c5263e49e7ba3635c70c4d18b0f39&l=3%3A02&turl=http%3A%2F%2Fts2.mm.bing.net%2Fth%3Fid%3DV.4636658943918945%26pid%3D15.1&rurl=http%3A%2F%2Fwww.youtube.com%2Fwatch%3Fv%3DPUNe5SEqDw8&tit=the+stone+age%2C+prehistory&c=1&sigr=11ahtrtbk&sigt=10pikdduu&age=0&fr=yfp-t-711-s&tt=b yuotube video tungkol sa buhay noong Panahon ng Bato

**DATA RETRIEVAL CHART**

| A. YUGTO NG KASAYSAYAN | DESKRIPSIYON |
|---|---|
| 1. | |
| 2. | |
| **B. GEOLOGIC ERA** | **DESKRIPSYON** |
| 1. | |
| 2. | |
| 3. | |
| **C. SINAUNANG PANAHON** | **DESKRIPSYON** |
| 1. | |
| 2. | |
| 3. | |
| **D. TEORYA SA PINAGMULAN NG TAO** | **KAHULUGAN** |
| 1. | |
| 2. | |
| 3. | |

**PAGLALAHAT:** (Paano nakaaapekto ang mga pagbabago sa teknolohiya sa pamumuhay ng unang tao at sa pag-usbong ng sinaunang kabihasnan?)

Sagutin ang mga tanong.

1. Ano-ano ang iyong napanood sa *video*?

   ______________________________________________________________
   ______________________________________________________________
   ______________________________________________________________

2. Saan nagmula ang sinaunang tao? Ipaliwanag.

   ______________________________________________________________
   ______________________________________________________________
   ______________________________________________________________

3. Ano ang ugnayan ng heograpiya sa paglitaw ng tao sa daigdig? Ipaliwanag.

   ______________________________________________________________
   ______________________________________________________________
   ______________________________________________________________

4. Paano nagsimula ang buhay sa daigdig? Ipaliwanag.

   ______________________________________________________________
   ______________________________________________________________
   ______________________________________________________________

5. Ano-ano ang mga bumubuo sa yugto ng kasaysayan at sa sinaunang panahon? Ilarawan ang bawat isa.

   ______________________________________________________________
   ______________________________________________________________
   ______________________________________________________________

6. Ipaliwanag ang salitang prehistoriko?

   ______________________________________________________________
   ______________________________________________________________
   ______________________________________________________________

7. Paano nagkakatulad sa katangian o paglalarawan ang mga konseptong matatagpuan sa unang hanay o kolum? Ipaliwanag.

   ______________________________________________________________
   ______________________________________________________________
   ______________________________________________________________

8. Paano nakaaapekto ang mga pagbabago sa teknolohiya sa pamumuhay ng unang tao at sa pag-usbong ng sinaunang kabihasnan?

## GAWAIN 5. Anong Masasabi Mo!

Natapos mo nang mapanood at mapakinggan ang mga *video* sa nakalipas na gawin. Sagutan mo naman ngayon ang *Double-Entry Journal* batay sa iyong napanood.

| DOUBLE-ENTRY JOURNAL | |
|---|---|
| Ang salita o pariralang nakaantig sa akin ay ... | Ang kaisipan ko tungkol dito ay… |
| | |

Sagutin ang mga tanong..

1. Anong napansin mo sa lugar na tinirhan ng unang tao? Ipaliwanag.

___________________________________________
___________________________________________
___________________________________________

2. Ano ang mga pinagkukunang-yaman ang sagana sa kanila noon?

___________________________________________
___________________________________________
___________________________________________

3. Saang kontinente sila unang nabuhay?

______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________

4. Kaya mo bang mabuhay ng simple tulad noong sinaunang panahon? Oo o Hindi? Ipaliwanag.

______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________

5. Ano-anong pagbabago ang naganap sa buhay ng tao mula sa paninirahan sa lambak-ilog patungo sa kapatagan?

______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________

6. Paano nakaapekto ang heograpiya sa buhay ng mga tao?

______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________

7. Paano nakaaapekto ang mga pagbabago sa teknolohiya sa pamumuhay ng unang tao at sa pag-usbong ng sinaunang kabihasnan?

______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________

Nagkaroon ka na ngayon ng ideya o impormasyon sa pinagmulan ng daigdig at ng unang tao kung paano sila nabuhay. Ipagpatuloy mong palawakin ang iyong nalalaman sa pamamagitan ng pag-
alam
sa mga pagbabagong naganap sa bawat nilalang sa mundo sa panahon ng prehistoriko hanggang sa lumitaw ang tao.

## GAWAIN 6. Tingnang Mabuti!

Alamin ang mga pagbabagong naganap sa mga nilalang sa Panahon ng *Cenozoic Era*. I-klik ang mga *link* sa ibaba at ilagay ang iyong obserbasyon at impormasyong nakalap gamit ang *question box*.

http://ph.video.search.yahoo.com/video/play;_ylt=A2KIo9zDh6ZSwSMAfWneRwx.;_ylu=X3oDMTBzZzJoNGtoBHNlYwNzcgRzbGsDdmlkBHZ0aWQDBGdwb3MDMTY-?p=prehistoric+period&vid=9f42130f2f82956258b42406b4ebe9d9&l=5%3A53&turl=http%3A%2F%2Fts4.mm.bing.net%2Fth%3Fid%3DV.4949590234103983%26pid%3D15.1&rurl=http%3A%2F%2Fwww.youtube.com%2Fwatch%3Fv%3D2P4obqOwo5A&tit=Prehistoric+Earth+Atlas+P2&c=15&sigr=11a7r2aip&sigt=10qa7gd6p&age=0&fr=yfp-t-711-s&tt=b video ukol sa *prehistoric atlas* 2 pagbabago ng mundo hayop halaman, kontinente

http://ph.video.search.yahoo.com/video/play;_ylt=A2KIo9zDh6ZSwSMAhWneRwx.;_ylu=X3oDMTBzZjc2N3EzBHNlYwNzcgRzbGsDdmlkBHZ0aWQDBGdwb3MDMjQ-?p=prehistoric+period&vid=8dfeaf1c0dd660aee9e2d08ac802d6d5&l=00%3A40&turl=http%3A%2F%2Fts4.mm.bing.net%2Fth%3Fid%3DV.4871082528540515%26pid%3D15.1&rurl=http%3A%2F%2Fwww.youtube.com%2Fwatch%3Fv%3DOEgTduApDMI&tit=Prehistoric+life&c=23&sigr=11ap35sup&sigt=10giepi0c&age=0&fr=yfp-t-711-s&tt=b *video* ng ukol sa prehistorikong buhay

| QUESTION BOX |
|---|
| 1. Ano-ano ang mga naganap na pagbabago sa daigdig? |
| 2. Ano ang mga epekto nito sa mga nilalang sa mundo? Ipaliwanag. |
| 3. Ano ang kaugnayan ng heograpiya sa uri ng pamumuhay ng sinaunang tao? Pagtibayin ang iyong sagot. |
| 4. Ilarawan ang sinaunang pamumuhay ng tao? |

5. Paano nakaaapekto ang mga pagbabago sa teknolohiya sa pamumuhay ng unang tao at sa pag-usbong ng sinaunang kabihasnan?

## GAWAIN 7. Tingnan Mo Ito!

Nalaman mo na ang mga pagbabagong naganap sa Panahon ng Bato. Ngayon, suriin nating mabuti kung saang kontinente lumitaw ang mga sinaunang tao at di-maglaon ay makabuo ng kanilang sibilisasyon. Lagyan ng mga sumusunod na palatandaan ang alam mong kontinente na unang tumira ang tao at ang bansa kung saan matatagpuan ang mga unang sibilisasyon:

- • - KONTINENTE
- ✓ - BANSA




Pagkatapos malagyan ng mga palatandaan ang mapa, ay pag-usapan ito ng iyong mga kagrupo gamit ang *googledoc* sa pamamagitan ng pagsagot sa mga pamprosesong tanong sa ibaba.

Hakbang sa Paggamit ng google.doc

1. Gumawa ng *google account*.
2. Kung ikaw ang lider ng grupo, I –klik ang www.google.doc
3. I-klik ang *create new document* na *button* (+) at imbitahan ang mga kapangkat upang makita ang dokumentong dapat suriin at sagutan sa pamamagitan ng pagkuha ng kanilang mga *e-mail account* sa **google.**
4. I-*save* ang ginawa, i-*screen shot* upang ilagay sa *dashboard* ng modyul o *e-mail* ito sa guro.

Sagutin mo ang pamprosesong mga tanong.

1. Saang mga kontinente natagpuan ang mga labi ng sinaunang tao?

_______________________________________________
_______________________________________________
_______________________________________________

2. Ilarawan sa salita ang topograpiya ng mga kontinenteng ito?

_______________________________________________
_______________________________________________
_______________________________________________

3. Sa iyong palagay anong nagtulak sa tao na maging nomadiko at kumalat sa iba't ibang kontinente? Ipaliwanag.

_______________________________________________
_______________________________________________
_______________________________________________

4. Saan-saang bansa sumibol ang mga unang sibilisasyon? Ilarawan ito.

_______________________________________________
_______________________________________________
_______________________________________________

5. Ano ang napansin mo na pagkakatulad sa mga lugar na naging lundayan ng unang sibilisasyon? Ipaliwanag.

_______________________________________________
_______________________________________________
_______________________________________________

6. Paano nakaaapekto ang mga pagbabago sa teknolohiya sa pamumuhay ng unang tao at sa pag-usbong ng sinaunang kabihasnan?

______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________

Natuklasan mo na ang mga pagbabagong naganap sa daigdig na siyang nagpabago sa pamumuhay ng unang tao. Nalaman mo rin ang relasyon ng heograpiya sa buhay ng unang tao. Ating subukan ngayon kung gaano kalawak ang iyong kaalaman mula sa iyong pananaliksik.

## GAWAIN 8. Anong Say Mo!

Gamit ang mga impormasyong nabasa at mga *video* na iyong napanood sa nakalipas na gawain, gumawa ka ng isang reaksiyong papel na naglalaman ng iyong realisasyon sa sinaunang panahon.

**REAKSYONG PAPEL**

Sagutin mo ang pamprosesong mga tanong.

1. Ano ang iyong napagtanto sa panonood at pagtingin sa mga larawan?

_______________________________________________

_______________________________________________

______________________________________________

2. Ano- ano ang maaaring katangian ng mga pook na unang tinirhan ng mga unang tao?

_______________________________________________

_______________________________________________

______________________________________________

3. Bakit sa kabila ng walang mga naisulat na tala ng kasaysayan ay nagkaroon pa rin tayo ng kaalaman sa mga unang tao?

_______________________________________________

_______________________________________________

______________________________________________

4. Ilahad ang pag-unlad sa paraan ng paghahanap ng pagkain ng mga unang tao?

_______________________________________________

_______________________________________________

______________________________________________

5. Paano nakaaapekto ang mga pagbabago sa teknolohiya sa pamumuhay ng unang tao at sa pag-usbong ng sinaunang kabihasnan?

_______________________________________________

_______________________________________________

______________________________________________

Aalamin natin at hihimay-himayin ang pagkakaiba sa bawat sinaunang panahon sa pamamagitan ng mga kagamitang ginamit ng sinaunang tao.

## GAWAIN 9. Anong Gamit Nito?

Iyong mauunawaan ngayon ang mga pangyayaring nagtulak sa tao upang makagawa ng mga iba't ibang kagamitan sa bawat panahong kanyang pinagdaanan. I-klik ang mga *link* na nasa ibaba upang makakalap ng impormasyon sa mga kagamitang ginamit noong sinaunang panahon. Pagkatapos mabasa ang teksto at mapanood ang you tube *video*, sagutan ang *Term or Phrase Frame*.

http://www.scribd.com/doc/158762039/Panahon-ng-Metal naglalaman ng mga impormasyon ukol panahon ng metal
http://www.scribd.com/doc/58937905/Panahon-Ng-Metal ukol sa panahon ng metal
http://ph.images.search.yahoo.com/search/images;_ylt=A2oKmLFzg6ZS5GEAQbezRwx.?p=prehistoric+period&fr=yfp-t-711-s&fr2=piv-web mga larawan ng *prehistoric period*
http://ph.video.search.yahoo.com/video/play;_ylt=A2KIo9mYhaZSrHgAMWDeRwx.;_ylu=X3oDMTByZ2N0cmxpBHNlYwNzcgRzbGsDdmlkBHZ0aWQDBGdwb3MDMg--?p=prehistoric+period&vid=7c2c5263e49e7ba3635c70c4d18b0f39&l=3%3A02&turl=http%3A%2F%2Fts2.mm.bing.net%2Fth%3Fid%3DV.4636658943918945%26pid%3D15.1&rurl=http%3A%2F%2Fwww.youtube.com%2Fwatch%3Fv%3DPUNe5SEqDw8&tit=the+stone+age%2C+prehistory&c=1&sigr=11ahtrtbk&sigt=10pikdduu&age=0&fr=yfp-t-711-s&tt=b you tube video ukol sa Panahon ng Lumang Bato

| **TERM OR PHRASE** | | |
|---|---|---|
| Anong alam ko na….. | Anong natutuhan ko….. | Ang aking larawan o imahe… |
| | | |
| Mga halimbawa<br>halimbawa | | Mga di- |
| Sarili Kong Kahulugan | | |
| | | |

| |
|---|
| Pagpapalawak ng aking Nalalaman |
| (SALITA O PARIRALA): ________________ bilang __________: ______________<br><br>(SALITA O PARIRALA): ________________ bilang __________: ______________<br><br>(SALITA O PARIRALA): ________________ bilang __________: ______________ |

Sagutin mo ang mga tanong.

1. Anong konsepto o impormasyon ang nakatawag sa iyong pansin?
   ______________________________________________________________
   ______________________________________________________________
   ______________________________________________________________

2. Ano ang iyong natutuhan habang pinapanood at sinasaliksik ang iba't ibang impormasyon sa Panahon ng Lumang Bato?
   ______________________________________________________________
   ______________________________________________________________
   ______________________________________________________________

3. Ano-ano ang mga larawan o imahe na nabuo sa iyong isipan ukol sa sinaunang tao?
   ______________________________________________________________
   ______________________________________________________________
   ______________________________________________________________

4. Paano mo ilalarawan sa salita ang pamumuhay ng unang tao batay sa kanyang kapaligiran?
   ______________________________________________________________
   ______________________________________________________________
   ______________________________________________________________

5. Paano nakaaapekto ang mga pagbabago sa teknolohiya sa pamumuhay ng unang tao at sa pag-usbong ng sinaunang kabihasnan?

___________________________________________________________
___________________________________________________________
__________________________________________________________

Natuklasan mo na ang iba't ibang kagamitang ginamit ng inaunang tao at kung paano binago ito ng teknolohiya sa pagdaan ng panahon. Sa pagkakataong ito, atin namang subukin kung gaano kalawak ang iyong pang-unawa sa mga paksang natalakay.

## GAWAIN 10. Gawa Ka!

Gamit ang mga kaalamang natuklasan at natalakay, gumawa ka ng isang *concept map t*ungkol sa Prehistorikong Panahon gamit ang *gliffy* sa internet. Pagkatapos itong magawa ay ilagay ito sa *dashboard* ng modyul.

Hakbang sa Paggamit ng gliffy.com

1. I-*type* ang www.gliffy.com upang magamit ang *application*.
2. I-klik ang *start drawing button*. Gamitin pagkatapos ang mga hugis na nasa kaliwang bahagi ng *screen* upang makagawa ng *concept map.*
3. I-*save* at i-*screen shot* ang ginawang *concept map* upang ilagay sa *dashboard* ng modyul.

Natukoy mo na ang lawak ng iyong nalalaman sa paksa at napag-tanto mo sa iyong sarili kung ano pa ang kulang sa iyong kaalaman sa pamamagitan ng paggawa ng isang *concept map.*

Sa susunod na gawain ay pagtuunan mo ng pansin ang agkakaiba ng paleolitiko at neolitikong pamumuhay ng unang tao. Tutuklasin din natin ang inyong lugar sa pamamagitan ng pagbisita sa inyong museo.

## GAWAIN 11. Ano ang Iba Dito?

Suriin ang mga larawan sa ibaba at paghambingin ang buhay sa pagitan ng paleolitiko at neolitikong panahon. Isulat ang pagkakaiba at pagkakatulad sa *venn diagram*.

**PANAHONG PALEOLITIKO**









***http://ph.images.search.yahoo.com/search/images;_ylt=A2oKmLFzg6ZS5GEAQbezRwx.?p=prehistoric+period&fr=yfp-t-711-s&fr2=piv-web* larawan ng prehistorikong panahon**

**PANAHONG NEOLITIKO**









http://sweetandstrong5.blogspot.com/ pamayanang neolitiko

**PANAHON NG BATO**



Sagutin mo ang mga tanong.

1. Ano ang nakikita mo sa mga larawan? Ilarawan ito.

   ___________________________________________
   ___________________________________________
   ___________________________________________

2. Ano-ano ang mga pagbabagong naganap sa pamumuhay ng tao batay sa larawan?

   ___________________________________________
   ___________________________________________
   ___________________________________________

3. Paano nagkaroon ng mga pagbabago sa buhay ng unang tao? Ipaliwanag.

   ___________________________________________
   ___________________________________________
   ___________________________________________

4. Ano- ano ang mga kagamitan o imbensiyong natuklasan ng tao sa Panahong Paleolitiko? sa Panahong Neolitiko?

   ___________________________________________
   ___________________________________________
   ___________________________________________

5. Kung ikaw ang unang tao, ano-ano ang mga iimbentuhin mo na sa palagay mo ang kailangan ng tao noon? Ipaliwanag.

   ___________________________________________
   ___________________________________________
   ___________________________________________

## GAWAIN 12. Basahin Mo Ito!

I-klik at basahin ang *blogsite* na http://sweetandstrong5.blogspot.com/ . Naglalaman ito ukol sa pamayanang neolitiko. Malalaman mo kung wasto ang iyong mga sagot sa *venn diagram.*

Pagkatapos mong basahin, maglista ka ng lima hanggang pitong salita o parirala na naglalarawan sa mga pagbabagong naganap sa buhay ng neolitikong tao.

FOCUSED LISTING

1. ______________________________________________
2. ______________________________________________
3. ______________________________________________
4. ______________________________________________
5. ______________________________________________
6. ______________________________________________
7. ______________________________________________

**PAGLALAHAT**: Paano nakaaapekto ang mga pagbabago sa teknolohiya sa pamumuhay ng unang tao at sa pag-usbong ng sinaunang kabihasnan?

Sagutin mo ang mga tanong.

1. Ano ang mga batayan ng mga unang tao sa pagpili ng lugar na kanilang titirhan?
______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________

2. Ano ang pagkakaiba ng sibilisasyon sa kabihasnan? Ipaliwanag.
______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________

3. Ano-ano ang mga batayang salik sa pagbubuo ng kabihasnan? Ipaliwanag.
______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________

4. Ano-ano ang mga pamayanang Neolitiko bago ang Sumer? Ilarawan ito.
______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________

5. Ano ang implikasyon ng Panahong Neolitiko sa kasaysayan ng tao? Ipaliwanag.
______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________

6. Paano nakaaapekto ang mga pagbabago sa teknolohiya sa pamumuhay ng unang tao at sa pag-usbong ng sinaunang kabihasnan?
______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________

## GAWAIN 13. Pasyal Tayo?

Alamin naman natin ngayon sa iyong pamayanan kung ano-ano nga ba ang mga kagamitan o dokumentong matatagpuan sa inyong museo na nagpapatunay ng inyong pinagmulan at pagkakakilanlan. Puntahan ninyo ang museuo sa inyong munisipalidad o siyudad na kasama ang iyong mga kaklase. Kunan ng litrato ang mga makikitang mahahalagang bagay, kagamitan at istruktura. I-*upload* ang mga larawan sa *facebook account* mo at lagyan ito ng maikling paglalarawan. Ilagay ito sa *dashboard* ng modyul gamit ang *screen shot*.

## PAGKAKAKILANLAN NG AMING LUGAR

Sagutin mo ang mga tanong.

1. Ano ang mga bagay o kagamitang nakita mo sa museo?

2. Sa iyong palagay mahalaga ba ang mga ito? Ipaliwanag.

3. Saan ginamit ang mga naka-display na bagay o kagamitan?

4. Bakit ito mahalaga sa mga tao sa inyong lugar? Ipaliwanag.

5. Paano nila pinapangalagaan ang mga bagay o kagamitan sa museo?
______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________

6. Bilang mamamayan ng inyong lugar, paano ka makatutulong na pangalagaan ang mga ito?
______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________

## GAWAIN 14. Subukan Natin!

Napalawak na natin ang iyong kaalaman sa pagsisimula ng mga kabihasnan sa daigdig. Tatayain ang iyong nalalaman sa mga araling natalakay sa pamamagitan ng pagsagot mo sa inihandang maikling pagsusulit.

**MAIKLING PAGSUSULIT**

Pangalan: ______________________________

I. Kilalanin ang mga sumusunod na pahayag. Isulat ang sagot sa patlang na nakalaan.

____________________1. Ibang tawag sa Panahon ng Bagong Bato
____________________2. Era kung saan lumitaw ang tao
____________________3. Ibang tawag sa Panahon ng Lumang Bato
____________________4. Mga bagay na nilikha ng mga sinaunang tao na nahukay ng mga arkeologo
____________________5. Bansa ngayon na matatagpuan ang Catal Huyuk
____________________6. Saan yari ang unang kagamitan ng tao?
____________________7. Ito ang pinakamahalagang tuklas ng tao sa Panahon ng Lumang Bato
____________________8. Ito ang pinakamahalagang tuklas ng tao sa Panahon ng Bagong Bato
____________________9. Dito nabuo ang mga sinaunang sibilisasyon sa daigdig
____________________10. Tumutukoy sa panahon ng kasaysayan na na wala pang sistema ng pagsulat ang tao

II. Basahing mabuti ang mga pahayag. Isulat ang TAMA kung wasto ito at MALI kung di-wasto.

__________1. Ang unang tao ay natutong mangisda at mangaso dahil

malapit siya sa gubat at ilog.

___________2. Wala pang organisadong pamahalaan ang mga Neolitikong tao.

___________3. Ang apoy ay ginamit bilang pantaboy sa mga mababangis na hayop at paghahanda ng pagkain.

___________4. Ang mga paniniwala ng sinaunang tao ay nakasentro sa kalikasan.

___________5. Ang taong Cro-Magnon ay natutong gumuhit sa mga pader at bubong ng kuweba.

**Katapusang Bahagi ng Paglinang**

Nalaman mo sa bahaging ito ng modyul ang mga mahahalagang kaisipan at pangyayari sa buhay ng sinaunang tao na siyang nagtulak sa kanya upang makabuo ng isang sibilisasyon at kabihasnan. Nalaman mo na ang kahulugan ng mga mahahalagang konsepto at salita na mababanggit na siyang tutulong sa iyo upang lalong maunawaan ang aralin. Naliwanagan ka na rin sa iyong mga agam-agam kung alin ang tama sa mga konseptong una mong binanggit. Napagtanto mo na ba ang tamang sagot at ang paliwanag sa kaisipang ito?

Ngayong alam mo na ang mga pangunahing kaisipan tungkol sa araling ito, samahan mo akong palalimin pa ang iyong mga nalalaman tungkol sa sinaunang tao at kung paano ang naimbentong kakayahan at kasanayan ay magiging bahagi ng kultura na siyang bubuo sa tatawaging SIBILISASYON.

Magpatuloy tayo!

## PAGPAPALALIM

Sa bahaging ito ng modyul, malilinang ang iyong pagiging kritikal at malalim na pagsusuri sa mga mahahalagang pangyayaring naganap sa prehistorikong panahon na dahilan kung paanong nabuo ang sibilisasyon ng tao. Matutunghayan mo ang mga pagbabagong naganap noon at ngayon na siyang magtutulak sa iyo na makialam at tumugon upang maging mapanuri at responsableng mamamayan.

### GAWAIN 15. Ebolusyon, Totoo Ka Nga Ba?

Kung mahalagang malaman ang mga panahon sa prehistorikong panahon, paano nga ba natuklasan ng tao ang kasaysayan na wala pang sistema ng pagsulat o pagdodokumento? Susuriin natin sa pagkakataong ito kung paano nga ba ang ebolusyon ng tao at kung paano pinag-aaralan ang mga haytong natagpuan.I- klik ang mga *website* sa ibaba. Gumawa ka pagkatapos ng isang sanaysay na naglalaman ng iyong reaksyon, natutuhan at magagawang hakbang mula sa iyong mga nakita, nabasa at narinig.

http://www.youtube.com/watch?v=lvACd5fPTWg *video* sa ebolusyon ng tao

http://www.actionbioscience.org/evolution/benton.html mga pamamaraan ng pag-aaral sa hayto

http://www.maropeng.co.za/content/page/the_science_of_studying_fossils naglalaman kung paano pinag-aaralan ang mga hayto at *artifacts*

**SANAYSAY**

Sagutin mo ang mga tanong.

1. Ano ang nilalaman nang napanood mong *video*?
______________________________________________
______________________________________________
_____________________________________________

2. Ano ang ebolusyon? Ipaliwanag.
______________________________________________
______________________________________________
_____________________________________________

3. May pagkakatulad ba ang mga hayto ng sinaunang tao sa makabagong tao? Ipaliwanag.
______________________________________________
______________________________________________
_____________________________________________

4. Paano pinag-aaralan ang mga hayto?
______________________________________________
______________________________________________
_____________________________________________

5. Paano nakatutulong ang mga hayto sa pag-aaral ng sinaunang tao? Ipaliwanag.
______________________________________________
______________________________________________
_____________________________________________

**GAWAIN 16.** **Ang Buhay Nga Naman!**

Suring mabuti ang mga larawan at kumplethin ang *Compare-Contrast Matrix*.

**PAMAYANAN NOON (PREHISTORIKO)**






http://ph.images.search.yahoo.com/search/images;_ylt=A2oKmLFzg6ZS5GEAQbezRwx.?p=prehistoric+period&fr=yfp-t-711-s&fr2=piv-web pictures ng prehistoric period

**PAMAYANAN NGAYON (URBAN)**





www.google.com.ph/search?q=pamayanang+neolitiko&oq=Pamayanam&aqs=chrome.4.69i57j0l5.6408j0j8&sourceid=chrome&espv=210&es_sm=93&ie=UTF-8#es_sm=93&espv pamayanang urban

**PAMAYANAN NGAYON (RURAL)**










www.google.com.ph/search?q=picture+of+rural+community&source=lnms&tbm=isch&sa=X&ei=jDj8UtvgOIiakAWMzYC4BA&ved=0CAcQ_AUoAQ&biw=10

24&bih=499#q=picture+of+rural+community+in+Philippines&tbm=isch mga larawan ng pamayanang rural

***Compare and Contrast Diagram:***



| | Ukol sa: | |
|---|---|---|
| | | |
| | | |
| | | |
| | | |
| | | |

**PAGLALAHAT:**

Sagutin mo ang mga tanong.

1. Ano ang nakikita mong pagkakaiba at pagkakatulad ng pamayanan noon at ngayon, sa rural at urban? Ilarawan ito.

   ______________________________________________
   ______________________________________________
   ______________________________________________

2. Bakit nagbago ang uri ng pamumuhay ng tao? Ipaliwanag.

   ______________________________________________
   ______________________________________________
   ______________________________________________

3. Ano ang epekto ng pagbabagong ito sa kalikasan? Ipaliwanag.

   ______________________________________________
   ______________________________________________
   ______________________________________________

4. Paano mo ilalarawan sa salita ang pamumuhay noon kumpara sa pamumuhay sa rural at sa urban?

   ______________________________________________
   ______________________________________________
   ______________________________________________

5. Paano nakaaapekto ang mga pagbabago sa teknolohiya sa sinaunang kabihasnan at pamumuhay ng unang tao?

_______________________________________________

_______________________________________________

_______________________________________________

> Napagtanto mo na ang pagkakaiba ng pamayanan noon at ngayon at kung bakit ito binago ng tao at patuloy na binabago. Saan mo nais tumira? Bakit? Habang pinag-iisipan mo ang sagot, dumako ka sa susunod na gawain.

## GAWAIN 17. Kung Ako Ikaw!

Nakita mo na ang larawan ng pamayanan noon at ngayon. Kaya mo kayang mamuhay noon? Subukan mong balikan ang mga sitwasyong kinaharap ng tao noon at tingnan natin kung ano ang gagawin mo sa mga iba't ibang sitwasyon na nagpapakita ng kakayahan ng taong mabuhay. Kumpletuhin ang talahanayan kung ano ang gagawin mo kung ikaw noon ang unang tao.

| MGA SITWASYON | AKSIYONG GAGAWIN |
|---|---|
| 1. Pag-ulan ng niyebe | |
| 2. Dumaraming mababangis na hayop sa paligid | |
| 3. Naubusan nang makakain | |
| 4. Pagputok ng bulkan | |
| 5. Pag-apaw ng ilog | |

**PAGLALAHAT:** Paano nakaaapekto ang mga pagbabago sa teknolohiya sa sinaunang kabihasnan at pamumuhay ng unang tao?

Sagutin mo ang mga tanong.

1. Ano ang masasabi mo sa mga sitwasyon? Ipaliwanag.

   ______________________________________________
   ______________________________________________
   ______________________________________________

2. Sa iyong palagay magkatulad ba kayo ng ginawa noon ng unang tao?

   ______________________________________________
   ______________________________________________
   ______________________________________________

3. Naniniwala ka bang ang utak ng unang tao noon ay tulad sa modernong tao ngayon? Patunayan ang iyong sagot.

   ______________________________________________
   ______________________________________________
   ______________________________________________

4. Ano ang implikasyon ng laki ng utak ng tao sa pag-unlad ng kanyang pamumuhay?

   ______________________________________________
   ______________________________________________
   ______________________________________________

5. Paano pinatunayan ng tao ang kanyang talino at kakayahan? Pagtibayin.

   ______________________________________________
   ______________________________________________
   ______________________________________________

6. Paano nakaaapekto ang mga pagbabago sa teknolohiya sa sinaunang kabihasnan at pamumuhay ng unang tao?

______________________________________________________________________
_
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
_____________________________________________________________________

Napatunayan natin na magkatulad ang laki ng utak ng tao noon at ngayon. Nagpapatunay ito na ang tao ay tumutugon lamang batay sa kanyang pangangailangan sa kapaligiran na mayroon siya. Tukuyin natin ngayon ang mga pagbabagong naganap sa kanyang kultura.

## GAWAIN 18. Tayo'y Magbasa!

Napagtanto mo na ang iba't ibang sitwasyong maaaring kinaharap ng tao noong unang panahon. Makakaya mo rin kaya ang mga ito ng walang makabagong teknolohiya? Basahin mo ngayong mabuti ang artikulo sa ibaba na nagpapakita sa epekto ng teknolohiya sa buhay ng mga kabataan. Itala ang mga mahahalagang impormasyon gamit ang www.padlet.com. Pagkatapos itong mabasa, gumawa ka ng isang paghahambing na nagpapakita sa masama at mabuting epekto ng teknolohiya sa mga kabataan gamit ang www.proconlist.com sa internet. Sigurading nailagay ito sa *dashboard* ng modyul pagkatapos itong magawa.

Hakbang sa Paggamit ng padlet:

1. I-*type* ang www.padlet.com.
2. Pindutin ang "create something" o "create wall".
3. Kopyahin dito ang mahahalagang impormasyon mula sa nasaliksik: teksto o mga larawan.
4. Maaari ring i-*upload* at ibahagi sa iba.

**Ang Kultura ng Teknolohiya sa Kabataan Ngayon**

Malaki ang ginagampanan ng teknolohiya sa paghabi ng kultura, lalo na sa kabataan. Nakabatay ang kulturang popular sa pagdisimina ng iba't ibang bagay gamit ang isang midyum. Hindi natin maikakaila na ang internet ay isang penomena na naging kaakibat ng isang makabagong kultura. Hindi siguro akalain ni Tim Burners-Lee kung gaano kalaki ang kanyang magiging kontribusyon sa pandaigdigang lipunan noong naimbento niya ang *world wide web* labing-dalawang taon na ang nakararaan at marami ng sistema ang napalaganap sa internet at mga iba't ibang nakagawian ng mga kabataan ngayon. Wala na ang mga araw na sila'y maghapong nakatutok sa telebisyon o tumatambay sa kalsada. Nabawasan na rin ang kanilang paggagala kung saan-saan at dumadalas ang pagkukulong sa kuwarto. Ano ang ginagagawa ng tipikal na tinedyer na biniyayaan ng kompyuter at ng *internet connection*? Unang nauso ang e-mail. Pinaikling salitang *electronic mail ang e-mail*. Ang *e-mail* ay isang rebolusyonaryo sa pagpapadala ng liham. Masasabing mas may silbi ito sa mga propesyonal na nangangailangan ng mga dokumento nang mabilisan. Nakagisnan na rin ng mga kabataan ang paggamit ng *e-mail* para sa *forwarded-e-mail* na dati ay kilala bilang *chain letters* na pinapa-*photocopy* pa kung siniseryoso. Nandiyan din ang mga *signature campaigns*, at pakikipag-tsikahan sa mga kaibigan na dumayo sa malalayong lugar. Dati, tamad ang kabataan na bumisita sa mga *post office*, halos wala sigurong kikitain ang mga kartero sa *market* na ito. Ngunit ngayon, sila'y nagpapalitan ng diwa at mga kaisipan *via e-mail*. Ngunit alam natin na hindi matiyaga ang mga kabataan. Kung gusto nila nang makakausap, gusto nila na gamitin ito kung kaya't mabuting naimbento ang IRC at IM.

Ang *Internet Relay Chat* (IRC) ay isang sistema na ang mga manggagamit (user) ay makakapag-usap sa iba pang naka-*online* sa panahon ding iyon. Nahihiwalay sa iba't ibang *channels* na nakabatay na rin sa interes mo at kung ano ang gusto mong pag-usapan. Iba't iba ang paraan ng klasipikasyon. Dito nagiging interaktibo ang pakikipanayam ng paggamit sa *internet*, at kadalasan, dito nagkakaiba ang mga taong hindi naman talaga mgkakilala sa totoong buhay. Marami diyan ang tumutuloy sa seryosong relasyon at nagpapakasal dahil sa pagkakakilanlan sa isang *chatroom*. Hindi lamang ito isang kuwento na nangyayari sa *You've Got Mail*, na binanggit sa isang pag-aaral na pinamagatang *Cyberlove* (De Luna, 2001). Sa kasalukuyan, nawawala na sa uso ang IRC at dumadalas na ang paggamit sa *instant messaging* (IM). Usong-uso ngayon ang paggamit ng Yahoo! Messenger (YM), na halos lahat na siguro ng kabataan ay napalitan na ang pangalan nila ng kani-kanilang Yahoo! *Usernames*. Marami diyan ang nagsasagawa ng *block meeting* na lang sa Y!M o kaya't naglalaro ng mga *online* na laro laban sa isa't isa. Kasabay ng pag-usbong ng kultura ng pag-text, ang IM ay naging isang mas mabilis na pakikipagtalastasan gamit ang mga salitang pasulat sa mga taong nakikilala natin sa totoong buhay. Ngunit hindi makakaila na marami rin ang mga hindi magkakilala ang nagkakakilanlan sa Y!M.

Dumako naman tayo sa kinalolokohan talaga ng lahat ng tao ngayon. Tila wala na yatang tao sa Pilipinas na walang *Friendster account*. Sa ngayon, tinatayang may isang milyong Pilipino ang mayroong *Friendster account*. Ayon kay Joe Hurd, bise presidente ng *Friendster* para sa internasyonal, nagsimula ang popularidad sa San Francisco Bay Area kung saan marami ang mga Pilipino. Doon nagsimula ang pagkauso ng buong sambayanan sa *Friendster.* Naiba ang *marketing strategy* ng mga Amerikanong nagmamay-ari ng *Friendster.* Dahil hindi masyadong kumikita ang mga *online advertisement*, at alam nilang mas madalas ang gamit ng mga tao sa Pilipinas ng kanilang selepono (cellphone), sa Pilipinas nagkaroon ng unang *mobile service* ang *Friendster*. Ngayon, halos lahat pa rin ng tao sa *Friendster* ay mga Pilipino, at nauuso na rin ang *blog feature* sa *Friendster.*

Sipi mula sa:
http://amgkulturangteknolohiyasakabataan.blogspot.com/2010/01/ang-kultura-ng teknolohiya-sa-kabataan.html

**PROCON LISTS**

**EPEKTO NG TEKNOLOHIYA**

## GAWAIN 19. Suriin Natin!

Nalaman natin ang mga epekto ng teknolohiya na siyang nagpapabago sa takbo ng pamumuhay ng tao sa makabagong panahon. Panoorin mo ngayon ang isang *documentary video* na nagpapakita kung paano ang makabagong teknolohiya ay magagamit sa pangangalaga ng mga sinaunang istruktura. Pagkatapos mapanood ang *video*, magsusulat ka ng isang *blog* na naglalaman ng iyong reaksiyon, ideya at pananaw sa mga pamumuhay at kakayahan ng tao. Sundin lamang ang mga sumusunod na hakbang sa paggawa ng blog at huwag kalimutang ilagay ang nasulat na *blog* sa *dashboard* ng modyul.

http://video.nationalgeographic.com/video/specials/ancient-mysteries/angkor-wat-temples/ *video* ukol sa Angkor Wat

Mga Hakbang sa Paggawa ng Blog:

1. Pumunta lamang sa WordPress.com
2. I-klik ang *Get Started*.
3. Matapos ay makakakita ka ng isang form. *Fill-up*-an lamang ang *form*




4. Sa *Blog Address*, siguraduhing gusto mo ang *domain* na napili mo. Dahil hindi mo na ito mapapalitan. At i-klik ang *Sign-Up* sa ilalim ng *Basic* (upang maging libre ang blog mo)

**ANG BLOG KO**

Sagutin mo ang mga tanong.

1. Ano ang nakita mo sa *video*?  Ilarawan ito.

2. Saan matatagpuan ang istrukturang napanood?

3. Bakit ito mahalaga sa kasaysayan? Patunayan ang iyong sagot.

4. Paano ito nakatulong sa pamumuhay ng tao?

5. Paano ito inaalagaan ng tao? Magbigay ng halimbawa.

6. Paano nakaaapekto ang mga pagbabago sa teknolohiya sa pamumuhay ng unang tao at sa pag-usbong ng sinaunang kabihasnan?

_______________________________________________
_______________________________________________
______________________________________________

Natuklasan at napagtanto mo sa *video* na ang mga sinaunang kagamitan o istruktura ay nasisira subalit ito ay maaaring ibalik sa dati nitong ganda gamit ang makabagong teknolohiya. Higit sa lahat sa pamamagitan ng patuloy na pagpreserba at pangangalaga ng tao bilang patunay ng halaga nito sa kasaysayan.

## GAWAIN 20. Usap Tayo!

Ating alamin ngayon kung may ginagawang pagpapanatili o pangangalaga ang inyong lugar sa mga sinaunang kagamitan, istruktura at maging ang tatak ng kulturang Pilipino sa pamamagitan ng pakikipanayam sa kinatawan ng Kagawaran ng Turismo at *curator* ng museo. Huwag kalimutang kunan ng larawan ito o litrato ang mga proyekto, istruktura at kagamitang iniingatan.

Pagkatapos ng pakikipanayam, sagutin ang *Reflective Journal* sa ibaba.

| | **REFLECTIVE JOURNAL** | |
|---|---|---|
| Anong mga nangyari? | Ano ang nararamdaman ko tungkol dito? | Mga Aral na Napulot ko... |
| | | |

Nalaman mo mula sa iyong pakikipanayam ang mga hakbangin o programang ipinapatupad ng inyong lugar upang mapanatiling

ma

ang kalagayan ng mga sinaunang kagamitang nagpapaalala ng nakaraan at pinagdaanan ng tao.

## GAWAIN 21. Ipakita Mo!

Mahalagang maidokumento ang mga sinaunang kagamitan o istruktura bilang pagkilala sa yugto ng kasaysayan at pangangalaga sa mga ito bilang tatak ng pagkakakilanlan ng isang pangkat. Gamit ang *glogster* sa *internet,* gumawa ka ng *photo collage* ng mga larawang nakuha sa inyong pakikipanayam maging sa pagbisita mo sa museo na nagpapakita ng iyong pagtataguyod sa mga sinaunang kagamitan at istruktura.  Ilagay ito sa *dashboard* ng modyul. Pagkatapos itong gawin, sagutin ang pamprosesong mga tanong.

Hakbang sa Paggamit ng glogster.com

1. I-klik ang http://www.glogster.com
2. Pindutin ang ‘Register’ sa kanang bahagi sa bandang itaas ng *screen*.
3. Punan ang *online registration form*.
4. I-*type* ang *code* mula sa *code box* na nasa kahon sa ibaba ng *code.*
5. I-tsek ang kahon na malapit sa ‘*I agree to the terms of use*.’
6. Pindutin ang *SIGN UP.*
7. I-klik ang “*CREATE A NEW GLOG” button*.
8. May ‘*blank’ glog screen* na magbubukas.

9. Pangalanan at i-*type* ang pangalan ng *glog* sa kahon ng ‘ *glog name’* at pindutin ang “*Save and Publish” button*.
10. I-kllik ang *“image” button* upang ma-*upload* ang mga larawan at gamitin ang mga *icon* upang magawa ang *photo collage.*
11. I-*screen shot* ito at ilagay sa *dashboard* ng modyul.

Sagutin mo ang mga tanong.

1. Ano ang disenyo na iyong binuo?

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

2. Bakit ito ang mga larawang iyong napili?

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

3. Ano ang mensahe ng *photo collage*?

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

4. Paano mo itataguyod ang pagpapahalaga sa mga istruktura at kagamitang ipinakita?

___________________________________________________________________
___________________________________________________________________
__________________________________________________________________

Nakagawa ka na ng *photo collage* at naipakita mo na ang iyong mensaheng nais iparating ukol sa mga sinaunang kagamitan at istruktura sa inyong lugar. Napagtanto mo na rin sa ngayon kung paano ka makatutulong sa adbokasiyang panatilihin at pangalagaan ang mga ito. Sa susunod na gawain, patutunayan mo ito. Mag-patuloy ka!

## GAWAIN 22. Ipagmalaki Mo!

Gamit ang mga larawan at impormasyon ng mga kagamitan ng unang tao sa iba't ibang panahon mula sa mga nakalipas na gawain, gumawa ka ng isang *museum box* na magpapakita ng iyong pang-unawa at pakikibahagi sa pagpreserba at pagpapanatili ng mga kontribusyon ng sinaunang tao.

Hakbang sa Paggamit ng *museum box:*

1. I-klik ang www.museum box upang magawa ito.
2. Naglalaman ang *museum box* ng introduksyon ukol sa mga kagamitan ng sinaunang tao, larawan ng mga kagamitan sa iba't ibang panahon, mga pagbabagong naganap sa pamayanan tungo sa pagkakatatag ng kabihasnan at mga dapat gawin sa tamang pangangalaga ng mga sinaunang kagamitan.
3. Pagkatapos magawa ang *museum box*, ilagay ang *link* sa *dashboard* ng modyul.

**MUSEUM BOX**

Napatunayan mo na sa katatapos na gawain na kaya mong gumawa ng paraan upang pangalagaan ang mga naiwan ng mga ninuno mo.Linawin mo ngayon kung gaano na kalalim ang iyong nalalaman sa paksa.

## GAWAIN 23. Linawin Natin!

Natuklasan mo na ang mga dapat mong malaman sa pagbuo ng sibilisasyon ng tao mula sa simpleng pamumuhay patungo sa kumplikado. Balikan mo ngayon ang *K-W-L Chart* at iyong sagutan ang ikatlong kolum.

**K-W-L CHART**

| Ano ang iyong nalalaman? | Ano ang gusto mong malaman? | Ano ang iyong natutuhan? |
|---|---|---|
| | | |

Sagutin mo ang mga tanong.

1. Ano-ano ang iyong mga natutuhan sa paksa?

   ______________________________________________
   ______________________________________________
   ______________________________________________

2. Mula sa iyong mga natutuhan, ano ang pinakamahalagang kaisipan na pumukaw sa iyo na maaaring magamit mo sa iyong buhay?

   ______________________________________________
   ______________________________________________
   ______________________________________________

3. Bilang isang tao, bakit natin kailangang malaman ang ating pinagmulan at pinagdaanan? Ipaliwanag.

   ______________________________________________
   ______________________________________________
   ______________________________________________

4. Bilang isang tao, paano ka makatutulong sa pangangalaga ng ating mundo at sa mga sinaunang kagamitan o istruktura?

   ______________________________________________
   ______________________________________________
   ______________________________________________

5. Paano mo pahahalagahan ang pag-unlad sa buhay ng tao?

   ______________________________________________
   ______________________________________________
   ______________________________________________

## GAWAIN 24. I-Check Natin!

Makikita mo sa ibaba ang mga kasanayan sa paksa. Lagyan ng tsek kung ito ay nagawa at ekis kung hindi ito nagawa. Sa mga may markang hindi mo nagawa, balikan ang gawaing tumutukoy sa kasanayang ito upang maliwanagan at maunawaan mo ito o kaya ay mag-*email* sa guro ukol dito.

**TSEKLIST**

| MGA KASANAYAN | AKING NAGAWA |
|---|---|
| 1. Nasusuri ang kondisyong heograpikal sa panahon ng mga unang tao sa daigdig. | |
| 1. Naipaliliwanag ang uri pamumuhay ng mga unang tao sa daigdig. | |
| 2. Nasusuri ang yugto ng pag-unlad ng kultura sa panahong prehistoriko. | |

**GAWAIN 25.** **Ibuod Natin!**

Mula sa mga gawaing iyong ginawa ay marami kang natuklasan hindi lamang ukol sa paksa kundi maging sa iyong sarili at sa iyong pamayanan. Sa bahaging ito ay sasagutin at kukumpletuhin mo ang *Generalization Table*.

| SENTENCE COMPLETION | |
|---|---|
| Ang paksa ay tungkol sa … | Napagtanto ko na …. |

**Katapusang Bahagi ng Pagpapalalim**

Naunawaan mo nang lubusan sa bahaging ito ng aralin ang mga pagbabagong naganap sa buhay ng unang tao mula noon hanggang ngayon. Napatunayan mo rin ang mga pagbabagong ginawa ng tao hindi lamang sa kanyanag sarili pati na rin sa kanyang sarili pati na rin sa kanyang paligid upang umaayon sa kanyang pangangailangan at sa panahon. Napag-ugnay mo na rin ang halaga ng mga lumang gamit at istruktura sa kasaysayan at pagkakakilanlan ng tao.

Mayroon ka bang napagtanto sa paksang ito at dapat isagawa bilang mamamayan? Ngayong may malalim ka ng pang-unawa sa gagawin.

## PAGLILIPAT

Ang layunin mo sa bahaging ito ng aralin ay isagawa ang anumang natutuhan at realisasyon mo sa buhay upang patunayan ang iyong pagiging responsableng mamamayan na nakikisangkot sa mga nangyayari at handang tumulong anumang oras na kailangan ka.

### GAWAIN 26. Ikaw Naman!

Basahing mabuti ang sitwasyon sa ibaba. Layunin nitong subukin ang iyong kakayahan upang tumugon ka sa pagtataguyod at pagpapakilala ng mga magagandang tanawin sa Pilipinas. Pangkatin ang klase sa limang grupo. Pagkatapos ay gawin ang Inaasahang Pagganap (*Performance Task*).

Ang alkalde ng iyong lugar ay nakaisip ng proyekto na mangangailangan sa iyong aktibong pakikilahok bilang isa sa mga mamamayan sa inyong lugar para sa pagbuo ng isang *brochure* na maglalathala sa mga natatanging hiyas na matatagpuan sa inyong lugar. Ito ay bilang tugon sa pagnanais ng Departamento ng Turismo na maipakikilala sa mga Pilipino ang bagong islogan ng kanilang programa na "It's more fun in the Philippines." Hinahamon ang bawat lokal na opisyal sa mga lungsod at bayan ng bansang Pilipinas na bumuo na isang kongkretong paraan kung paano mapapalakas ang kanilang programang panturismo sa kanilang lugar. Ang paglulunsad ng bagong programang panturismo ay isasabay sa kanilang taunang kapistahan. Layunin ng proyektong ito na maipakita kung paano nakaaapekto ang salik heograpikal sa paghubog ng kanilang pamayanan. Gagawing patimpalak ang paggawa ng *brochure*. Bukas sa lahat ng mga mamamayan ng Pilipinas ang paligsahang ito. Ang *brochure* ay huhusgahan sa mga sumusunod na pamantayan: (1) nilalaman ng *brochure*, (2) organisasyon, (3) kapakinabangan, (4) at *visual impact*.

**PAMANTAYAN SA PAGDISENYO NG *BROCHURE***

| KATEGORYA | Katangi-tangi (4 pts.) | Mahusay (3 pts.) | Nalilinang (2 pts.) | Nagsisimula (1 pt.) | Rating |
|---|---|---|---|---|---|
| **NILALAMAN NG BROCHURE (40%)** | Nagtataglay ng maraming impormasyon ang *brochure* ukol sa kasaysayan, yaman at kung paano sumulong ang mga natata-nging lugar na matatagpuan dito. Naisasalaysay din sa kakaibang estilo ang kumprehen-sibong buod ng kasaysayan sa pag-usbong ng mga pamayanan sa mga lugar na nailalathala sa *brochure.* | Nagtataglay ng sapat na impormasyon ang *brochure* ukol sa ukol sa kasaysa-yan, yaman at kung paano sumulong ang mga natatanging lugar na matatagpuan dito. Naisa-salaysay din ang wastong buod ng kasaysayan sa pag-usbong ng mga pamaya-nan sa mga lugar na nailalathala sa *brochure.* | Nagtataglay ng mga pagkukulang ng impormas-yon ang *brochure* ukol sa kasaysa-yan, yaman at kung paano sumulong ang mga natatanging lugar na matatagpuan dito. Hindi masyadong naisa-salaysay ang buod ng kasaysayan sa pag-usbong ng mga pamaya-nan sa mga lugar na nailalathala sa *brochure*. | Nagtataglay ng maling impormasyon ang *brochure* ukol sa kasaysayan, yaman at kung paano sumulong ang mga natatanging lugar na matatagpuan dito. Walang naisalaysay na buod ng kasaysayan sa pag-usbong ng mga pamayanan sa mga lugar na nailalathala sa *brochure.* | |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| **ORGANISASYON (30%)** | Katangi-tangi ang pagkaka-ayos ng mga naisusulat at nailalagay na mga detalye sa *brochure*. Malikhain ang paraan ng pagkasunod-sunod ng iba't-ibang lugar na napiling ilagay sa *brochure*. | Maayos ang pagkasulat at pagkalagay ng mga detalye ng *brochure.* Wasto ang paraan ng pagkasunod-sunod ng iba't ibang lugar na napiling ilagay sa *brochure.* | May mga bahagi sa *brochure* na hindi maayos ang pagkasu-lat at pagka-lagay. May mga bahagi rin na hindi wasto ang paraan ng pagkasunod-sunod ng iba'tibang lugar na napiling ilagay sa *brochure.* | Magulo ang pagkasulat at pagkalagay ng mga detalye ng *brochure*. Mali-mali ang paraan ng pagkasunod-sunod ng iba't ibang lugar na napiling ilagay sa *brochure.* | |
| **KAPAKINA-BANGAN (20%)** | Malaking tulong ang nadisenyong *brochure* sa naisip na bagong programang panturismo sa lokal na pamahalaan at ito'y nakapag-hikayat sa mga taong gustong maglakbay sa lugar. Nakalakip ang mga detalye ng mapa sa buong lugar. | Sapat na tulong ang nadisenyong *brochure* sa naisip na bagong programang panturismo sa lokal na pamahalaan. Nakalakip ang mapa sa buong lugar. | Hindi masyadong nakatulong ang nadisenyong *brochure* sa naisip na bagong programang panturismo sa lokal na pamahalaan. May kulang ang nakalakip na mapa sa lugar. | Walang tulong na naidulot ang nadisenyong *brochure* sa naisip na bagong programang panturismo sa lokal na pamahalaan. Walang nakalakip na mapa sa lugar. | |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| **VISUAL IMPACT (10%)** | Magaganda ang ang mga napiling imahe na kasama sa *brochure* at kaakit-akit ang mga kulay na ginamit sa iba't ibang larawan. Magaling at kaaya-aya ang disenyo ng mga letra at mahuhusay ang kombinas-yon ng mga imahe at paglalarawan ng bawat lugar. | Wasto ang ang mga napiling imahe na kasama sa *brochure* at tama ang mga kulay na ginamit sa iba't ibang larawan. Wasto ang disenyo ng mga letra at maayos ang kombinasyon ng mga imahe at paglalarawan ng bawat lugar. | May mga hindi tamang napili na imahe na kasama sa *brochure* at hindi masyadong tama ang mga kulay na ginamit sa iba't ibang larawan. Hindi malinaw ang disenyo ng mga letra at hindi masyadong maayos ang kombinasyon ng mga imahe at paglalarawan ng bawat lugar. | Hindi tama ang napiling mga imahe na kasama sa *brochure* at hindi tama ang mga kulay na ginamit sa iba't ibang larawan. Hindi malinaw ang disenyo ng mga letra at hindi maayos ang kombinasyon ng mga imahe at paglalarawan ng bawat lugar. | |

Pagkatapos itong gawin ay sagutan ang *reflection log* sa ibaba.

**Reflection Log: Mga Natutuhan ko sa Araling ito**

| Kaalamang Mahalaga sa Buhay ko at sa Bayan ko | Kakayahan | Mabuting Ugali |
|---|---|---|
| | | |

Sagutin mo ang mga tanong.

1. Anong masasabi mo sa iyong ginawa?

______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________

2. Paano makatutulong ang *brochure* sa turismo ng Pilipinas? Ipaliwanag.

______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________

3. Ano ang natutuhan mo o realisasyon sa padidisenyo ng *brochure*?

______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________

4. Ipagpapatuloy mo ba ang kampanya at pagtataguyod ng turismo sa Pilipinas? Ipaliwanag ang iyong sagot.

   ______________________________________________________________
   ______________________________________________________________
   ____________________________________________________________

5. Paano nakaaapekto ang mga pagbabago ng mga pamaraan, mekanismo at teknolohiya sa sinaunang kabihasnan sa kanilang pisikal na kapaligiran at sa kanilang pamumuhay?

   ______________________________________________________________
   ______________________________________________________________
   ____________________________________________________________

## GAWAIN 27. Ang Sabi Ko!

Gamit ang iskala sa ibaba, ilarawan ang iyong kagustuhan na maging tagapagsulong at tagpagtaguyod ng turismo sa iyong silid-aralan, paaralan at komunidad.

**Gusto /___/___/___/___/___/ Gustong-gusto**
**1 2 3 4 5**

**Katapusang Bahagi ng Paglilipat**

Nalaman at naunawaan mo na ang pagsisimula ng kabihasnan mula sa prehistorikong panahon hanggang 1000BCE. Naisagawa mo na rin ang pangunahing proyekto, ang pagdidisenyo ng brochure, na siyang magpapatunay ng lawak ng iyong kaalaman sa paksa. Ano ang masasabi mo sa pagsasagawa nito? May natutuhan ka ba o realisasyon sa iyong sarili habang ginagawa ito? Sanay nakatulong ito upang lalo mong pahalagahan ang pagiging Pilipino at makipagtulungan sa pangangalaga ng mga magagandang tanawin at pamana ng ating mga ninuno!

Binabati kita sapagkat natapos mo na ang araling ito! Bago ka pumunta sa susunod na aralin, sagutan mo ang panghuling pagtataya.

## PANGHULING PAGTATAYA

Ito na ang pagkakataon upang mataya ang iyong natutuhan. I-klik lamang ang titik nang napili mong sagot. Makikita mo ang iyong nakuhang iskor pagkatapos mong masagutan ang lahat ng aytem. Kung mataas ang iyong nakuhang iskor, maaari ka nang pumunta sa susunod na modyul. Kung ang nakuha mong iskor ay wala sa inaasahang lebel o iskor, kailangan mong balikang muli ang modyul.

Kung handa ka na, i-klik ang SIMULA.

Basahin at unawaing mabuti ang mga sumusunod na tanong. I-klik ang titik ng wastong sagot.

1. Ano ang tawag sa isa sa limang tema ng heograpiya na tumutukoy sa bahagi ng daigdig na may magkakatulad na katangiang pisikal o kultural?
   a. lokasyon
   b. lugar
   c. paggalaw
   d. rehiyon

2. Saan matatagpuan ang *Lascaux Painting* sa ibaba?



   A. France
   B. Spain
   C. China
   D. Germany

3. Saan matatagpuan ang lungsod ng Harappa at Mohenjo-daro?



A. Mesopotamia
B. Egypt
C. India
D. China

4. Makikita sa mapa ang *population density* ng Pilipinas noong 2000. Batay dito, ang NCR, Region III, at Region IV-A, ang may pinakamakapal na populasyon. Alin sa sumusunod ang maaaring dahilan ng ganitong sitwasyon?




a. Maraming mamamayan ang naninirahan sa mga nabanggit na lugar.
b. Makikita sa mga nabanggit na rehiyon ang iba't ibang sentro ng hanapbuhay at komersiyo.
c. Maraming Pilipino ang nagnanais na makarating at manirahan sa mga nabanggit na rehiyon.
d. Mataas ang *population growth rate* sa mga nabanggit na rehiyon kung kaya't maraming nadagdag sa populasyon.

5. Sa anong panahon natuklasan ng sinaunang tao ang pagsasaka?



a. Paleolitiko
b. Mesolitiko
c. Neolitiko
d. Panahon ng Metal

6. Paano nakatulong ang mga ilog sa pamumuhay ng mga unang tao?

a. Natuto ang mga tao sa pangingisda, pangangalakal, pagsasaka at pag-aalaga ng hayop.
b. Natuto ang mga tao na mangaso at magpulot ng prutas.
c. Natuto ang mga tao na magtanim at mangisda.
d. Natuto ang mga tao na maghabi ng tela.

7. Anong ilog ang tinawag na “Pighati ng China”?



a. Yangtze
b. Nile
c. Indus
d. Huang Ho

8. Mula sa larawan, ano ang *ziggurat*?



a. templo
b. museleo
c. palasyo
d. bahay-tanggulan

9. Ang mga mamamayan na naninirahan sa Sahel ay nagtatapis ng tela sa kanilang ulo bilang pananggalang sa init at buhangin. Ang mga Tsino ay nagtayo ng mataas na dike upang mailigtas ang kanilang pananim sa tuwing umaapaw ang Ilog Huang He. Samantala, kilala ang Baguio sa pagluluwas ng prutas, gulay, at mga bulaklak dahil sa angkop ang klima nito sa mga ganitong uri ng pananim. Anong kongklusyon ang iyong mabubuo mula sa mga nabanggit na sitwasyon?
   a. Magkakaiba ang paraan ng pamumuhay ng tao sa iba't ibang bahagi ng daigdig.
   b. Ang katangian ng heograpiya ang pangunahing salik na humuhubog sa pamumuhay ng tao.
   c. Nakabatay sa pagtugon ng tao sa kaniyang kapaligiran ang uri ng kaniyang pamumuhay.
   d. Nakaapekto sa kasaysayan ng isang bansa ang uri at katangian ng kaniyang heorapiya.

10. Anong sitwasyon ang nagpapakita kung paano nabuhay ang unang tao upang tugunan ang kanyang pangangailangan?
    a. Paghahabulan ng mga mababangis na hayop sa gubat.
    b. Pagpapatayo ng mga dam, kalsada, at irigasyon.
    c. Paglalagalag mula sa iba't ibang lugar.
    d. Pagsabog ng bulkan at pagyanig ng lupa.

11. Batay sa larawan sa ibaba, ano ang iyong mahihinuha tungkol sa epekto ng pamumuhay ng mga mamamayan sa pagbabago ng mekanismo at teknolohiyang nagamit sa sinaunang kabihasnan?



    a. Ang mga natamo nating kaunlaran sa kasalukuyang panahon ay pamana ng mga sinaunang kabihasnan kaya dapat natin itong pagyamanin upang ang mga ito ay mabigyang halaga pa sa mga mamamayan sa hinaharap na panahon.
    b. Dapat kalimutan ang mga mekanismo at teknolohiyang mga pamana natin sa mga sinaunang kabihasnan dahil ang mga ito ay nagdulot ng kasamaan at paghihirap natin sa kasalukuyang panahon.
    c. Hindi dapat pansinin ang mga naging ambag sa mga sinaunang kabihasnan dahil nagamit lang sila sa mga sinaunang panahon.
    d. Magagamit ang mga kontribusyon ng mga sinaunang kabihasnan sa kasalukuyang panahon sa pamamagitan ng pagsama nito sa mga panturismong programa ng mga bansa na matatagpuan ang mga sinaunang mekanismo at mga teknolohiya.

12. Ang Japan ay hindi gaanong sagana sa likas na yaman, ang Saudi Arabia naman ay salat sa yamang-tubig, at ang China ay may mga bahaging disyerto at bulubundukin. Sa kabila ng kanilang pisikal na katangian, ang mga nabanggit na bansa ay ilan sa mga mauunlad sa daigdig. Anong kaisipan ang iyong mabubuo tungkol dito?
    a. Ang mga nabanggit na bansa ay may mataas na antas ng teknolohiya.
    b. Ang mga mamamayan sa bansang ito ay mapamaraan.
    c. Nakabatay ang pag-unlad ng isang bansa sa ugnayan ng tao at kapaligiran.

d. Nakadepende sa uri ng kapaligiran at likas na yaman ng isang bansa ang kaniyang pag-unlad.

13. Alin sa mga sumusunod na pahayag ang totoo tungkol sa mga hayto ayon sa siyentipikong pag-aaral?
    a. Ang hayto ng tao ay may pagkakatulad sa hayto ng sinaunang bakulaw.
    b. Natunaw lahat ng haytong nagpapatunay sa ebolusyon ng tao.
    c. Ang tao ay hindi nagdaan sa eblolusyon.
    d. Ang ebolusyon ng tao ay hindi pinapaniwalaan ng mga siyentipiko.

14. Ginawa ng mga alipin ang mga pyramid mula sa utos ng mga paraon. Sang -ayon ka ba dito?
    a. Oo, dahil ang mga alipin ay pinahirapan at ginutom sa paggawa ng mga *pyramid*.
    b. Oo, dahil ang mga alipin ay mula sa mga nasakop na lugar ng paraon.
    c. Hindi, dahil ang mga *pyramid* ay ginawa ng mga tao mula sa nasasakupan ng paraon.
    d. Hindi, dahil ang mga *pyramid* ay ginawa ng mga *alien.*

15. Magkakaroon ng pagpupulong sa inyong barangay tungkol sa mga paraan kung paano maiiwasan ang masamang epekto ng iba't ibang kalamidad. Bilang kinatawan ng Sangguniang Kabataan, naatasan kang gumawa ng paraan upang matukoy ang mga *disaster prone area* sa inyong lugar. Ito ay iyong ilalahad sa mga kinatawan ng bawat purok at sa iba pang miyembro ng sangguniang kabataan. Alin sa sumusunod ang angkop na produktong iyong gagawin?
    a. projection map
    b. disaster prone map
    c. topography map
    d. climate map

16. Isa sa mga suliraning dulot ng *climate change* ang madalas na pagkakaroon ng kalamidad. Bunga nito, nagpatawag ang inyong mayor ng pagpupulong ng iba't ibang kinatawan upang masuri ang antas ng kahandaan ng inyong lugar. Bilang miyembro ng isang NGO, naimbitahan ka at naatasan na maglahad ng *project proposal* tungkol sa mga paghahanda ng inyong lugar. Ilalahad mo ito sa mga bumubuo ng lokal na pamahalaan at iba pang kinatawan na kasama sa pagpupulong. Kung ang produkto ay *project proposal*, alin sa sumusunod ang angkop na pamantayan upang masuri ito?
    a. kaangkupan, nilalaman, presentasyon, at kawastuhan ng datos
    b. kaangkupan, nilalaman, presentasyon, at kaangkupan ng salita
    c. kaangkupan, nilalaman ng datos, presentasyon at kabuluhan ng proposal
    d. kaangkupan, nilalaman,at presentasyon

17. Ang National Museum ay magdaraos ng isang ekshibit sa mga sinaunang kagamitan. Bilang *curator,* ano ang pinakamainam na pag-aanunsiyo nito?
    a. Pagtawag sa lahat ng kakilala.
    b. Pamumudmod ng pampleta sa gaganaping ekshibit.
    c. Pagbisita sa mga kakilala.
    d. Pag-text sa mga kakilala.

18. Ang TV Patrol ay magpapalabas ng isang dokumentaryo sa pamumuhay ng sinaunang Pilipino na matatagpuan sa kuweba ng Tabon sa may Palawan. Inatasan ka bilang isang reporter na gawin ang dokumentaryo. Ano ang pamantayan mo sa paggawa nito?
    a. impormatibo at organisado
    b. impormatibo, organisado, at dating sa manonood
    c. impormatibo, organisado at makulay
    d. impormatibo, organisado at mabilis na pagbabalita

19. Ang bagyong Yolanda ay nanalasa sa Tacloban City, Leyte na sumira sa mga sinaunang kagamitan at istruktura. Bilang isang *archivist*, paano mo papanatilihin ang pagkakakilanlan ng inyong lugar?
    a. Hayaang tuluyang masira ang mga sinaunang kagamitan at istruktura.
    b. Humingi ng mga donasyon upang bumili ng mga panibagong kagamitan sa museo.
    c. Gumawa ng mga tala, *video,* at mga larawang nagpapakita ng sinaunang kagamitan at istruktura.
    d. Kausapin ang bawat taong makilala upang pag-usapan ang epekto ng bagyo.

20. Ang Aprika ay tinaguriang "Pinakamahirap na Kontinente sa Buong Mundo". Sa kabilang dako ay mayaman ang kontinente ng mga likas na yaman at mayamang kasaysayan tulad ng mga sinaunang kagamitan at mga lumang istruktura na nagpapatunay ng maunlad ng kabihasnan ng tao. Bilang isang katutubong Aprikano, ano ang pinakamabisang paraan upang makahikayat ng mga turista sa Aprika?
    a. Maglakbay sa iba't ibang bansa upang manghikayat sa bawat taong makausap.
    b. Tawagan ang mga kaibigan upang maglakbay sa Aprika.
    c. Mag-upload ng *video* na nagpapakita ng mga magagandang tanawin, istruktura at kagamitan sa youtube.
    d. Magpamudmod ng mga *brochure* sa bawat taong makasalubong.

## GLOSARYO NG MGA TERMINONG GINAMIT SA ARALIN

**Artifact** – Tumutukoy sa mga bagay o kagamitang nilikha, ginamit at iniwan ng sinaunang tao na natuklasan ng mga arkeologo.

**Barter Trade** – Isang uri ng kalakalan noong sinaunang panahon na tumutukoy sa pagpapalitan ng produkto.

**Cro-Magnon** – Unang tao na natagpuan sa Spain at France na unang natutong magpinta sa dingding ng mga kuweba.

**Ebolusyon** – Isang proseso ng mabagal na pagbabago ng katangian o anyo mula sa simple patungo sa kumplikado.

**Hayto** – Tumutukoy sa mga abo ng mga labi at buto ng mga sinaunang tao na natagpuan sa mga bato.

**Kabihasnan** – Mula sa salitang bihasa na tumutukoy sa pamumuhay na nakagawian at pinipino ng isang pangkat ng tao.

**Kultura** – Tumutukoy sa sistema ng paniniwala, gawi, pagpapahalaga, o uri ng pamumuhay ng isang pangkat ng tao at naisasalin sa susunod na henerasyon sa tulong ng umuunlad na kaalaman ng tao.

**Nomadiko** – Mga taong palipat-lipat ng tirahan upang maghanap ng makakain.

**Panahon**- Ang kondisyon ng atmospera sa isang natatanging pook sa loob ng nakatakdang oras.

**Panahong Mesolitiko** – Panahon sa pagitan ng panahong Paleolitiko at Neolitiko.

**Panahong Neolitiko** – Ang naging batayan ng makabagong panahon kung saan natutuhan ng mga taong pakinisin, patalasin, at patulisin ang kanilang mga kagamitan at matuklasan ang agrikultura.

**Panahong Paleolithic** – Mula sa salitang Griyego na *palaois*, ibig sabihin ay luma, at litho o bato; ito ang tinatayang pinakaunang panahon sa kasaysayan na gumamit ng kagamitang bato.

**Sibilisasyon** - Mula sa salitang ugat na *civitas* na mailalarawan bilang masalimuot na pamumuhay sa lungsod at umusbong sa mga lambak-ilog.

**Teknolohiya** -Ang pagsulong at paglapat ng mga kasangkapan, makina, kagamitan at proseso upang tumulong sa paglunas ng mga suliranin ng tao

**TALASANGGUNIAN AT MGA WEBSITE NA GINAMIT SA ARALIN**


http://ph.video.search.yahoo.com/video/play;_ylt=A2KIo9zDh6ZSwSMAc2neRwx.;_ylu=X3oDMTByMjBzZmhtBHNlYwNzcgRzbGsDdmlkBHZ0aWQDBGdwb3MDNg--?p=prehistoric+period&vid=6536bb53f49f36ecd2e061176e8ce8aa&l=1%3A41&turl=http%3A%2F%2Fts4.mm.bing.net%2Fth%3Fid%3DV.4747318781543223%26pid%3D15.1&rurl=http%3A%2F%2Fwww.youtube.com%2Fwatch%3Fv%3DxKw video ukol sa 10 Amazing facts about Prehistoric life

http://www.merriam-webster.com/ online dictionary.

http://www.diwalearningtown.com/uploaded/admin/file/Shop/SY10-11/PAP/PF_NAPHSIIITXU01C01L01.pdf ukol sa pinagmulan ng daigdig

http://ph.video.search.yahoo.com/video/play;_ylt=A2KIo9mYhaZSrHgAR2DeRwx.;_ylu=X3oDMTBzZjc2N3EzBHNlYwNzcgRzbGsDdmlkBHZ0aWQDBGdwb3MDMjQ-?p=prehistoric+period&vid=8dfeaf1c0dd660aee9e2d08ac802d6d5&l=00%3A40&turl=http%3A%2F%2Fts4.mm.bing.net%2Fth%3Fid%3DV.4871082528540515%26pid%3D15.1&rurl=http%3A%2F%2Fwww.youtube.com%2Fwatch%3Fv%3DOEgTduApDMI&tit=Prehistoric+life&c=23&sigr=11ap35sup&sigt=10giepi0c&age=0&fr=yfp-t-711-s&tt=b youtube video mula Paleozoic hanggang Cenozoic Era

http://ph.video.search.yahoo.com/video/play;_ylt=A2KIo9zDh6ZSwSMAgmneRwx.;_ylu=X3oDMTBzbmRuNmJiBHNlYwNzcgRzbGsDdmlkBHZ0aWQDBGdwb3MDMjE-?p=prehistoric+period&vid=bbb3d675d41957e6015e0a54b72f295f&l=5%3A25&turl=http%3A%2F%2Fts3.mm.bing.net%2Fth%3Fid%3DV.4609845460406278%26pid%3D15.1&rurl=http%3A%2F%2Fwww.youtube.com%2Fwatch%3Fv%3D9DDZqPxMNYc&tit=Prehistoric+Earth+Atlas+P1&c=20&sigr=11aje0osl&sigt=10qk83pa6&age=0&fr=yfp-t-711-s&tt=b video ukol sa Prehistoric Earth Atlas ( Cambrian until present)

http://kasaysayanngmundo.blogspot.com/2009/01/pre-historikong-panahon-ng-kasaysayan.html naglalaman ng impormasyon ukol sa prehistorikong kasaysayan

http://ph.video.search.yahoo.com/video/play;_ylt=A2KIo9mYhaZSrHgAMWDeRwx.;_ylu=X3oDMTByZ2N0cmxpBHNlYwNzcgRzbGsDdmlkBHZ0aWQDBGdwb3MDMg--

?p=prehistoric+period&vid=7c2c5263e49e7ba3635c70c4d18b0f39&l=3%3A02&turl=http%3A%2F%2Fts2.mm.bing.net%2Fth%3Fid%3DV.4636658943918945%26pid%3D15.1&rurl=http%3A%2F%2Fwww.youtube.com%2Fwatch%3Fv%3DPUNe5SEqDw8&tit=the+stone+age%2C+prehistory&c=1&sigr=11ahtrtbk&sigt=10pikdduu&age=0&fr=yfp-t-711-s&tt=b yuotube video tungkol sa buhay noong Panahon ng Bato

http://ph.video.search.yahoo.com/video/play;_ylt=A2KIo9zDh6ZSwSMAfWneRwx.;_ylu=X3oDMTBzZzJoNGtoBHNlYwNzcgRzbGsDdmlkBHZ0aWQDBGdwb3MDMTY-?p=prehistoric+period&vid=9f42130f2f82956258b42406b4ebe9d9&l=5%3A53&turl=http%3A%2F%2Fts4.mm.bing.net%2Fth%3Fid%3DV.4949590234103983%26pid%3D15.1&rurl=http%3A%2F%2Fwww.youtube.com%2Fwatch%3Fv%3D2P4obqOwo5A&tit=Prehistoric+Earth+Atlas+P2&c=15&sigr=11a7r2aip&sigt=10qa7gd6p&age=0&fr=yfp-t-711-s&tt=b video ukol sa prehistoric atlas 2 pagbabago ng mundo hayop halaman, kontinente

http://ph.video.search.yahoo.com/video/play;_ylt=A2KIo9zDh6ZSwSMAhWneRwx.;_ylu=X3oDMTBzZjc2N3EzBHNlYwNzcgRzbGsDdmlkBHZ0aWQDBGdwb3MDMjQ-?p=prehistoric+period&vid=8dfeaf1c0dd660aee9e2d08ac802d6d5&l=00%3A40&turl=http%3A%2F%2Fts4.mm.bing.net%2Fth%3Fid%3DV.4871082528540515%26pid%3D15.1&rurl=http%3A%2F%2Fwww.youtube.com%2Fwatch%3Fv%3DOEgTduApDMI&tit=Prehistoric+life&c=23&sigr=11ap35sup&sigt=10giepi0c&age=0&fr=yfp-t-711-s&tt=b video ng ukol sa prehistorikong buhay

http://ph.images.search.yahoo.com/search/images;_ylt=A2oKmLFzg6ZS5GEAQbezRwx.?p=prehistoric+period&fr=yfp-t-711-s&fr2=piv-web larawan ng prehistorikong panahon

http://sweetandstrong5.blogspot.com/ pamayanang Neolitiko

http://www.youtube.com/watch?v=IvACd5fPTWg video sa ebolusyon ng tao

http://www.actionbioscience.org/evolution/benton.html mga pamamaraan ng pag-aaral sa hayto

http://www.maropeng.co.za/content/page/the_science_of_studying_fossils naglalaman kung paano pinag-aaralan ang mga hayto at artifacts

http://ph.images.search.yahoo.com/search/images;_ylt=A2oKmLFzg6ZS5GEAQbezRwx.?p=prehistoric+period&fr=yfp-t-711-s&fr2=piv-web larawan ng prehistoric period

www.google.com.ph/search?q=pamayanang+neolitiko&oq=Pamayanam&aqs=chrome.4.69i57j0l5.6408j0j8&sourceid=chrome&espv=210&es_sm=93&ie=UTF-8#es_sm=93&espv pamayanang urban

www.google.com.ph/search?q=picture+of+rural+community&source=lnms&tbm=isch&sa=X&ei=jDj8UtvgOIiakAWMzYC4BA&ved=0CAcQ_AUoAQ&biw=1024&bih=499#q=picture+of+rural+community+in+Philippines&tbm=isch mga larawan ng pamayanang rural

http://angkulturangteknolohiyasakabataa.blogspot.com/2010/01/ang-kultura-ng-teknolohiya-sa-kabataan.html blog ukol sa epekto ng teknolohiya

# ARALIN 3: ANG MGA SINAUNANG KABIHASNAN SA DAIGDIG

## ☑ Panimula at mga Pokus na Tanong

Malulutas kaya natin ang ating mga suliraning pangkapaligiran na hindi isinaalang-alang ang mga pangyayari sa mga sinaunang panahon? Ang isyung pangkapiligiran ay isang usaping napapahon dahil sa lahat ng mga problemang pangkalikasan na ating nararanasan bawat taon. Lahat ng tao sa mundo ay dapat may kontribusyon sa paglutas ng mga sularaning ito. Bilang isang mag-aaral, ano kaya ang iyong magagawa?

Sa modyul na ito, inaasahang lubos na mauunawaan mo kung **paano hinuhubog ng salik heograpikal (lokasyon, klima, katangiang topograpikal, yamang likas, natural boundaries, at iba pa) ang sinaunang kabihasnan sa daigdig**. Sa pamamagitan ng pagdisenyo ng isang brochure mailalahad mo kung paano nakaaapekto ang salik heograpikal sa paghubog ng iyong pamayanan. Inaasahan ka ring maganyak na maging isang mamamayan na patuloy na naisasagawa ang mahahalaga at natatanging kaugaliang naidulot ng sinaunang kabihasnang pandaigdig sa paraan ng iyong pamumuhay at pakikipag-ugnayan sa ibat-ibang tao.

## ☑ SAKLAW NG MODYUL

Ang modyul na ito ay naglalaman ng mga sumusunod na aralin:

| Aralin Blg. | Pamagat | Matutuhan mo ang… | Blg. Ng Sesyon |
|---|---|---|---|
| 3.1 | Mga Sinaunang Kabihasnan sa Daigdig | Naiuugnay ang heograpiya sa pagbuo at pag-unlad ng mga sinaunang kabihasnan sa daigdig<br>Nasusuri ang pag-usbong ng mga sinaunang kabihasnan sa daigdig; pinagmulan, batayan at katangian<br>Nasusuri ang mga sinaunang kabihasnan sa daigdig batay politika, ekonomiya, kultura, relihiyon, paniniwala, at lipunan | |
| 3.2 | Kontribusyon ng mga Sinaunang Kabihasnan sa Daigdig | Napahahalagahan ang mga kontribusyon ng mga sinaunang kabihasnan sa daigdig | |

## ☑ CONCEPT MAP NG ARALIN

Ito ang simpleng *concept map* ng mga araling tatalakayin sa araling ito.

**Ang Sinaunang Daigdig** **Ang Kasalukuyang Daigdig**



☑ **Mga Inaasahang Kasanayan**

Upang mahusay na masagutan ang aralin at malinang nang lubos ang iyong pag-unawa, kinakailangang tandaan at gawin mo ang mga sumusunod:

1. Natatalunton ang mga nabuong kabihasnan sa Asya, South America at Africa
2. Nakapagsusuri ng kahalagahan ng mga katangiang pisikal ng mga sinaunang kabihasnan
3. Naipaliliwanag sa kaugnayan ng pisikal na heograpiya sa pag-usbong at pag-unlad ng mga sinaunang kabihasnan
4. Nakapagsusuri ng kahalagahan ng mga pangyayari sa mga sinaunang kabihasnan ng daigdig na may kaugnayan sa politika, ekonomiya, teknolohiya, paniniwala at pamumuhay
5. Nakapagsusuri ng ibat ibang kontribusyon ng mga sinaunang kabihasnan sa daigdig
6. Nakagagawa ng isang brochure na magpapakita kung paano nakaaapekto ang salik heograpikal sa paghubog ng kanilang pamayanan

## PANIMULANG PAGTATAYA

Alamin natin ngayon kung may kaalaman ka sa araling tatalakayin sa pamamagitan ng pagsagot sa panimulang pagtataya. I-klik lamang ang titik ng wastong sagot at sagutan lahat ang mga tanong. Pagkatapos ay makikita mo ang nakuha mong iskor. Tandaan mo ang mga aytem at mga tanong na hindi mo nasagot. Malalaman mo ang wastong sagot habang pinag-aaralan mo ang modyul na ito.

Kung handa ka na, i-klik ang SIMULA.

Basahing mabuti ang mga sumusunod na tanong. I-klik ang titik ng wastong sagot.

1. Ano ang tawag sa isa sa limang tema ng heograpiya na tumutukoy sa paglipat ng tao mula sa kinagisnang lugar tungo sa ibang lugar?
   a. lokasyon
   b. lugar
   c. paggalaw
   d. rehiyon

2. Saan matatagpuang kuweba ang *Bison Painting* na nasa larawan?



   a. France
   b. Spain
   c. Altamira
   d. Lascaux

3. Bakit karaniwang nagsimula sa mga anyong tubig ang mga sinaunang kabihasnan?
    a. Ang mga yamang tubig ay mas masagana kaysa sa mga yamang-lupa.
    b. Mas gusto ng mga tao ang sinaunang kabihasnan na malapit lang sila sa kanilang paliliguan.
    c. Nais ng mga tao sa sinaunang kabihasnan na makipamuhay sa mga lugar na makatugon sa kanilang pangunahing pangangailangan.
    d. Nasisiyahan ang mga sinaunang tao sa kagandahan ng paligid at tanawin ng mga anyong tubig.

4. Makikita sa mapa ang lokasyon ng Hong Kong kaugnay ng iba pang bansa sa Silangan at Timog-silangang Asya. Batay sa iyong pagsusuri, ano ang kaugnayan ng lokasyon ng Hong Kong sa pagiging maunlad ng ekonomiya nito?




    a. Nakatatangggap ng tulong ang Hongkong mula sa mga karatig- bansa nito.
    b. Napalilibutan ng anyong-tubig ang Hongkong.
    c. Istratehiko ang lokasyon nito para sa pakikipagkalakalan.
    d. Kilala ito sa iba't ibang yamang-dagat na mabili sa mga turista.

5. Mula sa larawan, paano nabuhay ang sinaunang tao?



a. pagsasaka
b. pangangaso
c. pangingisda
d. pagpupulot ng prutas

6. Bakit naging nomadiko ang mga unang tao?
   a. Ang mga unang tao ay naghahanap ng kanilang mga kamag-anak na nawalay.
   b. Ang mga unang tao ay naghahanap ng pagkain sa lugar na kanilang nililipatan.
   c. Ang unang tao ay nagsawa na sa dating lugar.
   d. Ang unang tao ay namasyal upang magliwaliw.

7. Nalilimutan na ng mga tao sa kasalukuyan ang mga naiambag sa mga sinaunang kabihasnan dahil sa tagal na ng panahong lumipas. Totoo ba ito?
   a. Totoo ito dahil sa kasalukuyang panahon ang mga kagamitang mahal at makabago na ang ating ginagamit.
   b. Totoo ito dahil mas madali nang naisasagawa ang pang-araw -araw na gawain ng  mga tao sa kanyang paggamit ng makabagong bagay.
   c. Hindi ito totoo dahil sa marami sa naging ambag ng mga sinaunang kabihasnan ay makikita pa natin sa kasalukuyang panahon. Marami sa mga ito ay pinagtibay pa at pinepreserba upang higit na maunawaan ng mga mamamayan ang naging epekto nito sa ating kaunlaran.
   d. Hindi ito totoo dahil malaki itong kasalanan kung tayo ay makalilimot sa mga naging ambag sa mga sinaunang kabihasnan.

8. Batay sa larawan, ano ang iyong mahihinuha tungkol sa epekto ng pamumuhay ng mga mamamayan sa pagbabago ng mekanismo at teknolohiyang nagamit sa sinaunang kabihasnan?



   a. Ang mga natamo nating kaunlaran sa kasalukuyang panahon ay pamana sa mga sinaunang kabihasnan kaya dapat natin itong pagyamanin upang ang mga ito ay mabigyang halaga pa sa mga mamamayan sa hinaharap na panahon.

b. Dapat kalimutan ang mga mekanismo at teknolohiyang mga pamana natin sa mga sinaunang kabihasnan dahil ang mga ito ay nagdulot ng kasamaan at paghihirap natin sa kasalukuyang panahon.
c. Hindi dapat pansinin ang mga naging ambag sa mga sinaunang kabihasnan dahil nagamit lang sila sa mga sinaunang panahon.
d. Magagamit ang mga kontribusyon ng mga sinaunang kabihasnan sa kasalukuyang panahon sa pamamagitan ng pagsama nito sa mga panturismong programa ng mga bansa na matatagpuan ang mga sinaunang mekanismo at mga teknolohiya.

9. Karamihan sa mga Pilipino ay magsasaka at mangingisda dahil sa tropikal na klima at ito ay napalilibutan ng anyong tubig. Samantala, ang mga bansa naman sa Kanlurang Asya ay nagluluwas ng langis na kanilang namimina. Kilala naman ang Africa sa pagluluwas ng ginto na kanilang namimina mula sa mga kabundukan sa gitnang bahagi ng kontinente. Anong kongklusyon ang iyong mabubuo mula sa mga nabanggit na sitwasyon?
   a. Magkakaiba ang paraan ng pamumuhay ng tao sa iba't ibang bahagi ng daigdig.
   b. Ang katangian ng heograpiya ang pangunahing salik na humuhubog sa pamumuhay ng tao.
   c. Nakaapekto sa kasaysayan ng isang bansa ang uri at katangian ng kaniyang heograpiya.
   d. Nakaiimpluwensiya sa uri ng pamumuhay ng tao ang katangiang pisikal ng kaniyang lugar.

10. Bakit tumira sa mga matataas na lambak na karaniwang matatagpuan sa tabi ng mga anyong-tubig ang sinaunang tao?
    a. Ang sinaunang tao ay nabuhay sa pangingisda, pangangaso, pag-aalaga ng hayop at pagsasaka.
    b. Ang sinaunang tao ay nawili sa magagandang tanawin sa lambak-ilog.
    c. Ang sinaunang tao ay natutong mangisda sa ilog.
    d. Ang sinaunang tao ay nomadiko.

11. Paano nakaaapekto ang mga pagbabago ng mga pamaraan, mekanismo at teknolohiya sa sinaunang kabihasnan sa kanilang pisikal na kapaligiran at sa kanilang pamumuhay?
    a. Lubos na nahirapan ang mga sinaunang mamamayan dahil sa pang-aabuso ng mga namuno para maitaguyod lamang ang kanilang mga sariling interes.
    b. Higit na naging makapangyarihan pa ang mga namuno sa sinaunang kabihasnan dahil sa epekto ng pagbabago ng mga teknolohiyang ginamit nila.
    c. Mahalaga ang naidulot sa pamumuhay ng mga sinaunang mamamayan sa pagbabago ng mekanismo at teknolohiyang nagamit nila. Ang mga ito ay nagsilbing pamana sa mga mamamayan noon sa kasalukuyan at sa hinaharap.

   d. Marami sa mga teknolohiya noon ay halos katulad na rin sa kasalukuyan. Dapat nating pasalamatan ang mga sinaunang mamamayan sa mga ideyang naipamana pa natin sa kasalukuyan.

12. Ang Japan ay hindi gaanong sagana sa likas na yaman, ang Saudi Arabia naman ay salat sa yamang-tubig, at ang China ay may mga bahaging disyerto at bulubundukin. Sa kabila ng pisikal na katangian ng mga bansang ito, ay ilan sa mga mauunlad sa daigdig. Anong kaisipan ang iyong mabubuo tungkol dito?
    a. Ang nabanggit na mga bansa ay may mataas na antas ng teknolohiya.
    b. Ang mga mamamayan sa mga bansang ito ay mapamaraan.
    c. Nakabatay ang pag-unlad ng isang bansa sa ugnayan ng tao at kapaligiran.
    d. Nakadepende sa uri ng kapaligiran at likas na yaman ng isang bansa ang pag-unlad nito .

13. Alin sa mga sumusunod ang totoo sa pamumuhay ng sinaunang tao sa panahon ng prehistoriko?
    a. Naghirap at nagutom ang sinaunang tao dahil wala silang makain.
    b. Namuhay ng masagana ang mga sinaunang tao bilang mangangaso at taga-tipon ng pagkain.
    c. Namatay lahat ang sinaunang tao sa panahon ng yelo.
    d. Natuto ang sinaunang tao sa paggamit ng kompyuter.

14. Ginawa ng mga alipin ang mga *pyramid* mula sa utos ng mga paraon. Sang-ayon ka ba dito?
    a. Oo, dahil ang mga alipin ay pinahirapan at ginutom sa paggawa ng mga *pyramid.*
    b. Oo, dahil ang mga alipin ay mula sa mga nasakop na lugar ng paraon.
    c. Hindi, dahil ang mga pyramid ay ginawa ng mga tao mula sa nasasakupan ng paraon.
    d. Hindi, dahil ang mga pyramid ay ginawa ng mga *alien*.

15. Magkakaroon ng pagpupulong sa inyong barangay upang matukoy ang mga lugar na may mataas na posibilidad ng trahedya (High Risk Disaster Area). Miyembro ka ng organisasyon ng mga kabataang naatasang gumawa ng SWOT (*strength, weakness, opportunities, and threat*) *analysis* ng inyong paaralan kaugnay sa mga kalamidad. Ilalahad mo ito sa iyong kapwa kabataan. Alin sa sumusunod ang angkop na pamantayan para sa iyong presentasyon?
    a. Nilalaman, kaangkupan ng salita, kawastuhan ng datos, paggamit ng mga konsepto ng heograpiya.
    b. Nilalaman, presentasyon, kaangkupan ng salita, kawastuhan ng datos
    c. Nilalaman, kaangkupan ng salita, kawastuhan ng datos, presentasyon
    d. Nilalaman, kaangkupan ng salita, kawastuhan ng datos, presentasyon

16. Magkakaroon ng kumperensiya tungkol sa pangangalaga ng mga magagandang tanawin sa inyong bayan. Bilang kinatawan ng mga kabataan, naatasan kang gumawa ng adbokasiya upang mapangalagaan ang mga nabanggit na tanawin. Ilalahad mo ang iyong adbokasiya sa mga miyembro ng Sangguniang Panlungsod. Alin sa sumusunod ang angkop na produkto para sa iyong adbokasiya?
    a. Paggawa ng *brochure*
    b. Paggawa ng *project proposal*
    c. Paggawa ng *letter of appeal*
    d. Pagsulat ng *essay*

17. Ang National Museum ay magdaraos ng isang ekshibit sa mga sinaunang kagamitan. Bilang *curator*, ano ang pinakamainam na pag-aanunsiyo nito?
    a. Pagtawag sa lahat ng kakilala.
    b. Pamumudmod ng pampleta sa gaganaping ekshibit.
    c. Pagbisita sa mga kakilala.
    d. Pagtext sa mga kakilala.

18. Ang Asiaweek ay magtatampok ng isang *feature article* tungkol sa mga pag-aaral sa mga *artifact* at haytong nahukay ng mga arkeologo. Bilang isang manunulat, naatasan kang gawin ito. Ano ang magiging pamantayan mo sa pagsulat ng isang *feature article*?
    a. Nilalaman at organisasyon
    b. Nilalaman, organisasyon at praktikalidad
    c. Nilalaman, organisasyon, at paggamit ng datos
    d. Nilalaman, organisasyon, at pagkasabay-sabay

19. Ang mga magsasaka sa Barangay Masipag ay nagtititipon upang matalakay ang posibleng epekto ng planong pagtatayo ng isang *golf course* na naglalayong makapag-unlad ng pang-ekonomiyang katayuan ng mga taong naninirahan dito. Kung ikaw ay isa sa mga magsasaka na maaapektuhan sa pagbabagong ito, anong pinakawasto at kongkretong hakbang ang iyong imumungkahi para matiyak ang maayos na kalagayan ng bawat mamamayan sa iyong barangay?
    *a.* Anyayahan ang mga iba pang magsasaka na magsasagawa ng isang malawakang rally na pupuna sa mga kahinaan ng paglikha ng isang *golf course.*
    b. Palihim na hikayatin ang mamamayan ng barangay sa isang paghihimagsik.
    c. Magmungkahi ng negosasyon sa lokal na pamahalaan at pagtitipon ng mga taong kabilang sa kompanyang magtatayo ng *golf course* sa kanilang lugar.
    d. Ibenta na lang sa malaking halaga ang mga lupang apektado sa pagtayo ng *golf course*.

20. Upang maipakita kung paano nagsimula muli ang mga biktima ng gulo ng Zamboanga, lindol ng Bohol at bagyo ng Tacloban, ang mga TV station ng Pilipinas ay bumuo ng patimpalak sa paggawa ng *documentary film*. Layon sa proyektong ito na matutuhan ng bawat mamamayan ng Pilipinas ang mga kongkretong paraan sa pagbangon sa mga dinanas na kahirapan sa nagdaang gulo at kalamidad. Bukas sa lahat ng mga mamamayan ng Pilipinas ang paligsahang ito. Ano-anong pamantayan ang dapat isaalang-alang ng mga gagawa ng *documentary film* upang tangkilikin ng mga manonood ang nagawa nila?
    a. malikhain at pagkakaiba
    b. makatotohanan at nakaaaliw
    c. malikhain, makatotohanan at nakaaaliw
    d. *informative*, makabuluhan, makatotohanan at malikhain

## GAWAIN 1. Tukuyin ang Larawan

Suriing mabuti ang mga larawan at tukuyin kung ano ito. Isulat ito sa talahanayan at kung saang bansa ito matatagpuan.

| Larawan | Pangalan | Bansang Pinagmulan |
|---|---|---|
|  | • Inca | |
|  | | • Egypt |
|  | | • Mesopotamia/ Iraq |
|  | | • China |

| | | |
|---|---|---|
|  | • Tore ni Hatshepsut | |
|  | | • Mexico |
|  | • Cuneiform | |
|  | | • Mesopotamia/ Iraq |

Pinagkunan:
http://1.bp.blogspot.com/--YWBrRp_SCk/UQ16NAN1PWI/AAAAAAAAAkM/vHqp71XvFwU/s1600/ancient-egypt.jpg larawan ng piramide
http://8c4625.medialib.glogster.com/media/049fdbd647e9c9be4f4d230e8f7d6b1e8d32bedd97719fcbf0ee41432326e3de/inca-warrior.jpg larawan ng Inca
http://www.ecusd7.org/ehs/ehsstaff/jparkin/academics/ancient_world_history/Rise_of_Civilizations/2-Early_Civilizations/1-Nile_River_Valley/Index-1.jpg larawan ng hieroglyphics
http://www.crystalinks.com/ziggurat_ur.jpg larawan ng Ziggurat
http://destinationterre2.files.wordpress.com/2011/07/20110109201304sargon_of_akkad.jpg larawan ni Sargon

http://www.ehabweb.net/hatshepsut-temple/#.U_lZgsWSxa8 Larawan ni Hatshepsut
https://ph.search.yahoo.com/search;_ylt=A0SO81mgXPlTYjwARiSzRwx.;_ylc=X1MDMjExNDczNDAwMwRfcgMyBGJjawNha3IzbTBwOWEyN25tJTI2YiUzR larawan ng Tigris at Euphrates
https://encrypted-tbn3.gstatic.com/images?q=tbn:ANd9GcRuE8Nn4ibIfkNxm3I5rWS1Q6cYyPaH8QxNaAXvHEvczmXqtko0 larawn ng printing press

Sagutin mo ang mga tanong.

1. Ano-ano ang mga larawan na iyong natukoy at nabigyang-ngalan?

________________________________________________________________________________________________________________________________________________________________________________________________________________________________________________________

2. Saang bansa matatagapuan ang mga larawang ito?

3. Sa iyong palagay, may kaugnayan ba ang mga larawang ito sa kabihasnan? Ipaliwanag.

4. Makabuluhan pa ba ang impluwensiya ng mga larawang ito upang mabuo ang sinaunang kabihasnan? Bakit?

5. Paano hinuhubog ng salik heograpikal (lokasyon, klima, katangiang topograpikal, yamang likas, natural boundaries, at iba pa) ang sinaunang kabihasnan sa daigdig?

Tutungo ka sa susunod na gawain na inaasahang makatutukoy sa dating kaalaman tungkol sa kahalagahan ng sinaunang kabihasnan sa panahon natin ngayon.

## GAWAIN 2. Pagtukoy ng Dating Kaalaman ng mga Mag-aaral

Gamit ang *Anticipation-Reaction Guide* inaasahan kang makapagbabahagi ng iyong ideya tungkol sa kahalagahan ng mga sinaunang kabihasnan sa daigdig.

Isulat ang **A** kung ikaw ay sang-ayon sa pangungusap. Isulat ang **B** kung hindi ka naman sang-ayon sa pangungusap. Ilagay ang mga sagot sa unang kolum.

| Response Before Lesson | MGA SINAUNANG KABIHASNAN | Response After Lesson |
|---|---|---|
| ____________ | 1. Ang bawat kabihasnan ay karaniwang nabubuo malapit sa malawak na ilog. | ____________ |
| ____________ | 2. Ang *hieroglyphics* ay ambag ng kabihasnang Sumer. | ____________ |
| ____________ | 3. Ang kahulugan ng Mesopotamia ay lupa sa pagitan ng dalawang ilog. | ____________ |
| ____________ | *4.* Ang mga Sumeryano ang unang nakabuo ng sistemang pagsulat na tinatawag na *cuneiform.* | ____________ |
| ____________ | 5. Kapwa mabuti at masama ang naidulot ng pag-apaw ng Ilog Nile sa kabuhayan ng mga Ehipsyano. | ____________ |
| ____________ | 6. Ang sistemang kasta ay isang paraan ng pagtangi-tangi ng mga tao alinsunod sa kanilang katayuan at pamumuhay. | ____________ |
| ____________ | 7. Ang Confucianismo, Taoismo, at Legalismo ay mga Pilosopiya na nabuo sa India. | ____________ |
| ____________ | 8. Ang kabihasnan ng Indus Valley ay kilala sa pagsasaayos na kanilang lungsod gamit ang *grid system*. | ____________ |

Sa pamamagitan ng pagsasagawa ng gawaing ito, natukoy mo ang iyong nalalaman tungkol sa mga sinaunang kabihasnan.

1. Ano sa palagay mo ang layunin mo sa araling ito? Paano mo ito maisasagawa? Ano ang maaari mong gawin upang matapos ang aralin sa takdang panahon? Isulat mo sa kahon ang iyong sagot.




**Katapusang Bahagi ng Pagtuklas**

Naibahagi mo sa Anticipation-Reaction Guide ang iyong inisyal o paunang ideya sa araling tatalakayin. Aalamin mo ngayon ang mga sagot ng iba at ang pagkakaiba nito sa iyong mga sagot. Sa gagawing paghahambing, malalaman mo kung ang iyong ideya ay naaangkop sa istandard. Matutuhan mo rin ang iba pang konsepto na tutulong sa iyo sa pagbuo mo ng inaasahang proyekto. Ang gagawin mong proyekto ay may kinalaman sa pagdisenyo ng isang brochure.

Kung handa ka na, gawin mo ang susunod na gawain.

## GAWAIN 3. Paggamit ng Websites

Pagkatapos malahad ang mga kasagutan ng unang hanay sa Anticipation/Reaction Guide, bibigyan mo ng pansin ang iba't ibang gusto mong malaman ukol sa mga importanteng pangyayari sa mga sinaunang kabihasnan sa ibat ibang bahagi ng mundo. Simulan ito sa pamamagitan ng pag-alam ng pagkabuo sa mga sinaunang kabihasnan. Isulat ang mga mahahalagang impormasyon sa www.evernote.com

Hakbang sa Paggamit ng evernote.com:

1. I-*type* ang www.evernote.com.
2. Mag-*sign up* at i-klik ang *button* na *create* o *new note* in my *notebook* upang mailagay ang mga mahahalagang impormasyon dito.
3. Maaari ring i-*attach* dito ang mga larawan at *video* mula sa nasaliksik.

Maaring gamitin ang websites na ito:

http://www.eduplace.com/kids/socsci/ca/books/bkf3/imaps/AC_03_079_mesopotamia/AC_03_079_mesopotamia.html (Interactive Map of Mesopotamia)

http://www.eduplace.com/kids/socsci/ca/books/bkf3/imaps/AC_04_109_fertile/AC_04_109_fertile.html (Interactive Map of Fertile Crescent)

http://www.ancientchina.co.uk/time/explore/exp_set.html (China Timeline)

http://www.ancientchina.co.uk/time/challenge/cha_set.html (Interactive site on Shang Dynasty)

http://www.ancientchina.co.uk/menu.html (Interactive site on Ancient China)

http://www.ancientegypt.co.uk/geography/index.html (Geography of Ancient Egypt)

http://www.ancientcivilizations.co.uk/home_set.html (Interactive Map on Ancient Civilization by the British Museum)

Sagutin mo ang mga tanong.

1. Ano-ano ang iyong natuklasan sa paggamit mo ng mga *interactive map*?
________________________________________
________________________________________
________________________________________
________________________________________

2. Saan karaniwang umusbong ang mga sinaunang kabihasnan?
________________________________________
________________________________________
________________________________________
________________________________________

3. Ano-anong suliraning pangkalikasan ang kanilang mga naranasan?
________________________________________
________________________________________
________________________________________
________________________________________

4. Paano nila ito nilutas? Anu-ano ang kanilang mga hakbang o paraan sa paglutas ng mga problemang ito?
________________________________________
________________________________________

_______________________________________________
_______________________________________________

5. Makabuluhan pa ba ang impluwensiya ng mga sinaunang kabihasnan? Bakit?

_______________________________________________
_______________________________________________
_______________________________________________
_______________________________________________

6. Paano nakaaapekto ang salik heograpikal sa mga sinaunang kabihasnang pandaigdig?

_______________________________________________
_______________________________________________
_______________________________________________
_______________________________________________

7. Ilalagay ang mga naging sagot sa mga tanong sa bilang 3 at 4 sa isang grapikong pantulong. Sa pamamagitan nito, mabalangkas mo ang pagkaka-tulad at pagkakaiba sa mga naranasang suliraning pangkalikasan ng mga sinaunang kabihasnan.

| Ilagay dito ang gagamiting grapikong pantulong. |
|---|

## GAWAIN 4. Pagtukoy sa mga Pagkakatulad at Pagkakaiba ng Suliraning Pangkalikasan

Gamit ang *Problem-Solution Chart*, tukuyin ang mga suliraning pangkalikasan ng mga sinaunang kabihasnan at ang posibleng solusyon nito.

| Problem | Solution |
|---|---|
| | |

**Paglalahat:** (Paano nakaaapekto ang salik heograpikal sa mga sinaunang kabihasnang pandaigdig?)

Inaasahang makabubuo ka ng malinaw na balangkas sa naging Mga sagot mo sa mga pamprosesong tanong gamit ang *Problem-Solution Organizer*. Maiintindihan mo rin na may pagkakatulad ang **mga naranasang suliranin ng mga mamamayan sa mga sinaunang** kabihasnan sa mga suliraning pangkalikasan sa kasalukuyan.

## GAWAIN 5. Pagbasa ng Maikling Artikulo/ Paggamit ng mga Websites

Gagamit ka ng iba't ibang sanggunian upang masuri at malaman mong mabuti ang iba't ibang pamamaraan, mekanismo at teknolohiya na ipinatupad ng mga sinaunang kabihasnan na nagdulot ng pagbabago sa kanilang pisikal na heograpiya at sa kanilang pamumuhay. Maaaring manggaling ang mga impormasyon sa batayang aklat o maaari ring gamitin ang iba't ibang artikulo mula sa mga website sa ibaba. Gamitin ang www.evernote.com upang ilista ang mga mahahalagang impormasyong iyong nakalap.

Hakbang sa Paggamit ng evernote.com:
1. I-*type* ang www.evernote.com.
2. Mag-*sign up* at i-klik ang button na *create* o *new note* in *my notebook* upang mailagay ang mga mahahalagang impormasyon dito.
3. Maaari ring i-*attach* dito ang mga larawan at *video* mula sa nasaliksik.

**CHINA**
1. http://www.historyforkids.org/learn/china/economy/ (Ancient Chinese Economy)
2. http://www.ancientchina.co.uk/time/explore/exp_set.html (China Timeline)
3. http://www.ancientchina.co.uk/time/challenge/cha_set.html (Interactive site on Shang Dynasty)
4. http://www.ancientchina.co.uk/menu.html (Interactive site on Ancient China)
5. http://ancienthistory.about.com/od/china/tp/ChineseDynasties033009.htm (Dynasties of Ancient China)

**EGYPT**
1. http://ngm.nationalgeographic.com/ngm/egypt//egyptfile.html (Treasures of Egypt LINKS)
2. http://www.ancientegypt.co.uk/life/home.html (Interactive site on Ancient Egypt)
3. http://kids.nationalgeographic.com/kids/photos/ancient-egypt/#/amun-sun-blessing_14230_600x450.jpg (Images of Structures in Egypt)
4. http://ancienthistory.about.com/od/pharaohs/a/DynastiesEgypt.htm (Timeline of Ancient Egypt)
5. http://www.ancientegypt.co.uk/menu.html (The British Museum - Ancient Egypt)

**INDIA**
1. http://www.crystalinks.com/indiascience.html (Science, Medicine and Technology in Ancient India)
2. http://www.eduplace.com/kids/socsci/ca/books/bkf3/imaps/AC_07_228_aryan/AC_07_228_aryan.html (Aryan Migrations to India)

**MESO-AMERICA**

1. http://www.eduplace.com/kids/socsci/ca/books/bkf3/imaps/AC_09_308_mayan/AC_09_308_mayan.html (Mayan Civilization)
2. http://www.eduplace.com/kids/socsci/ca/books/bkf3/imaps/AC_09_285_amcivilization/AC_09_285_amcivilization.html (American Civilization)
3. http://www.history.com/topics/aztecs (Aztecs Civilization)
4. http://www.ushistory.org/civ/11c.asp ( Incas Civilization)

Gagamitin ang data retrieval chart upang maisaayos ang mganatuklasang impormasyong galing sa mga *website* tungkol sa iba't ibang aspekto ng pakikipag-ugnayan at pamumuhay ng mga sinaunang Asyano.

## GAWAIN 6. Pagsusuri Gamit ang Data Retrieval Chart

Gamitin ang *Data Retrieval Chart* sa pagsusuri ng kahalagahan ng mga pangyayari sa mga sinaunang kabihasnan ng daigdig na may kaugnayan sa politika, ekonomiya, teknolohiya, paniniwala at pamumuhay sa lipunan.

| Mga Kabihasnan | Politika | Ekonomiya | Teknolohiya | Paniniwala | Lipunan |
|---|---|---|---|---|---|
| Sumer | | | | | |
| Egypt | | | | | |
| Indus Valley | | | | | |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| **China** | | | | | |
| **Mayan** | | | | | |
| **Aztecs** | | | | | |
| **Incas** | | | | | |

Sagutin mo ang mga tanong.

1. Ano-ano ang mga naging epekto sa mga pagbabago sa panunungkulan ng mga sinaunang kabihasnan?

2. Paano ito nakatulong sa mga mamamayang naninirahan sa panahon na iyon?

3. Sa paglipas ng panahon, paano naipapakita ng mga sinaunang kabihasnan ang pagpapahalaga sa kanilang lipunan?

______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________

4. Ano-ano ang naging kontribusyon ng edukasyon tungo sa paglinang ng kultura ng mga tao sa sinaunang kabihasnan?

______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________

5. Ano-ano ba ang naging papel ng kaisipang pinagbatayan sa paglinang ng unang kabihasnan? Malaki ba ang impluwensiya ng relihiyon o mga paniniwala sa paraan ng pamumuhay at pakikipag-ugnayan ng tao sa bawat isa?

______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________

6. Ano-ano ang inyong mga nadiskubre sa inyong pagsasaliksik ukol sa mga teknolohiyang ginamit sa sinaunang kabihasnan?

______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________

7. Paano nakatutulong ang pag-unlad ng teknolohiya sa pamumuhay ng mga mamamayan sa sinaunang kabihasnan?

______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________

8. May mga pagkakatulad ba ang mga pamaraan natin ngayon sa mga ginamit sa mga sinaunang kabihasnan?

______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________

9. Pano nakaaapekto ang mga pagbabago ng mga pamaraan, mekanismo at teknolohiya sa sinaunang kabihasnan sa kanilang pisikal na kapaligiran at sa kanilang pamumuhay?

10. Makabuluhan pa ba ang impluwensya at kontribusyon ng mga sinaunang kabihasnang pandaigdig? Bakit?

11. Paano hinuhubog ng salik heograpikal (lokasyon, klima, katangiang topograpikal, yamang likas, natural boundaries, at iba pa) ang sinaunangkabihasnan sa daigdig?

Sa pamamagitan ng gawaing ito, inaasahan kang malaman mo ang kahalagahan ng mga pamamaraan, mekanismo at tekno-lohiya na ipinatupad ng mga sinaunang kabihasnan na nagdulot ng pagbabago sa kanilang pisikal na heograpiya at sa kanilang pamumuhay.

## GAWAIN 7. Nakuha Mo Ba?

Gamitin ang *Monitoring Chart* sa ibaba sa pagsusuring mabuti ng iyong pang-unawa habang isinasagawa ang mga nakalipas na gawain. Punan ang talahanayan at pumili kung saan ka nabibilang at ipaliwanag ito.




Pinagmulan:https://sp.yimg.com/ib/th?id=HN.607988011670179338&pid=15.1&H=160&W=160&P=0

| SLOW | JUST RIGHT | FAST |
|---|---|---|
| **Nahihirapan ako sa…** | **Nauunawaan ko ang…** | **Nabibilisan ako sa paksang… kaya may tanong ako sa…** |
| | | |



Nasuri mo na ang iyong sarili at kung saang bahagi ka nahirapan. Ang susunod na gawain ay may layuning lalo pang mapadali at Malinang ang iyong pang-unawa sa paksa.

## GAWAIN 8. Pagsusuri ng mga Artikulo

Basahin ang mga artikulo na dapat mong pag-aralan. Ito ay gagabay sa iyo na higit na maintindihan ang kaugnayan ng sinaunang kabihasnan sa kasalukuyang panahon.

http://wol.jw.org/en/wol/d/r27/lp-tg/1200001265 artikulo ukol sa Ehipto, Ehipsyo

Tanong: Paano naapektuhan ng heograpiya ang pagkakakilanlan ng mga taga Ehipto sa pangkasalukuyan? Ipaliwanag.

http://3amercury.blogspot.com/2010/01/makabagong-teknolohiya-at-kalikasan.html artikulo ukol sa Makabagong Teknolohiya at Kalikasan
Tanong: Paano nabago ng teknolohiya ang uri ng pamumuhay ng tao at sa ating kalikasan? Ipaliwanag.

Sagutin mo ang mga tanong.

1. Ano ang paksa ng artikulong nabasa mo?

2. Ano-ano ang mga ambag na iyong nakita sa Sibilisasyong Ehipto?

3. Paano nakatutulong ang mga ambag na ito sa kasalukuyang panahon? Ipaliwanag.

4. Ano-ano ang mga pagbabagong naganap sa uri ng pamumuhay ng tao?

5. Paano nakaapekto sa kalikasan ang mga makabagong teknolohiya?

_______________________________________________

_______________________________________________

_______________________________________________

_______________________________________________

> Nalinang ang iyong kaalaman sa kaugnayan ng mga ambag ng sinaunang kabihasnan at pagbabago ng teknolohiya sa makabagong panahon. Subukan mo naman ngayon ang magdisenyo ng isang *information sheet.*

## GAWAIN 9. Pagdisenyo ng Isang Information Sheet

Ang gawaing ito ay makapagpapakita sa mga kasalukuyang pamamaraan at mekanismong ginagamit ng tao bilang pakikiayon sa pagbabagong pisikal ng kapaligiran. Lubos mong maiintindihan na sa pagdaan ng panahon naging masalimuot na ang mga mekanismo at teknolohiya para sa ating patuloy na pamumuhay.

Titingnan mo sa kasalukuyang panahon kung paano ang bawat pamamaraan, mekanismo at teknolohiya ay naayon sa pagbabago ng iyong kapaligiran. Gumawa ng isang information sheet ng isang kongkretong gamit pang teknolohiya na tumutulong sa paglutas ng mga karaniwang problemang pangkalikasan. Gamitin ang *website* na www.befunky.com upang makabuo ka ng malikhaing information sheet gamit ang iba't ibang larawan. Pagkatapos mabuo ang *collage*, gamit ang www.befunky.com, ilarawan kung paano ang mekanismong ito ginagamit sa paglutas ng mga tiyak na problemang pangkapaligiran.

Hakbang sa paggamit ng befunky.com:

1. I-*type* ang www.befunky.com.
2. I-klik ang "get started" or "start having fun" .
3. Direktang pumunta sa *page* kung saan maaaring mag-*upload* ng mga larawan mula sa Facebook, Photobucket, Flickr, or Twitter *account* o mula sa iyong kompyuter.
4. Gamitin ang mga *effects* para sa larawan o i-*crop* ito.
5. I-*save* ito sa *befunky gallery* o sa *desktop* o i-*upload* ito.

Sa susunod na gawain ay aalamin mo naman ang iyong nararamdaman at kung gaano ka kakuntento at natuwa sa natapos na mga gawain.

## GAWAIN 10. Musta Ka Na?

Gamit ang *Feelings Thermometer*, tukuyin mo ang iyong nararamdaman kung ano ang iyong masasabi pagkatapos magawa lahat ang mga gawain mula sa PAGTUKLAS hanggang sa PAGLINANG. Ito ang magpapatunay sa iyong pang-unawa. Pag-usapan ito ng iyong mga kaklase gamit ang *discussion board* ng modyul.




Sagutin mo ang mga tanong.

1. Ano ang napili mo sa *Feelings Thermometer*?

   ______________________________________________
   ______________________________________________
   ______________________________________________
   ______________________________________________

2. Bakit mo ito nararamdaman? Ipaliwanag.

   ______________________________________________
   ______________________________________________

______________________________________________
______________________________________________

3. Paano mo mapapanatili ang interes at pokus mo sa susunod na mga gawain?

______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________

**Katapusang Bahagi ng Paglinang**

Sa puntong ito, natalakay na ang paksa tungkol sa impluwensiya ng heograpiya sa pagbuo at pag-unlad ng mga sinaunang kabihasnan. Natukoy mo na rin ang pinagmulan, batayan at katangian ng mga umusbong sa sinaunang kabihasnan sa Asya, Africa at America.

## PAGPAPALALIM

### GAWAIN 11. Kasama Ka ba sa Paglipad Ko?

Pagsusuri ng karikatura at balita. Ano kaya ang nais ipahiwatig ng karikatura tungkol sa ekonomiya? Isulat mo ang iyong sagot sa *worksheet.*

### GAWAIN 12. Pagpakita ng mga Kontribusyon ng Sinaunang Kabihasnan sa Isang Ekshibit

Ikaw ay magsasaliksik gamit ang iyong batayang aklat at ang mga sumusunod na websites upang mangalap ng mga impormasyon ukol sa mga naging ambag ng bawat kabihasnan sa kasalukuyan. Pwedeng gamitin ang mga websites na ito:

a. http://www.ancientcivilizations.co.uk/home_set.html (Interactive Map on Ancient Civilization by the British Museum)

b. http://history-world.org/sumeria.htm (History of Ancient Sumeria and Its Contributions)
c. http://www.love-egypt.com/egypt-civilization.html (Contribution of Egypt Civilization)
d. http://www.bookrags.com/essay-2005/9/10/17725/1000 (Achievements and Contributions of Ancient Civilizations)
e. http://www.preservearticles.com/201104215613/the-contribution-of-ancient-india-in-the-field-of-science-and-art.html (The Contribution of Ancient India in the Field of Science and Arts)
f. http://www.bbc.co.uk/history/ancient/egyptians/egypt_importance_01.shtml (Ancient Egypt and the Modern World)
g. http://www.historyworld.net/wrldhis/PlainTextHistories.asp?historyid=ab58 ( Contributions of Mesoamerican civilization)

Pagkatapos makakalap ng mga impormasyon ukol sa mga ambag ng sinaunang kabihasnan, ikaw ay inaasahang magsagawa ng exhibit. Isalang-alang mo ang mga importanteng kasanayan na natamo mo sa pagdisenyo ng information sheet upang matagumpay na maisasagawa ang ekshibit.

## GAWAIN 13. Pagsuri sa Iba'tibang Kontribusyon na mga Sinaunang Kabihasnan sa Daigdig

Pagkatapos makita ang ibat-ibang larawan ng mga ambag ng sinaunang kabihasnan, patunayan ang kahalagahan ng mga ito ayon sa:

a. kapakinabangan
b. kalidad ng mga naipakitang gamit
c. kaayusan

| RUBRIK: PAGSUSURI SA MGA NAIPAKITANG LARAWAN SA EKSHIBIT | | | | |
|---|---|---|---|---|
| **KATEGORYA** | **NATATANGI** 4 | **MAY KAKAYANAN** 3 | **NALILINANG** 2 | **NAGSISIMULA** 1 |
| **KAPAKINA-BANGAN** (50%) | Lahat ng mga larawan ay naipakita ang kahalagahan at pakinabang ng bawat kontribusyon ng sinaunang kabihasnan. Tanging ang mga kontribusyon na ginagamit pa hanggang sa kasalukuyang panahon ang isinali sa exhibit. | Karamihan sa mga larawan ay naipakita ang kahalagahan at pakinabang ng bawat kontribusyon ng sinaunang kabihasnan. Ang mga kontribusyon na ginagamit pa hanggang sa kasalukuyang panahon ang isinali sa exhibit. | May mga larawan na hindi nagpakita ng kahalagahan at pakinabang ng bawat kontribusyon ng sinaunang kabihasnan. May mga larawan na nagpakita ng mga kontribusyon na hindi na ginagamit sa kasalukuyang panahon. | Walang larawan ang nagpakita ng kahalagahan at pakinabang ng bawat kontribusyon ng sinaunang kabihasnan. Ang mga kontribusyong naipakita sa bawat larawan ay hindi na ginagamit sa kasalukuyang panahon. |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| **KAAYUSAN** (30%) | Lahat ng naipakita ay naayon sa wastong pagpapangkat at kakaiba. Ang bawat larawan ay may naisulat na siksik na pagsasalaysay sa mga naging kontribusyon ng mga sinaunang kabihasnan. | Ang mga naipakitang larawan ay nasa wastong pangkat. Karamihan sa mga larawan ay may naisulat na pagsasalaysay sa mga naging kontribusyon ng mga sinaunang kabihasnan. | May pagkakagulo ang pagkakalagay sa pangkat ng mga naipakitang larawan. Kaunti lang ang mga larawang may naisulat na pagsasalaysay sa mga naging kontribusyon ng mga sinaunang kabihasnan. | Hindi wastong naiayos ang mga larawan ayon sa kanilang pangkat. Lahat ng mga larawang ay walang naisulat na pagsasalaysay sa mga naging kontribusyon ng mga sinaunang kabihasnan. |
| **KALIDAD NG MGA NAIPAKI-TANG GAMIT SA EKSHIBIT** (20%) | Ang mga naipakita sa exhibit ay talagang nakagaganyak. Piling-pili ang mga naipakitang larawan at ito ay makakadagdag sa pag-unawa ng paksa. | Ang mga naipakita sa exhibit ay magaling. Katanggap-tanggap ang mga naipakitang larawan.Karamihan sa mga larawan ay nauugnay sa paksang tinalakay. | Ang mga naipakita sa exhibit ay may maraming pagkukulang. Hindi nakahihikayat ang mga naipakitang larawan.Karamihan sa mga larawan ay hindi nauugnay sa paksang tinalakay. | Ang mga naipakita sa exhibit ay may malabo. Pangit ang mga naipakitang larawan.Lahat ng mga larawan ay hindi nauugnay sa paksang tinalakay. |

Sa pagsagawa ng gawaing ito lubos mong maintindihan ang maraming bagay na naihahatid sa mga kontribusyon ng bawat kabihasnan. Upang maihahanda ka sa pagsasagawa ng pinakamahalagang gawain ng yunit na ito, hahamunin ka na gagawin ang isang ***case analysis*** *activity.*

## GAWAIN 14. Paggawa ng Investigative Report

Basahin ang sitwasyon na dapat mong pag-aralan. Ito ay gagabay sa iyo na higit na maintindihan ang kaugnayan sa heograpiya sa pag-usbong ng isang mamamayan.

**Sitwasyon:** Karaniwang binabaha ang inyong lugar tuwing may malakas na ulan o bagyo. Hindi ninyo ito dinanas noon. Bilang isa sa mga responsableng mamamayan sa inyong lugar, inaatasan kang gumawa ng pagsusuri ukol sa iba pang kadahilanan kung bakit bumabaha ang inyong lugar maliban sa malakas na ulan o bagyo. Bahagi rin sa hamon na ito ang pagtukoy ng mga paraan upang malutas ang problemang ito. Ilalahad sa ninyo ang resulta ng inyong pag-iimbestiga. Kailangan isalang-alang ang kaangkupan ng impormasyong nakalap at organisasyon ng pag-uulat.

Sagutin mo ang mga tanong.

1. Ano-ano ang inyong mga nadiskubre sa pagsasagawa ng inyong pagsusuri?

2. May malaking kaugnayan ba ang sitwasyon ng ating kapaligiran sa kondisyong ng ating pamayanan? Bakit?

3. Paano nakaaapekto ang mga pagbabago sa ating kapaligiran sa ating pamumuhay?

4. Paano hinuhubog ng salik heograpikal (lokasyon, klima, katangiang topograpikal, yamang likas, natural boundaries, at iba pa) ang sinaunang kabihasnan sa daigdig?

Pag-usapan mo at ng iyong mga kapangkat gamit ang www.*google.doc* upang magpalitan ng mga opinyon at ideya. Ipadala sa pamamagitan ng *e-mail* ang inyong pinal na mga sagot sa mga tanong.

Basahing mabuti ang mga sitwasyon sa ibaba. Pagkatapos ay sagutan ang *Investigation Organizer*.

| | | |
|---|---|---|
| Karaniwang kaunti na lamang ang nadadalang huling isda ng mga taong naninirahang malapit sa dagat dahil sa pagmamalabis ng ilang mangingisda. Ayon sa Asian Development Bank, nagkaroon ng malaking pagbaba (90%) sa dami ng mga yamang dagat na makukuha sa mga lugar na bantog na kinukunan ng isda sa Pilipinas. Hindi ito problemang tumatalakay lamang sa pagbaba ng dami ng isda at kahinaan ng *bio diversity*, may epekto din ito sa pamayanan at pagkalugi ng ekonomiya. Patuloy itong nadarama dahil sa hindi epektibo ang mga patakaran at karaniwang hindi naipatutupad ang mga batas na nagtatanggol sa ating yamang dagat. | Ang *costal zone development* ay nagdulot ng pagkakasira ng mga tirahan ng mga isda. Sa paglobo ng populasyon sa mga piling lungsod ng Pilipinas, lumalaki ang pangangailangan ng lugar na matirhan ng mga tao. Ang paghukay, *dredging*, *coastal conversion* para lang maisakatuparan ang *coastal development* ay nakapagdulot ng pagkasira ng mga *coral* na minsay natatabunan sa mga ginawang pagtatayo ng mga istruktura. Naging apektado rin ang pagdami ng mga bakawan na importanteng tirahan ng mga isda at iba pang yamang- dagat. | Tanging 10% lang ng *sewage* sa Pilipinas ang dumadaan sa *treatment* o tinatapon sa wastong paraan. Ang natitira ay bumabalik sa kalikasan – karaniwang napupunta sa ating karagatan. Sa kontekstong ito, hindi maayos na pagtapon ng mga dumi at pagtaas ng populasyon, ang polusyon ng tubig ay lalong sumama. Lumalala ang dumi ng ating mga ilog, lawa, at mga karagatan. Ang mga materyales na sanhi ng pagkarumi ay matatagpuan din sa mga inabandonang minahan na kadalasan ding nag-iiwan ng nakalalasong *mercury* sa mga yamang tubig na ito. Ang mga problemang ito ay karaniwang dahil sa mahinang pagplano at mahinang pamamahala at pagpapatupad ng mga batas. |

**Paglalahat**: Paano hinuhubog ng salik heograpikal (lokasyon, klima, katangiang topograpikal, yamang likas, *natural boundaries*, at iba pa) ang sinaunang kabihasnan sa daigdig?

Punan mo ng sagot ang susunod na ***Investigation Organizer***.

| Sitwasyon | A | B | C |
|---|---|---|---|
| 1. Anong problema ang tinalakay? | | | |
| 2. Ano ang sanhi ng bawat problemang pangkalikasan? | | | |
| 3. Ano naging epekto nito sa atin? | | | |
| 4. Paano ito tinutugunan? | | | |

Sagutin mo ang mga tanong.

1. Ano ang pagkakatulad ng tatlong artikulong iyong nabasa ? Ipaliwanag.

_______________________________________________
_______________________________________________
_______________________________________________
_______________________________________________

2. Ano ang karaniwang sanhi sa tatlong problemang pangkapaligiran ang iyong nakita?

_______________________________________________
_______________________________________________
_______________________________________________
_______________________________________________

3. Bakit kaya hindi tayo nagtatagumpay sa paglutas sa mga problemang ito?

_______________________________________________
_______________________________________________
_______________________________________________
_______________________________________________

4. Ano-anong hakbang ang dapat nating gawin upang matugunan ang mga problemang ito?

_______________________________________________

5. Paano hinuhubog ng salik heograpikal (lokasyon, klima, katangiang topograpikal, yamang likas, natural boundaries, at iba pa) ang sinaunang kabihasnan sa daigdig?





Sa bahaging ito ng talakayan ay napalalim na ang iyong pang-unawa sa epekto ng suliraning pangkapaligiran sa ating pamumuhay.. Tingnan mo ngayon sa susunod na gawain ang ugnayan ng lahat na mahalagang ideya na iyong napag-aralan. Naatasan kang gagawa ng isang *concept map*.

## GAWAIN 15. Pagbuo ng Concept Map

Ang unang gawain sa huling bahaging ito ng modyul ang pagbuo ng pag-uugnay ng mga konseptong natutuhan sa aralin. Gamitin ang *website* na ito: https://bubbl.us. Pagkatapos, ilagay ito sa *dashboard* ng modyul.

Hakbang sa paggawa ng *concept map* gamit ang bubble.us:

**Create an Account on bubbl.us**

1. Open the following website in a browser such as Internet Explorer or Firefox: http://www.bubbl.us
2. Click the **Start Brainstorming** button on the main page.
3. Click the **Create Account** link in the upper right corner of the page.
4. Select a username and password. Please use your ASU e-mail address and your full first and last name when you create the account. Click **Submit** when you are done.
5. If you are a member of a group collaborating on a bubbl sheet, e-mail your username, full name, and ASU e-mail address to your group leader so they can share sheets with you.

**Create a New Concept Map Sheet**

1. Click anywhere on the blank sheet to create a new bubble then type in the text for the item.
2. Enter a name for the sheet in the Editing area on the right side of the page. Click **Save** to save the sheet.
3. To add or edit bubbles on the page:
   - To enter multiple lines of information in the same bubble, press Shift-Enter on your keyboard.
   - To add a "child" press the Enter key on your keyboard.
   - To add a "sibling" press the Tab key on your keyboard.
   - To delete a bubble, click the X icon in the upper right corner of the bubble.
4. Click the **Save** button to save your changes as you add or modify bubbles!

Sagutin mo ang mga tanong.

1. Paano mo nabuo ang pag-uugnay-ugnay ng bawat ideya sa *concept map*?

________________________________________
________________________________________
________________________________________
________________________________________

2. Sa anong konsepto nakasentro ang mga ideya?

________________________________________
________________________________________
________________________________________
________________________________________

3. Bakit ito ang pangunahing ideya?

________________________________________
________________________________________
________________________________________
________________________________________

Ngayong natapos mong sagutan ang mga tanong, pag-usapan ninyo ng iyong mga kaklase sa *discussion board* ng modyul gamit ang mga pamprosesong tanong ang inyong mga naging sagot.

**Katapusang Bahagi ng Pagpapalalim**

Sa bahaging ito naisagawa mo na ang mga kongkretong paraan upang masubukang malutas ang mga problemang pang-kalikasan sa iyong pamayanan.

**Nakatulong ba ang gawaing ito upang makita mo ang gamit ng paksang ito sa totoong buhay? Paano?**



## PAGLILIPAT

Layunin mo sa bahaging ito ang malipat sa totoong sitwasyon ang iyong natutuhan. Sundan mo sa susunod na gawain kung paano maisasagawa ang pinakamahalagang gawain sa araling ito.

Basahing mabuti ang sitwasyon at gawin ito.

**GAWAIN 16.** **Pagdidisenyo ng Brochure**



Ang alkalde ng iyong lugar ay nakaisip ng proyekto na mangangailangan sa iyong aktibong pakikilahok bilang isa sa mga mamamayan sa inyong lugar para sa pagbuo ng isang *brochure* na maglalathala sa mga natatanging hiyas na matatagpuan sa inyong lugar. Ito ay bilang tugon sa pagnanais ng Departamento ng Turismo na maipakikilala sa mga Pilipino ang bagong islogan ng kanilang programa na "*It's more fun in the Philippines.*" Hinahamon ang bawat lokal na opisyal sa mga lungsod at bayan ng bansang Pilipinas na bumuo na isang kongkretong paraan kung paano maipapalakas ang kanilang programang panturismo sa kanilang lugar. Ang paglulunsad ng bagong programang panturismo ay isasabay sa kanilang taunang kapistahan. Layunin ng proyektong ito na maipakita kung paano nakaaapekto ang salik heograpikal sa paghubog ng kanilang pamayanan.Gagawing patimpalak ang paggawa ng *brochure.* Bukas sa lahat ng mga mamamayan ng Pilipinas ang paligsahang ito. Ang *brochure* ay huhusgahan sa mga sumusunod na pamantayan: (1) nilalaman ng *brochure,* (2) organisasyon, (3) kapakinabangan, (4) at *visual impact*.

Pwedeng gamitin ang www.yudu.com para sa paggawa ng *brochure* na *digital* ang porma.

Hakbang sa Paggamit ng yudu.com:

1. I-*type* ang www.yudu.com.
2. Mag-*sign up* para magamit ang *application.*
3. Gamitin ang mga *icon* upang makagawa ng disenyo ng nais mong *brochure.*

4. I-*save* ang iyong ginawa o i-*upload* ito.

**PAMANTAYAN SA PAGDISENYO NG *BROCHURE***

| KATEGORYA | Katangi-tangi (4 pts.) | Mahusay (3 pts.) | Nalilinang (2 pts.) | Nagsisimula (1 pt.) | Rating |
|---|---|---|---|---|---|
| **NILALAMAN NG BROCHURE (40%)** | Nagtataglay ng maraming makabagong impormasyon ang *brochure* ukol sa kasaysayan, yaman at kung paano sumulong ang mga natata-nging lugar na matatagpuan dito. Naisasalaysay din sa kakai-bang estilo ang kumprehen-sibong buod ng kasaysayan sa pag-usbong ng mga pamaya-nan sa mga lugar na nailalathala sa *brochure.* | Nagtataglay ng sapat na impormas-yon ang *brochure* ukol sa ukol sa kasaysa-yan, yaman at kung paano sumulong ang mga natatanging lugar na metatag-puan dito. Naisasalay-say din ang wastong buod ng kasaysayan sa pag-usbong ng mga pama-yanan sa mga lugar na nailalat-hala sa *brochure.* | Nagtataglay ng mga pagkukulan g ng impor-masyon ang brochure ukol sa kasaysayan , yaman at kung paano sumulong ang mga natatanging lugar na matatagpua n dito. Hindi masyadong naisasa-laysay ang buod ng kasaysayan sa pag-usbong ng mga pama-yanan sa mga lugar na nailalat-hala sa *brochure*. | Nagtataglay ng maling impormasyon ang *brochure* ukol sa kasaysayan, yaman at kung paano sumulong ang mga natatanging lugar na matatagpuan dito. Walang naisalaysay na buod ng kasaysayan sa pag-usbong ng mga pamayanan sa mga lugar na nailalathala sa *brochure*. | |
| **ORGA-NISASYON (30%)** | Katangi-tangi ang pagkaka-ayos ng mga naisusulat at nailalagay na mga detalye sa brochure. Malikhain ang paraan ng | Maayos ang pagkasulat at pagkala-gay ng mga detalye ng brochure. Wasto ang paraan ng pagka- | May mga bahagi sa brochure na hindi maayos ang pagkasulat at pagkala-gay. May mga bahagi | Magulo ang pagkasulat at pagkalagay ng mga detalye ng brochure. Mali-mali ang paraan ng pagkasunod- | |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | pagkasunod-sunod ng ibat-ibang lugar na napiling ilagay sa brochure. | sunod-sunod ng ibat-ibang lugar na napiling ilagay sa brochure. | din na hindi wasto ang paraan ng pagkasunod-sunod ng ibat-ibang lugar na napiling ilagay sa brochure. | sunod ng ibat-ibang lugar na napiling ilagay sa brochure. | |
| **KAPAKINA-BANGAN (20%)** | Malaking tulong ang nadisen-yong *brochure* sa naisip na bagong programang panturismo sa lokal na pamahalaan at ito'y nakapag-hikayat sa mga tao gustong maglakbay sa lugar. Nakalakip ang mga detalye ng mapa sa buong lugar. | Sapat na tulong ang nadisen-yong brochure sa naisip na bagong programang panturismo sa lokal na pamaha-laan. Nakalakip ang mapa sa buong lugar. | Hindi masyadong nakatulong ang nadisen-yong brochure sa naisip na bagong programang panturismo sa lokal na pamaha-laan. May kulang ang nakalakip na mapa sa lugar. | Walang tulong na naidulot ang nadisenyong brochure sa naisip na bagong programang panturismo sa lokal na pamahalaan. Walang nakalakip na mapa sa lugar. | |
| **VISUAL IMPACT (10%)** | Magaganda ang ang mga napiling imahe na kasama sa brochure at kaakit-akit ang mga kulay na ginamit sa ibat-ibang larawan. Magaling at kaaya-aya ang disenyo ng mga letra at mahuhusay ang kombinasyon ng mga imahe at | Wasto ang ang mga napiling imahe na kasama sa brochure at tama ang mga kulay na ginamit sa ibat-ibang larawan. Wasto ang disenyo ng mga letra at maayos ang kombinas- | May mga hindi tamang napili na imahe na kasama sa brochure at hindi masyadong tama ang mga kulay na ginamit sa ibat-ibang larawan. Hindi malinaw | Hindi tama ang napiling mga imahe na kasama sa brochure at hindi tama ang mga kulay na ginamit sa ibat-ibang larawan. Hindi malinaw ang disenyo ng mga letra at hindi maayos ang kombinasyon | |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | paglalarawan ng bawat lugar. | yon ng mga imahe at paglalara-wan ng bawat lugar. | ang disenyo ng mga letra at hindi masyadong maayos ang kombinas-yon ng mga imahe at paglalara-wan ng bawat lugar. | ng mga imahe at paglalarawan ng bawat lugar. | |

Sagutin mo ang mga tanong.

1. Anong aral ang mga naidulot sa padidisenyo ng *brochure*?

2. Totoo bang malaking bagay ang sitwasyon ng ating kapaligiran para sa kaunlaran ng ating pamayanan? Bakit?

3. Ano ang iyong magagawa bilang isang mag-aaral sa paglutas ng mga suliraning pangkapaligiran sa inyong lugar?

4. Paano hinuhubog ng salik heograpikal (lokasyon, klima, katangiang topograpikal, yamang likas, natural boundaries, at iba pa) ang sinaunang kabihasnan sa daigdig?

Matapos magawa ang brochure, bibigyan ka at ang iyong pangkat ng panahon upang magbahaginan ng kanilang damdamin kung paano napalalim ang kanilang pananaw ukol paksang ito.

## GAWAIN 17. Paghahambing ng Dati at Bagong Kaalaman Gamit ang Anticipation-Reaction Guide

Bumalik ka sa nasagutang *Anticipation-Reaction Guide* at kumpletuhin ito sa pamamagitan ng pagsagot sa huling hanay. Magkaroon ka ng pagkukumpara sa iyong mga sagot sa simula at sa hulihan. Inaasahang may mga pagbabago sa iyong mga naging sagot.

Isulat ang A kung sang-ayon ka sa pangungusap. Isulat ang B kung hindi ka naman sang-ayon sa pangungusap. Ilagay ang sagot sa huling kolum.

| Response Before Lesson | MGA SINAUNANG KABIHASNAN | Response After Lesson |
|---|---|---|
| ________ | 1. Ang bawat kabihasnan ay karaniwang nabubuo malapit sa malawak na ilog. | ________ |
| ________ | 2. Ang *hieroglyphics* ay ambag ng kabihasnang Sumer. | ________ |
| ________ | 3. Ang kahulugan ng Mesopotamia ay lupa sa pagitan ng dalawang ilog. | ________ |
| ________ | *4.* Ang mga Sumeryano ang unang nakabuo ng sistemang pagsulat na tinatawag na *cuneiform.* | ________ |
| ________ | 5. Kapwa mabuti at masama ang naidulot ng pag-apaw ng Ilog Nile sa kabuhayan ng mga Ehipsyano. | ________ |
| ________ | 6. Ang sistemang kasta ay isang paraan ng pagtangitangi ng mga tao alinsunod sa kanilang katayuan at pamumuhay. | ________ |
| ________ | 7. Ang Macchu Pichu ay matatagpuan sa Venezuela. | ________ |
| ________ | 8. Ang kabihasnan ng Indus Valley ay kilala sa pagsasaayos na kanilang lungsod gamit ang *grid system*. | ________ |

Sa pamamagitan ng pagsasagawa ng gawaing ito, matutukoy mo ang iyong nalalaman ukol sa mga sinaunang kabihasnan.
Pagkatapos mong matamo ang mga pagbabago sa iyong mga nalalaman, isasalaysay mo ang iyong pasasalamat sa kontribusyon ng sinaunang kabihasnan sa kasalukuyang panahon gamit ang *synthesis journal*.

Sa pamamagitan ng *synthesis journal* mabubuod mo ang lahat na naisagawa at nadiskubre. Isusulat mo rin ang mga hakbang upang maipagpatuloy ang mga natatanging ambag ng mga sinaunang kabihasnan sa iyong buhay sa kasalukuyan.

| Synthesis Journal | | |
|---|---|---|
| **Anong Ginawa Ko** | **Anong Natutuhan Ko** | **Paano Ko Ito Magagamit** |
| | | |

Pagkatapos mong makumpleto ang *synthesis journal*, ibabahagi mo ang iyong mga sagot.

## GAWAIN 18. Pagbabahagi sa mga Nabuong Hakbang

Higit pang mabigyang halaga ang mga ninanais mo sa araling ito kung maibabahagi mo ang naisulat mo sa *synthesis journal* sa pamamagitan ng pagsusulat ng blog sa www.blogspot.com. I-*screen shot* ang blog at ilagay ito sa modyul.

**Katapusang Bahagi ng Paglilipat**

Ang iba't ibang ambag ng mga sinaunang kabihasnan ay mag-sisilbi sanang inspirasyon at gabay natin sa patuloy nating pamumuhay at pakikipag-uugnayan sa ating kapwa. Ang mga naiturong aral sa mga nagtagumpay na kabihasnan ay palagi sanang magpapaalaala sa atin kung paano o dapat nating pangalagaan ang ating pakikitungo sa ating kapwa at maipahiwatig ang tunay na pagmamalasakit sa ating bayang tinitirhan.

**Katapusang Bahagi ng Paglilipat**

Ang iba't ibang ambag ng mga sinaunang kabihasnan ay mag-sisilbi sanang inspirasyon at gabay natin sa patuloy nating pamumuhay at pakikipag-uugnayan sa ating kapwa. Ang mga naiturong aral sa mga nagtagumpay na kabihasnan ay palagi sanang magpapaalaala sa atin kung paano o dapat nating pangalagaan ang ating pakikitungo sa ating kapwa at maipahiwatig ang tunay na pagmamalasakit sa ating bayang tinitirhan.

Balikan mo ang simula ng modyul kung saan mo sinagot ang mga sumusunod:

1. Ano sa palagay mo ang layunin mo sa araling ito? Paano mo ito maisasagawa? Ano ang maaari mong gawin upang matapos ang aralin sa takdang panahon? Isulat ang iyong mga sagot sa loob ng kahon.

2. Ngayon, isulat mo kung ano ang nakatulong sa iyo sa matapos mong masagutan ang modyul.



## PANGHULING PAGTATAYA

Ito na ang pagkakataon upang mataya ang iyong natutuhan. I-klik lamang ang titik nang napili mong sagot. Makikita mo ang iyong nakuhang iskor pagkatapos mong masagutan ang lahat ng aytem. Kung mataas ang iyong nakuhang iskor, maaari ka nang pumunta sa susunod na modyul. Kung ang nakuha mong iskor ay wala sa inaasahang lebel o iskor, kailangan mong balikang muli ang modyul.

Basahin at unawaing mabuti ang mga sumusunod na tanong. I-klik ang titik ng wastong sagot.

1. Ano ang tawag sa isa sa limang tema ng heograpiya na tumutukoy sa bahagi ng daigdig na may magkakatulad na katangiang pisikal o kultural?
   a. lokasyon
   b. lugar
   c. paggalaw
   d. rehiyon

2. Saan matatagpuan ang *Lascaux Painting* sa ibaba?



   A. France
   B. Spain
   C. China
   D. Germany

3. Saan matatagpuan ang lungsod ng Harappa at Mohenjo-daro?



A. Mesopotamia
B. Egypt
C. India
D. China

4. Makikita sa mapa ang *population density* ng Pilipinas noong 2000. Batay dito, ang NCR, Region III, at Region IV-A, ang may pinakamakapal na populasyon. Alin sa sumusunod ang maaaring dahilan ng ganitong sitwasyon?




a. Maraming mamamayan ang naninirahan sa mga nabanggit na lugar.
b. Makikita sa mga nabanggit na rehiyon ang iba't ibang sentro ng hanapbuhay at komersiyo.
c. Maraming Pilipino ang nagnanais na makarating at manirahan sa mga nabanggit na rehiyon.
d. Mataas ang *population growth rate* sa mga nabanggit na rehiyon kung kaya't maraming nadagdag sa populasyon.

5. Sa anong panahon natuklasan ng sinaunang tao ang pagsasaka?



a. Paleolitiko
b. Mesolitiko
c. Neolitiko
d. Panahon ng Metal

6. Paano nakatulong ang mga ilog sa pamumuhay ng mga unang tao?
   a. Natuto ang mga tao sa pangingisda, pangangalakal, pagsasaka at pag-aalaga ng hayop.
   b. Natuto ang mga tao na mangaso at magpulot ng prutas.
   c. Natuto ang mga tao na magtanim at mangisda.
   d. Natuto ang mga tao na maghabi ng tela.

7. Anong ilog ang tinawag na "Pighati ng China"?



a. Yangtze
b. Nile
c. Indus
d. Huang Ho

8. Mula sa larawan, ano ang *ziggurat*?



a. templo
b. museleo
c. palasyo
d. bahay-tanggulan

9. Ang mga mamamayan na naninirahan sa Sahel ay nagtatapis ng tela sa kanilang ulo bilang pananggalang sa init at buhangin. Ang mga Tsino ay nagtayo ng mataas na dike upang mailigtas ang kanilang pananim sa tuwing umaapaw ang Ilog Huang He. Samantala, kilala ang Baguio sa pagluluwas ng prutas, gulay, at mga bulaklak dahil sa angkop ang klima nito sa mga ganitong uri ng pananim. Anong kongklusyon ang iyong mabubuo mula sa mga nabanggit na sitwasyon?
   a. Magkakaiba ang paraan ng pamumuhay ng tao sa iba't ibang bahagi ng daigdig.
   b. Ang katangian ng heograpiya ang pangunahing salik na humuhubog sa pamumuhay ng tao.
   c. Nakabatay sa pagtugon ng tao sa kaniyang kapaligiran ang uri ng kaniyang pamumuhay.
   d. Nakaapekto sa kasaysayan ng isang bansa ang uri at katangian ng kaniyang heorapiya.

10. Anong sitwasyon ang nagpapakita kung paano nabuhay ang unang tao upang tugunan ang kanyang pangangailangan?

    a. Paghahabulan ng mga mababangis na hayop sa gubat.
    b. Pagpapatayo ng mga dam, kalsada, at irigasyon.
    c. Paglalagalag mula sa iba't ibang lugar.
    d. Pagsabog ng bulkan at pagyanig ng lupa.

11. Batay sa larawan sa ibaba, ano ang iyong mahihinuha tungkol sa epekto ng pamumuhay ng mga mamamayan sa pagbabago ng mekanismo at teknolohiyang nagamit sa sinaunang kabihasnan?



    a. Ang mga natamo nating kaunlaran sa kasalukuyang panahon ay pamana ng mga sinaunang kabihasnan kaya dapat natin itong pagyamanin upang ang mga ito ay mabigyang halaga pa sa mga mamamayan sa hinaharap na panahon.
    b. Dapat kalimutan ang mga mekanismo at teknolohiyang mga pamana natin sa mga sinaunang kabihasnan dahil ang mga ito ay nagdulot ng kasamaan at paghihirap natin sa kasalukuyang panahon.
    c. Hindi dapat pansinin ang mga naging ambag sa mga sinaunang kabihasnan dahil nagamit lang sila sa mga sinaunang panahon.
    d. Magagamit ang mga kontribusyon ng mga sinaunang kabihasnan sa kasalukuyang panahon sa pamamagitan ng pagsama nito sa mga panturismong programa ng mga bansa na matatagpuan ang mga sinaunang mekanismo at mga teknolohiya.

12. Ang Japan ay hindi gaanong sagana sa likas na yaman, ang Saudi Arabia naman ay salat sa yamang-tubig, at ang China ay may mga bahaging disyerto at bulubundukin. Sa kabila ng kanilang pisikal na katangian, ang mga nabanggit na bansa ay ilan sa mga mauunlad sa daigdig. Anong kaisipan ang iyong mabubuo tungkol dito?
    a. Ang mga nabanggit na bansa ay may mataas na antas ng teknolohiya.
    b. Ang mga mamamayan sa bansang ito ay mapamaraan.
    c. Nakabatay ang pag-unlad ng isang bansa sa ugnayan ng tao at kapaligiran.

   d. Nakadepende sa uri ng kapaligiran at likas na yaman ng isang bansa ang kaniyang pag-unlad.

13. Alin sa mga sumusunod na pahayag ang totoo tungkol sa mga hayto ayon sa siyentipikong pag-aaral?
   a. Ang hayto ng tao ay may pagkakatulad sa hayto ng sinaunang bakulaw.
   b. Natunaw lahat ng haytong nagpapatunay sa ebolusyon ng tao.
   c. Ang tao ay hindi nagdaan sa eblolusyon.
   d. Ang ebolusyon ng tao ay hindi pinapaniwalaan ng mga siyentipiko.

14. Ginawa ng mga alipin ang mga pyramid mula sa utos ng mga paraon. Sang -ayon ka ba dito?
   a. Oo, dahil ang mga alipin ay pinahirapan at ginutom sa paggawa ng mga *pyramid*.
   b. Oo, dahil ang mga alipin ay mula sa mga nasakop na lugar ng paraon.
   c. Hindi, dahil ang mga *pyramid* ay ginawa ng mga tao mula sa nasasakupan ng paraon.
   d. Hindi, dahil ang mga *pyramid* ay ginawa ng mga *alien.*

15. Magkakaroon ng pagpupulong sa inyong barangay tungkol sa mga paraan kung paano maiiwasan ang masamang epekto ng iba't ibang kalamidad. Bilang kinatawan ng Sangguniang Kabataan, naatasan kang gumawa ng paraan upang matukoy ang mga *disaster prone area* sa inyong lugar. Ito ay iyong ilalahad sa mga kinatawan ng bawat purok at sa iba pang miyembro ng sangguniang kabataan. Alin sa sumusunod ang angkop na produktong iyong gagawin?
   a. projection map
   b. disaster prone map
   c. topography map
   d. climate map

16. Isa sa mga suliraning dulot ng *climate change* ang madalas na pagkakaroon ng kalamidad. Bunga nito, nagpatawag ang inyong mayor ng pagpupulong ng iba't ibang kinatawan upang masuri ang antas ng kahandaan ng inyong lugar. Bilang miyembro ng isang NGO, naimbitahan ka at naatasan na maglahad ng *project proposal* tungkol sa mga paghahanda ng inyong lugar. Ilalahad mo ito sa mga bumubuo ng lokal na pamahalaan at iba pang kinatawan na kasama sa pagpupulong. Kung ang produkto ay *project proposal*, alin sa sumusunod ang angkop na pamantayan upang masuri ito?
   a. kaangkupan, nilalaman, presentasyon, at kawastuhan ng datos
   b. kaangkupan, nilalaman, presentasyon, at kaangkupan ng salita
   c. kaangkupan, nilalaman ng datos, presentasyon at kabuluhan ng proposal
   d. kaangkupan, nilalaman,at presentasyon

17. Ang National Museum ay magdaraos ng isang ekshibit sa mga sinaunang kagamitan. Bilang *curator,* ano ang pinakamainam na pag-aanunsiyo nito?
    a. Pagtawag sa lahat ng kakilala.
    b. Pamumudmod ng pampleta sa gaganaping ekshibit.
    c. Pagbisita sa mga kakilala.
    d. Pag-text sa mga kakilala.

18. Ang TV Patrol ay magpapalabas ng isang dokumentaryo sa pamumuhay ng sinaunang Pilipino na matatagpuan sa kuweba ng Tabon sa may Palawan. Inatasan ka bilang isang reporter na gawin ang dokumentaryo. Ano ang pamantayan mo sa paggawa nito?
    a. impormatibo at organisado
    b. impormatibo, organisado, at dating sa manonood
    c. impormatibo, organisado at makulay
    d. impormatibo, organisado at mabilis na pagbabalita

19. Ang bagyong Yolanda ay nanalasa sa Tacloban City, Leyte na sumira sa mga sinaunang kagamitan at istruktura. Bilang isang *archivist*, paano mo papanatilihin ang pagkakakilanlan ng inyong lugar?
    a. Hayaang tuluyang masira ang mga sinaunang kagamitan at istruktura.
    b. Humingi ng mga donasyon upang bumili ng mga panibagong kagamitan sa museum.
    c. Gumawa ng mga tala, *video,* at mga larawang nagpapakita ng sinaunang kagamitan at istruktura.
    d. Kausapin ang bawat taong makilala upang pag-usapan ang epekto ng bagyo.

20. Ang Aprika ay tinaguriang "Pinakamahirap na Kontinente sa Buong Mundo". Sa kabilang dako ay mayaman ang kontinente ng mga likas na yaman at mayamang kasaysayan tulad ng mga sinaunag kagamitan at mga lumang istruktura na nagpapatunay ng maunlad ng kabihasnan ng tao. Bilang isang katutubong Aprikano, ano ang pinakamabisang paraan upang makahikayat ng mga turista sa Aprika?
    a. Maglakbay sa iba't ibang bansa upang manghikayat sa bawat taong makausap.
    b. Tawagan ang mga kaibigan upang maglakbay sa Aprika.
    c. Mag-upload ng *video* na nagpapakita ng mga magagandang tanawin, istruktura at kagamitan sa youtube.
    d. Magpamudmod ng mga *brochure* sa bawat taong makasalubong.

## GLOSARYO NG MGA TERMINONG GINAMIT SA ARALIN

**Aztec**- Matatagpuan ito sa katimugang bahagi ng Mexico.

**China** – Bansa na umusbong dito ang “Pinakamatandang Sibilisasyon” sa buong mundo.

**Ehipto** - Tinawag bilang “Pamana ng Nile” dahil sa ilog na ito, ang buong lupain ay naging disyerto.

**Cuneiform** - Ang paraan ng pagsulat ng mga Sumerian; gumagamit ang mga eskriba (scribe; tagasulat sa templo) ng isang maliit na patpat na tinatawag na *stylus*; hango ito sa salitang Latin na *cuneus* o ang kombinasyon ng mga *wedge* na ginagamit na tanda nito.

**Fertile Crescent** – Lugar sa paarkong matabang lupa mula sa Mediterranean Sea patungo sa Persian Gulf.

**Heograpiya** – Tumutukoy sa pag-aaral ng mga katangiang pisikal ng daigdig, ang pinagkukunang yaman at klima nito, at ang aspektong pisikal ng populasyon nito.

**Hieroglyphics** - Isang uri ng pagsusulat na gumagamit ng mga sagisag (mga simbolo) o mga larawan upang kumatawan o gumanap bilang mga tunog at mga salita.

**Inca**- Ang isa sa mga may sinaunang kabihasnan sa Latin Amerika na magaling na inhinyero at mahusay gumawa ng kalsada at tulay.

**Indus** - Sakop nito ang malaking bahagi ng Hilagang Kanluran ng dating India at ang lupain kung saan matatagpuan ang Pakistan sa kasalukuyan.Ito ay estado ng lipunan na may sariling historikal at kultural na pagkakaisa o *unity.*

**Kabihasnan** –Tumutukoy sa kinagawian at pinipino ng maraming pangkat ng tao.

**Maya**- Mga American Indians na nagkaroon ng sariling sibilisasyon sa Gitnang Amerika at Timog Mexico noong 300-900 AD.

**Mesoamerica**- Hango sa katagang "MESO" na nangangahulugang "gitna" ang Mesoamerica o Central America ay ang rehiyon sa pagitan ng "SINALOA" River Valley sa Gitnang Mexico at Gulf of Fonseca sa katimugan ng El Salvador samantalang ang katimugan hanggang ay mula sa baybayin ng "Honduras" sa Atlantic hanggang sa gulod o *slope* ng Nicaragua sa Pacific at sa tangway ng nicoya sa "Costa Rica".

Mesopotamia - Ang salitang ito ay nagmula sa mga salitang Greek na *meso* na ang ibig sabihin ay "pagitan" at potamos o "ilog".

**Sibilisasyon**- Ang klase o estado ng pamumuhay sa isang lungsod o lugar.

## TALASANGGUNIAN AT MGA WEBSITE NA GINAMIT SA ARALIN

**Larawan:**

http://1.bp.blogspot.com/--YWBrRp_SCk/UQ16NAN1PWI/AAAAAAAAAkM/vHqp71XvFwU/s1600/ancient-egypt.jpg larawan ng piramide
http://8c4625.medialib.glogster.com/media/049fdbd647e9c9be4f4d230e8f7d6b1e8d32bedd97719fcbf0ee41432326e3de/inca-warrior.jpg larawan ng Inca
http://www.ecusd7.org/ehs/ehsstaff/jparkin/academics/ancient_world_history/Rise_of_Civilizations/2-Early_Civilizations/1-Nile_River_Valley/Index-1.jpg larawan ng hieroglyphics
http://www.crystalinks.com/ziggurat_ur.jpg larawan ng Ziggurat
http://destinationterre2.files.wordpress.com/2011/07/20110109201304sargon_of_akkad.jpg larawan ni Sargon
http://www.ehabweb.net/hatshepsut-temple/#.U_IZgsWSxa8 Larawan ni Hatshepsut
https://ph.search.yahoo.com/search;_ylt=A0SO81mgXPlTYjwARiSzRwx.;_ylc=X1MDMjExNDczNDAwMwRfcgMyBGJjawNha3IzbTBwOWEyN25tJTI2YiUzR larawan ng Tigris at Euphrates
https://sp.yimg.com/ib/th?id=HN.607988011670179338&pid=15.1&H=160&W=160&P=0 larawan ng monitoring chart

**Teksto at Video**

http://www.eduplace.com/kids/socsci/ca/books/bkf3/imaps/AC_03_079_mesopotamia/AC_03_079_mesopotamia.html (Interactive Map of Mesopotamia)

http://www.eduplace.com/kids/socsci/ca/books/bkf3/imaps/AC_04_109_fertile/AC_04_109_fertile.html (Interactive Map of Fertile Crescent)

http://www.ancientchina.co.uk/time/explore/exp_set.html (China Timeline)

http://www.ancientchina.co.uk/time/challenge/cha_set.html (Interactive site on Shang Dynasty)

http://www.ancientchina.co.uk/menu.html (Interactive site on Ancient China)

http://www.ancientegypt.co.uk/geography/index.html (Geography of Ancient Egypt)

http://www.ancientcivilizations.co.uk/home_set.html (Interactive Map on Ancient Civilization by the British Museum)

http://ngm.nationalgeographic.com/ngm/egypt//egyptfile.html (Treasures of Egypt LINKS)

http://www.ancientchina.co.uk/time/explore/exp_set.html (China Timeline)

http://www.ancientchina.co.uk/time/challenge/cha_set.html (Interactive site on Shang Dynasty)

http://www.ancientegypt.co.uk/life/home.html (Interactive site on Ancient Egypt)

http://www.users.on.net/~mkfenn/page8.htm (An article on Ancient Asia)

http://kids.nationalgeographic.com/kids/photos/ancient-egypt/#/amun-sun-blessing_14230_600x450.jpg (Images of Structures in Egypt)

http://ancienthistory.about.com/od/china/tp/ChineseDynasties033009.htm (Dynasties of Ancient China)

http://ancienthistory.about.com/od/pharaohs/a/DynastiesEgypt.htm (Timeline of Ancient Egypt)

http://www.crystalinks.com/indiascience.html (Science, Medicine and Technology in Ancient India)

http://news.softpedia.com/news/9-Things-About-the-Ancient-Egyptian-Civilization-77580.shtml (9 Things about the Ancient Egyptian Civilization)

http://www.ancientegypt.co.uk/menu.html (The British Museum - Ancient Egypt)

http://www.eduplace.com/kids/socsci/ca/books/bkf3/imaps/AC_09_308_mayan/AC_09_308_mayan.html (Mayan Civilization)

http://www.eduplace.com/kids/socsci/ca/books/bkf3/imaps/AC_09_285_amcivilization/AC_09_285_amcivilization.html (American Civilization)

http://www.eduplace.com/kids/socsci/ca/books/bkf3/imaps/AC_07_228_aryan/AC_07_228_aryan.html (Aryan Migrations to India)

http://www.ancientcivilizations.co.uk/home_set.html (Interactive Map on Ancient Civilization by the British Museum)

http://www.history.com/topics/aztecs (Aztecs Civilization)

http://www.ushistory.org/civ/11c.asp ( Incas Civilization)

http://www.ancientcivilizations.co.uk/home_set.html (Interactive Map on Ancient Civilization by the British Museum)

http://history-world.org/sumeria.htm (History of Ancient Sumeria and Its Contributions)

http://www.love-egypt.com/egypt-civilization.html (Contribution of Egypt Civilization)

http://www.bookrags.com/essay-2005/9/10/17725/1000 (Achievements and Contributions of Ancient Civilizations)

http://www.preservearticles.com/201104215613/the-contribution-of-ancient-india-in-the-field-of-science-and-art.html (The Contribution of Ancient India in the Field of Science and Arts)

http://www.bbc.co.uk/history/ancient/egyptians/egypt_importance_01.shtml (Ancient Egypt and the Modern World)

http://www.historyworld.net/wrldhis/PlainTextHistories.asp?historyid=ab58 ( Contributions of Mesoamerican civilization)

http://wol.jw.org/en/wol/d/r27/lp-tg/1200001265 artikulo ukol sa Ehipto, Ehipsyo

http://3amercury.blogspot.com/2010/01/makabagong-teknolohiya-at-kalikasan.html artikulo ukol sa Makabagong Teknolohiya at Kalikasan

www.befunky.com (A web 2.0 site for collage making)

https://bubbl.us (A web 2.0 site for creating mind maps)

https://www.evernote.com. (A web 2.0 site for notetaking)

www.yudu.com (A web 2.0 site for creating digital brochures)